# PANIMULA

## SA INTERNASYONAL NA BATAS NG ARMADONG LABANAN SA ISLAM

**PROF. DR. ZAYD IBN ABDUL KARIM AL-ZAYD**
**Professor of Comparative Jurisprudence**
**Dean of Higher Judicial Institute**
**Imam Muhammad bin Saud Islamic University in Riyadh**

NATIONAL COMMISSION ON MUSLIM FILIPINOS · 2010/1431H ·
COMITE INTERNATIONAL GENEVE
ICRC

**Authored by :**

Prof. Dr. Zayd Ibn Abdul Karim Al-Zayd
*Professor in Comparative Jurisprudence*
*Dean of the Higher Institute of the Judiciary*
*Imam Muhammad Ibn Saud Islamic University in Riyadh*

**Translated from Arabic into Filipino by:**

Sheikh Eljamil R. Mercado
*Auditor, Philippine Ulama Congress Organization Inc (PUCOI)*

**Edited and reviewed by:**

Prof. Julkipli M. Wadi
*Dean, Institute of Islamic Studies, University of the Philippines- Diliman (IIS-UP)*

**Overall coordination:**

Hon. Sabuddin N. Abdurahim
*Secretary, National Commission on Muslim Filipinos (NCMF)*

Layal Neaimeh
*Coordinator for Humanitarian Affairs, International Committee of the Red Cross (ICRC)*

Fazlurrashed S. Paslangan
*Program Officer for Humanitarian Affairs, International Committee of the Red Cross (ICRC)*

**Published by:**

National Commission on Muslim Filipinos (NCMF) and
International Committee of the Red Cross (ICRC), Philippine Delegation

*Filipino translation first published December 2024*
*The opinions expressed in the articles of this book are solely that of the authors.*

*Copyright @ICRC*

# PANIMULA
## SA INTERNATSYONAL NA BATAS NG ARMADONG LABANAN SA ISLAM

*Introduction of the International Humanitarian Law in Islam*

**Prof. Dr. Zayd Ibn Abdul Karim Al-Zayd**
Professor in Comparative Jurisprudence
Dean of the Higher Institute of the Judiciary
Imam Mohammad Ibn Saud Islamic University in Riyadh

## Talaan ng mga Nilalaman


HANDOG NG PINUNO NG REHIYONAL NA DELEGASYON NG INTERNATIONAL COMMITTEE OF THE RED CROSS (ICRC) SA ARABIAN PENINSULA ..................... *i*

PAUNANG SALITA ..................... 1

PANIMULA ..................... 4

Una: Ang digmaan sa Islam ..................... 4

Pangalawa: Ang kahulugan ng pangkalahatang internasyonal na batas sa Islam ..................... 6

Pangatlo: Ang terminolohiyang batas ng armadong labanan sa Islam ..................... 15

ANG UNANG PAKSA NG PANANALIKSIK: ANG MGA SITWASYON KUNG SAAN IPINAPATUPAD ANG APLIKASYON NG BATAS NG ARMADONG LABANAN SA ISLAM ..................... 22

Una: Pagprotekta sa mga karapatan ng mga sugatan at mga nahihirapan sa labanan ..................... 22

Pangalawa: Karapatan ng mga bilanggo ..................... 24

Pangatlo: Ang mga karapatan ng mga nawawala sa digmaan at mga namatay ..................... 34

Pang-apat: Mga karapatan ng populasyong sibilyan ..................... 38

ANG PANGALAWANG PAKSA NG PANANALIKSIK: APLIKASYON NG BATAS NG ARMADONG LABANAN SA ISLAM (ANG LABANAN SA BAD`R BILANG ISANG HALIMBAWA) ..................... 44

MGA MAKATAONG SITWASYON SA LABANAN NG BAD`R ..................... 47

Una: Ang makataong aspeto na may kaugnayan sa pakikitungo ng Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa kaniyang mga kawal ..................... 47

Pangalawa: Ang makataong aspeto na may kaugnayan sa pakikitungo ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa mga bilanggo ..................... 50

PAGTATAPOS ..................... 59

TALAAN NG MGA MAPAGKUKUNAN AT SANGGUNIAN ..................... 65

**SA PANGALAN NG ALLAH, ANG PINAKAMAAAWAIN,
ANG PINAKAMAHABAGIN**

## HANDOG NG PINUNO NG REHIYONAL NA DELEGASYON NG INTERNATIONAL COMMITTEE OF THE RED CROSS (ICRC) SA ARABIAN PENINSULA

Isang bagay na dapat ipinagmamalaki ang ipagkatiwala sa akin ang pagsulat ng panimula sa gawaing ito ang panrehiyong delegasyon ng International Committee of the Red Cross (ICRC) para sa Arabian Peninsula ay ikinararangal ang paglalathala na tumatalakay sa panimula ng batas ng armadong labanan sa Islam.

Ang internasyonal na batas ng armadong labanan ay dumaan sa mahabang proseso ng panahon na nagsimula sa unang Geneva Convention ng 1864 para mapabuti ang kalagayan ng mga sugatan na miyembro ng grupong pangkapayapaan sa lugar ng digmaan, sa proseso na tumagal ng mahigit isang daan at tatlumpung taon, maraming mga kasunduan ang nabuo na naglalaman ng mga alituntunin para sa pagprotekta sa mga biktima ng digmaan at upang limitahan din ang mga pamamaraan para sa pakikipaglaban hanggang sa dumating ito sa pagtatatag ng permanenteng internasyonal na pang kriminal na husgado o kilala bilang International Criminal Court (ICC) na alinsunod sa Rome Statute ng 1998.

Ang lahat ng mga kasunduang ito ay naglalayong limitahan ang mga epekto ng digmaan sa mga tao at iba pang nilikha bagama't ang mga ito ay nabibilang sa mga kasunduan na bumubuo sa internasyonal na batas sa karapatang pantao sa iisang layunin na protektahan ang dignidad at puri ng tao. Ganoon pa man ang kasunduan na bumubuo sa internasyonal na karapatang pantao ay naipapatupad lamang sa mga kaso ng internasyonal o di-internasyonal na armadong labanan.

Ang mataas na pagpapahalagang nakapaloob sa mga kasunduan sa internasyonal na batas ng armadong labanan ay naglalaman ng mga banal na batas at alituntuning pangrelihiyon na ibinaba bilang isang awa sa lahat ng nabubuhay na may layuning parangalan ang sangkatauhan, gawing dalisay ang pagkatao at upang makamit ang makatarungang kapayapaan para sa lahat.

Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga pinagsama-samang mga makataong prinsipyo na napapaloob sa mga probisyon ng Islamikong batas.

Ang gawaing ito ay boluntaryong isinagawa ni Propesor Dr. Zaid bin Abdul Karim Al Zaid, Propesor ng Comparative Jurisprudence sa Higher Judicial Institute at Dean ng Institute sa Imam Muhammad bin Saud Islamic University na naglalaman ng mga pananaliksik sa mga probisyon ng batas ng armadong labanan sa Islam. Kami ay lubos na nagpapasasalamat sa kaniya para sa pagsisikap na ito na nagresulta sa paglabas ng aklat na ito bilang isa sa pinakamahusay na gabay para sa pag-aaral ng paksang ito.



Dahil sa pagsisikap ng International Committee of the Red Cross, mula ng mabuo ito noong unang bahagi ng ikalawa't kalahati ng ikalabing-siyam na siglo upang hikayatin ang pag-unlad ng internasyonal na batas ng armadong labanan at ilathala ang mga alintuntunin nito. Ang Komite ay nalulugod sa inisyatiba ng may-akda dahil sa pagsisikap na ilathala ito at gayundin upang ang gawaing ito ay makatutulong sa pagsuporta sa mensahe ng "The International Committee of the Red Cross" na naglalaman ng mga probisyon ng internasyonal na batas ng armadong labanan.

Ang **International Committee of the Red Cross (ICRC)** ay may karangalang ikinakatawan sa delegasyon ng rehiyon nito sa Arabian Peninsula sa kadahilanang wala itong kinikilingan, walang kinakampihan at malaya ito na organisasyon. Nagkaisa ang 191 na mga estado at ibat-ibang bansa sa pagtalaga sa apat na Geneva Conventions ng 1949 at ang mga karagdagang protocol nito (ang unang dalawa noong 1977 at ang pangatlo noong 2005) na may layunin na protektahan at tulungan ang mga biktima ng mga armadong labanan.

Mula sa unang bahagi, kinilala ng mga tagapagtatag ng International Committee of the Red Cross ang pangangailangan para sa isang universal o pangkalahatan na simbolo o pagkakakilanlan na madaling makikilala ng lahat. Sa kanilang pananaw, ang simbolo o pagkakakilanlan ay hindi lamang nilalayong protektahan ang mga nasugatan sa larangan ng digmaan, kundi para narin protektahan ang mga sasakyang medikal gayundin ang lahat ng mga yunit ng serbisyong medikal, kabilang ang mga yunit ng kaaway, upang ang mabilisang reaksyon ng mga mandirigma pag nakita sila ay ang huminto sa pagbaril at igalang ang simbolo o pagkakakilanlan na ito. Ang International Conference noong 1863 ay nagtatag ng International Committee of the Red Cross, na nagpatibay sa simbolo na Red Cross sa isang puting tela na may simbolo ng watawat ng bansang Swiss na nakabaligtad, upang maging isang natatanging simbolo para sa samahang nagbibigay ng paunang lunas sa mga sugatang sundalo. Makalipas ang isang taon, kinilala ng isang diplomatikong kumperensya ang Red Cross bilang isang natatanging simbolo para sa mga serbisyong medikal sa mga hukbo at ang pagkilalang ito ay napatibay sa internasyonal na batas ng armadong labanan na binuo sa Geneva Convention noong 1864. Gayunpaman, nagpasya ang Emperyo ng Ottoman noong 1876 na gamitin ang Red Crescent sa halip na Red Cross (na siyang baliktad na anyo ng watawat ng Emperyo ng Ottoman), kaya ang Red Crescent ay opisyal nang kinilala sa taong 1929. Malinaw na ang Red Crescent at Red Cross na simbolo ay mga simbolo ng makataong gawain sa kasalukuyang panahon na walang anumang nirerepresentang relihiyon.

Sa pagtatapos ng pagpapakilalang ito, nais kong ulitin ang aking pasasalamat kay Propesor Dr. Zaid bin Abdul Karim Al Zaid para sa pagsisikap na ito at sa kaniyang hindi matatawarang hakbang na mailathala ang aklat na ito sa pakikipagtulungan ng 'International Committee of the Red Cross (ICRC)'.

Kuwait noong Dhul-Qi'dah 8, 1425 AH na tumutugma sa petsang Disyembre 20, 2004.

**Michael Myers**
Head of Regional Delegation
International Committee of the Red Cross in Kuwait
(Sgd.)



## PAUNANG SALITA

Ang isyu ng karapatang pantao sa panahon ng gyera ay isa sa mga kontemporaryong isyu na pinag-aaralan ng mga iskolar at mga dalubhasa dahil sa malaking pagdurusa na dinaranas ng sangkatauhan mula sa maraming kaguluhan at kawalang-katarungan na dulot ng digmaan.

Sa makabagong henerasyon, ang isyung ito ay isa sa pinakamahalagang isyu tulad na lamang ng nangyari sa (Hiroshima at Nagasaki) Japan, (Sabra at Shatila) sa Lebanon, (Halabja) sa Iraq, sa Bosnia at Herzegovina, sa Kosovo, Kashmir at Chechnya, at (Jenin) Palestine, pagkatapos ay ang paghihirap ng Iraq at kung ano ang nangyari sa (Rafah) Palestine at marami pang iba na nagdulot ng pangamba sa mga tao at sila ay nagtatanong kung nasaan na nga ba ang karapatang pantao.

Tunay na ang digmaan ang nagiging dahilan upang makalimutan ng tao ang kaniya mismong sarili, mga prinsipyo at ang moralidad. Ang mga digmaan saksi na rin ang kasaysayan ang may pinakamalaking epekto sa mga pangyayari sa buhay ng tao na nagiging dahilan upang mabago ang ugali at kasanayan ng tao, dahil sa pagbalewala at paghamak, kahit na sa pinakamababang karapatan ng mga indibidwal at ng lipunan at dahil dito nawawalan ng halaga ang mga ito para sa kanila. Ang lahat ng ito ay nagpapatunay at nagpipilit sa mga may opinion, kaisipan at impluwensyang nagsusumikap nang masigasig na harapin ang hindi pangkaraniwang bagay na ayon sa mga probisyon nito na dapat bigyang pansin o pagsasaalang-alang ang mga pagsasawalang bahala sa pagpapahalaga sa karapatang pantao.

Ang pananaliksik na ito, sa kabila ng kaiklian nito, ay nakatuon sa pagpapakilala ng mga karapatang pantao sa panahon ng armadong labanan o batas ng armadong labanan sa Islam na nakabatay sa mga Islamikong batas na kinuha din mula sa mga opinyon ng mga Islamikong iskolar. Napapakinabangan ito ng mga makabagong pag-aaral at inaasahan parin na magiging mabuti ang pagpaparating nito sa mga susunod pang henerasyon.

Kapansin-pansin sa larangang ito ang mga makabagong terminolohiya na ginagamit ng internasyonal na batas ng armadong labanan kahit pa alam na ng ilan ang mga paksa at larangan na nasasaklaw nito.

Sa Islamikong pag-aaral, tinatawag ng mga Iskolar ng Islamikong batas ang paksang internasyonal na batas na mga Talambuhay at Digmaan o *Al- Siyar wal-Maghazi* at ang dahilan ng pagtawag dito na *"Al- Siyar"* ay ipinaliwanag ni Al- Sarkhasi sa kaniyang aklat na *Al- Mabsut* nang kaniyang sinabi: *"Siyar"* ay ang pang maramihang anyo ng salitang *"Sira,"* at kaya dito ipinangalan ang aklat na ito sapagkat nagpapakita ito ng kaugalian ng mga Muslim sa kanilang paraan ng pakikitungo at pakikisalamuha sa mga kumakalaban sa kanila at sa mga hindi kabilang sa tao na kumakalaban sa kanila, kabilang na dito ang mga dapat protektahan ng mga Muslim na sa pagitan nila ay may kasunduan na naganap at silang mga hindi Muslim na nasa ilalim ng pamamahala ng batas ng Islam hanggang sa kaniyang sinabi: Ito ay tinawag na *Maghazi* o Digmaan dahil ang mga patakaran nito ay nagmula sa mga digmaan na dumaan sa buhay ng Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapan[1]. Sa sumulat ng libro na pinamagatang *Siyar* na si Imam Muhammad bin Hassan Al- Shaybani na ipinaliwanag niya ang libro ni Al- Sarkhasi sa limang bahagi, na ang paksa niya sa kaniyang libro ay ang kasalukuyang kilala bilang internasyonal na makataong batas sa Islam.

Ngunit sa mga libro ng mga batas pang bansa, kilala ito sa terminolohiyang Batas ng Digmaan o Batas ng Armadong Labanan. Ang terminohiyang ito ay mabilis na naging laganap at nakilala sa mga makabagong akdang libro, mga internasyonal at lokal na mga kumperensya na pinagtibay sa kanilang mga pagpapahayag, mga deliberasyon at mga publikasyon hanggang sa ito ay naging kilala at pamilyar. Bagama't ang pananaliksik dito ay walang iba kundi mga pagpapakilala sa paksang sinasaliksik, susundin ng mananaliksik ang masiyasat na pamamaraan o (analytical approach) sa pagtatangkang maabot ang pangkalahatang persepsyon ng paksa o pangkalahatang alituntunin na maaaring buuin nito o – kahit na sa pamamaraan lamang na – gabayan nito sa susunod pang mas malawak at mas komprehensibong pag-aaral.

Ang pananaliksik ay may pangunahing temporal at pampaksa na saklaw. Kung tungkol sa temporal na saklaw nito, tulad ng nabanggit sa itaas – ay ang pag-aaral ng mga pangkalahatang batas na gumagana sa panahon ng armadong labanan; para naman sa pampaksa na saklaw nito, ito ay ang mga batas na nagpoprotekta sa mga tao, lugar at kayamanan na walang kinalaman sa kung ano man ang nangyayari sa larangan ng digmaan.

Ang pagpapakilalang ito ay tinalakay tulad ng mga sumusunod:

**Panimula at kasama na ang mga sumusunod na paksa:**

- Digmaan sa Islam
- Ang kahulugan ng pampublikong internasyonal na batas sa Islam
- Ang terminolohiyang pang batas ng armadong labanan sa Islam

[1] Tingnan : Muhammad bin Abi Sahl Al- Sarkhasi, Al- Mabsut, D. I) Beirut : Dar Al- Ma'rifa (1406)



**Ang unang paksa ng pananaliksik: Mga nasasakop na usapin ng batas ng armadong labanan sa Islam**

**Ang pangalawang paksa ng pananaliksik: Mga aplikasyon ng batas ng armadong labanan sa Islam** (ang labanan sa Bad`r bilang isang halimbawa)

**Pagtatapos**

Sa huli, hindi maaaring hindi ako magpasalamat sa kagalang-galang na si Dr. Miteb bin Saleh Al- Ashiwi, Assistant Professor ng International Law sa Institute of Diplomacy sa Ministry of Foreign Affairs. Nagpapasalamat din ako sa kagalang-galang na si Professor Sharief Atlem, Regional Coordinator ng Advisory Services Department sa Middle East at North Africa – International Committee of the Red Cross, para sa maunawaing pagbabasa ng aklat na ito at pagbibigay ng ilang mahahalagang komento at nagpapasalamat din ako sa may-akda.

Pagpapaubaya sa Dakilang Allah at umaasa sa tagumpay at gantimpala at nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapa sa ating Propeta Muhammad.

12/6/1425H (29/7/2004)

**Prof. Dr. Zaid Ibn Abdulkarim Al-Zaid**
Professor in Comparative Jurisprudence
Dean of Higher Institute of the Judiciary
Imam Mohammad Ibn Saud Islamic University in Riyadh
azzaid77@hotmail.com

# PANIMULA

## Una: Ang digmaan sa Islam

Ang batayan ng relasyon ng Islamikong bansa sa ibang bansa ay kapayapaan[2]. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا ادْخُلُوا فِي السِّلْمِ كَافَّةً ﴾

*{O kayong mga naniniwala, pumasok kayo sa kapayapaan ng buo}*[3]

Ngunit, may mga taong hindi nila napapakinabangan ang disiplina at hindi sila kayang hadlangan ng batas. Mayroong mga bansa na naaakit at nagiging kompiyansa ng dahil sa kanilang lakas at kahinaan ng karatig bansa na nagdudulot ng pananalakay at pananakop. Pagkatapos ay walang magiging krimen kung isasa-batas lamang ang paggamit ng lakas upang hadlangan ang mananalakay o mananakop, pagtatatag ng kapayapaan, pagtiyak ng kalayaan at katarungan at ng dahil dito dumating ang batas ng digmaan sa Islam upang ipatupad ang ganitong konsepto. Sa kontekstong ito, ang layunin na hinahangad ng Islam mula sa digmaan ay protektahan ang dignidad ng mga tao. Sinabi ng Dakilang Allah:

﴿ وَقَاتِلُوهُمْ حَتَّىٰ لَا تَكُونَ فِتْنَةٌ وَيَكُونَ الدِّينُ كُلُّهُ لِلَّهِ ﴾

*{Kalabanin mo sila hanggang sa walang nang alitan pa*
*at ang relihiyon ay maging ganap na sa Dakilang Allah}*[4]

Kung ang kaaway ay tumigil na sa pananalakay, kawalan ng katarungan, at sa pagdudulot ng kasamaan sa mga tao sa pamamagitan ng kanilang relihiyon, ang pakikipaglaban ay hindi na pinahihintulutan pa.[5]

﴿فَإِنِ انتَهَوْا فَلَا عُدْوَانَ إِلَّا عَلَى الظَّالِمِينَ﴾

*{At kung sila ay tumigil, kung gayon ay walang pagsalakay at pakikipaglaban*
*na isasagawa maliban sa mga gumagawa ng kamalian}*[6]

Alinsunod dito, ang digmaan sa Islam ay hindi nangyayari maliban na lamang kung may biglaang pagsalakay na pinasimulan ng kaaway o upang ipagtanggol ang isang karapatan na itinatag sa ilalim ng isang kasunduan na nilabag ng kalaban, upang matiyak ang landas tungo sa kalayaan ng relihiyon at bigyang-daan ang mga nagnanais na pumasok dito nang walang sinumang hahadlang sa kanila. Sa tuwing makikita natin ang isang pangkalahatang teksto

[2] Tingnan ang: Wahba Al- Zuhayli, The Effects of War in Islamic J, ikatlong edisyon (Damascus: Dar Al- Fikr 1419) 132 at Mustafa Al- Sibai, The System of Peace and War in Islam, p. 29
[3] Surah Al- Baqarah Verse No. (29)
[4] Surat Al- Anfal, Talata Blg. (39)
[5] Tingnan: Mustafa Al- Sibai, The System of Peace and War in Islam, ikalawang edisyon (Riyadh: Al- Warraq Library 1419), p. 36
[6] Surah Al- Baqarah, Talata Blg. (193)



ng Qur'an tungkol sa pakikipaglaban sa lahat ng mga walang pananampalataya ay limitado ang konteksto nito, kaya kung babalikan ang kumpletong mga talata at ang kahulugan ay magiging malinaw sa iyo ang tunay na ipinapahiwatig nito. Mauunawan na ang nais ipahiwatig ay ang isang tao na may katangiang binanggit sa kabuuan ng mga talata at konteksto.[7]

Sa kabila nito, ang mga pamamaraan at karangalan ay napapanatili at ang mga mahahalagang moral sa kabanatang ito ay isinasaalang-alang. Sa Hadith na isinalaysay ni Suleiman bin Buraida sa pagsasalaysay ng kaniyang ama, sinabi niya: "Ang Sugo ng Dakilang Allah, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nag-utos sa isang kumander sa isang hukbo o isang pangkat, na siya ay mag-utos sa kaniyang pamilya ng pagkatakot sa Dakilang Allah at maging mabuti sa mga Muslim na kasama nito, pagkatapos ay kaniyang sinabi: "Makipaglaban sa pangalan ng Dakilang Allah labanan ang mga hindi naniniwala sa Dakilang Allah at huwag magmalabis, huwag magtaksil, huwag putulin ang mga parte ng katawan at huwag pumatay ng mga inosente, babae, matanda, at bata. Kapag nakaharap ninyo ang ang mga kaaway ay imbitahan ninyo sila sa pamamagitan ng tatlong dalisay na bagay, kung sino sa kanila ang tumugon sa inyo, tanggapin ito at huminto sa pakikipag laban sa kanila, pagkatapos ay anyayahan sila sa Islam at kung sila ay tumugon sa inyo, tanggapin ninyo sila ng maayos. Pagkatapos ay anyayahan silang lumipat mula sa kanilang tahanan patungo sa tahanan ng mga imigrante at sabihin sa kanila na kung gagawin nila iyon, magkakaroon sila ng kung ano ang mayroon ang mga imigrante. Kung tumanggi silang magbago mula rito, sabihin sa kanila na sila ay magiging katulad ng mga Muslim na Bedouin at ang paghatol ng Dakilang Allah na naaangkop sa mga mananampalataya ay ipapatupad sa kanila ngunit, hindi nila makukuha ang mga tirang kayamanan mula sa labanan o walang anuman sa mga masasamsam ang kanilang makukuha maliban kung sila ay nakikipaglaban kasama ang mga Muslim. Kung sila ay tumanggi, ay pagbayarin sila ng *jizyah* (Kontribusyon). Kung tumugon sila sa iyong panawagan at imbitasyon ay tanggapin mo ito mula sa kanila, at tumigil kayo sa pakikipag laban sa kanila. Kung tumanggi sila, humingi kayo ng tulong sa Dakilang Allah at labanan sila. Kung nakubkob mo ang mga tao sa isang kampo at gusto nilang bigyan mo sila ng proteksyon ng Dakilang Allah at ng proteksyon ng Kaniyang Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, kung gayon, huwag ibigay sa kanila ang proteksyon ng Dakilang Allah o ang proteksyon ng Kaniyang Propeta. Ngunit ibigay mo sa kanila ang proteksiyon ng iyong mga kasamahan at dapat kang maging maingat. Ang kahihiyan mo at kahihiyan ng iyong mga kasama ay higit na maliit kaysa sa kung ikaw ay lumabag sa batas ng Dakilang Allah at sa Kaniyang Sugo at kung iyong nakubkob ang mga tao sa isang kampo at nais nilang ilagay mo sila sa batas ng Dakilang Allah ay huwag mo silang ilagay sa batas o panuntunan ng

[7] Tingnan: Saeed Ismail Chinese, Ang Katotohanan ng Ugnayan ng mga Muslim at Hindi-Muslim, Unang edisyon (Beirut: Al- Resala Foundation (1420), p. 42 et seq.)

Dakilang Allah, bagkus ibaba mo sila ayon sa iyong batas at alituntunin, sapagkat hindi mo alam kung maipapatupad mo ba sa kanila ang batas o alituntunin ng Dakilang Allah o hindi."[8]

Ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impresyon ng opinyon ng Islam patungkol sa pakikipag digmaan ayon sa orihinal na batas nito. Pagkatapos ay ipinapakita nito ang pagpapahalaga at katayuan ng moralidad sa pakikitungo sa kaaway sa unang sandali na ang digmaan ay ideklara o simulan at ito ang layunin ng mga batas at konteksto na ito.

**Pangalawa: Ang kahulugan ng pangkalahatang internasyonal na batas sa Islam**

Ang pangkalahatang internasyonal na batas ay tumutukoy sa hanay ng mga alituntunin na nangangasiwa sa mga relasyon sa pagitan ng internasyonal na batas sa mga sitwasyon ng kapayapaan at digmaan.

Ang pinakamahalagang pinagmumulan ng pangkalahatang internasyonal na batas mula noong sinaunang panahon ay ang mga internasyonal na kasunduan, kaugalian at pangkalahatang mga prinsipyo ng batas na inaprubahan sa pagitan ng mga estado, tulad ng prinsipyo ng pananagutan ng mga gumagawa ng pinsala at ang prinsipyo ng paggalang sa mga kontrata.[9]

Ito ay sa pangkalahatan at sa Islam makikita natin na ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagtatag ng unang estado ng Islam sa Medina at namuno sa mga kalapit na bansa at nakipag-ugnayan sa kanila at nagkaroon ng mga relasyon sa pagitan nila at ng mga bansang ito. Ang mga relasyong iyon ay nararapat na may mga alituntunin na mamamahala sa kanila at ang mga alituntuning ito ay kumakatawan sa pangkalahatang internasyonal na batas sa mata ng Islam.[10]

Ang Islamikong pangkalahatang internasyonal na batas ay maaaring tukuyin bilang hanay ng mga alituntunin at probisyon sa batas ng Islam na sinusunod ng estadong Islamiko sa pakikipag-ugnayan nito sa ibang mga bansa at sa ibang internasyonal na organisasyon.

[8] Imam Muslim, Sahih Muslim 1357/3
[9] Tingnan: Abdul Karim Zaidan, Tumingin sa Sharia. 119-120
[10] Abdul Karim Zaidan, Mga Pagsasaalang-alang sa Islamic Sharia, Unang Edisyon (Beirut: Al- Resala Foundation 1421 AH), p. 140



Ang pinakamahalaga sa mga alituntuning ito, kung saan nakabatay ang pampublikong internasyonal na batas sa Islam ay ang mga sumusunod:

1. Pagkakaisa ng tao: Ang batas ng Islam, nakikita nito na ang lahat ng tao ay isang nasyon na pinag-bubuklod ng sangkatauhan at ang kanilang pagkakaiba lamang ay ang pagkakaroon ng kaniya-kaniyang tribo upang magkaroon ng pagkakakilanlan at pagtutulungan. Kung tungkol naman sa pagkamainam, may pang balanse na kung saan ito ay ang pagsunod sa utos ng Dakilang Allah na Makapangyarihan sa lahat. Sinabi ng Makapangyarihang Allah:

﴿ يَا أَيُّهَا النَّاسُ إِنَّا خَلَقْنَاكُم مِّن ذَكَرٍ وَأُنثَىٰ وَجَعَلْنَاكُمْ شُعُوبًا
وَقَبَائِلَ لِتَعَارَفُوا ۚ إِنَّ أَكْرَمَكُمْ عِندَ اللَّهِ أَتْقَاكُمْ ﴾

*{O sangkatauhan! Nilikha kayo mula sa isang lalaki at isang babae at ginawa kayong mga grupo at mga tribo upang kayo ay magkakilakilala. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay ang pinaka-matatakutin sa inyo sa nag-iisang Allah}*[11]

2. Pagtutulungan: Ang pagtutulungan sa kabutihan ay isang prinsipyo na may mataas na katayuan sa Islam. Sinabi ng Dakilang Allah:

﴿ وَتَعَاوَنُوا عَلَى الْبِرِّ وَالتَّقْوَىٰ ۖ وَلَا تَعَاوَنُوا عَلَى الْإِثْمِ وَالْعُدْوَانِ ﴾

*{At makipagtulungan sa pagsunod sa Dakilang Allah at pagkatakot sa Kaniya, ngunit huwag makipagtulungan sa kasalanan at pagmamalabis}*[12]

3. Pagpapatawad: Ang batas ng Islam ay nanawagan ng pagpapatawad sa lahat. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

﴿فَاعْفُوا وَاصْفَحُوا﴾

*{Kaya't magpatawad at magpaumanhin}*[13]

At sinabi pa ng Dakilang Allah:

﴿ و الْكَاظِمِينَ الْغَيْظَ وَالْعَافِينَ عَنِ النَّاسِ﴾

*{At yaong mga nagpipigil sa galit at nagpapatawad sa mga tao})*[14]

At sinabi pa ng Dakilang Allah:

﴿ وَلَا تَسْتَوِي الْحَسَنَةُ وَلَا السَّيِّئَةُ ۚ ادْفَعْ بِالَّتِي هِيَ أَحْسَنُ فَإِذَا الَّذِي بَيْنَكَ
وَبَيْنَهُ عَدَاوَةٌ كَأَنَّهُ وَلِيٌّ حَمِيمٌ﴾

*{Hindi magkatulad ang mabuting gawa at ang masamang [gawa]. Iwaksi [ang kasamaan sa pamamagitan] ng [paggawa ng] mabuti, sanhi nito, siya na may namamagitang galit sa iyo ay [magiging] tila isang matalik na kaibigan}*[15]

[11] Surah Al- Hujurat, Talata Blg. (13)
[12] Surah Al- Ma'idah, Talata Blg. (2)
[13] Surah Al- Baqarah, Talata Blg. (109)
[14] Surat Al Imran, Talata Blg. (134)
[15] Surah Fusilat, Talata Blg. (34)

4. Kalayaan sa paniniwala: Ang batas ng Islam ay ipinagbabawal ang pamimilit sa relihiyon. Sinabi ng Dakilang Allah:

﴿ لَا إِكْرَاهَ فِي الدِّينِ﴾

*{Walang sapilitan sa relihiyon}*[16]

   Sa halip, pinoprotektahan ng estado ng Islam ang mga hindi Muslim na naghahanap ng kanlungan sa ilalim ng Islam at pinipigilan ang sinuman na aatake sa kanila upang pilitin silang umalis sa kanilang relihiyon.

5. Katarungan: Ang batas ng Islam ay nanawagan para sa pagpapatibay ng katarungan at paghatol sa pamamagitan nito, sa mga sitwasyon ng kapayapaan at digmaan at obligado ang tagasunod ng Islam na magkaroon ng makatarungang pakikisalamuha sa lahat ng tao.

   Sinabi ng Dakilang Allah:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُونُوا قَوَّامِينَ بِالْقِسْطِ شُهَدَاءَ لِلَّهِ وَلَوْ عَلَىٰ أَنفُسِكُمْ﴾

*{O kayong mga naniwala, tumayo kayo nang matatag para sa katarungan, bilang mga saksi para sa Allah, maging ito ay laban sa inyong mga sarili}*[17]

   Sinabi pa ng Dakilang Allah:

﴿وَلَا يَجْرِمَنَّكُمْ شَنَآنُ قَوْمٍ عَلَىٰ أَلَّا تَعْدِلُوا ۚ اعْدِلُوا هُوَ أَقْرَبُ لِلتَّقْوَىٰ﴾

*{At huwag hayaang ang galit at poot ng mga tao ang siyang magiging sanhi para kayo ay hindi maging makatarungan. Na kung kaya, maging makatarungan kayo sa pagitan ng inyong mga mahal sa buhay at sa mga kalaban, na kayo ay maging patas sa paghahatol; dahil ang pagiging makatarungan o patas sa paghahatol ay mas malapit sa pagkatakot sa Allah})*[18]

6. Patas na pakikisalamuha: Itinatag ng batas ng Islam ang prinsipyo ng patas na pakikisalamuha na nararapat lamang na sa pamamaraang etikal. Kapag ang pakikisalamuha ay lalabas na sa pagiging makatarungan o pagmamalabis sa etikal, ang pagpapatupad nito ay dapat itigil. Kung ang kalaban ay nagpataw ng hindi makatarungang buwis at kinukuha nito ng walang katarungan ang pera ng mga mangangalakal na Muslim o kaya naman ay nilalapastangan nila ang puri ng mga Muslim ay hindi pwede sa mga Muslim na makisalamuha sa kanila ng kagaya ng kanilang mga ginagawa at hindi rin maaari para sa isang Muslim ang magsinungaling sa nagsinungaling sa kaniya o nagtaksil at nagkanulo sa kaniya.[19]

[16] Surah An- Nisa, Talata Blg. (135)
[17] Surah Baqarah, Talata Blg. (135)
[18] Surah Al- Ma'idah, Talata Blg. (8)
[19] Tingnan ang: Al- Saadi, Tafsir Al- Saadi 1/452.



Ipinaliwanag ng mga Iskolar ng batas ng Islam na ang hindi paggaya sa pagtrato ng estado sa mga ganitong kaso na nagpapahiwatig sa kanilang panig. Iyon ay, sa bahagi ng hindi Islamikong estado – hindi ito maaaring gayahin ng mga Muslim, hindi rin sila maaaring gayahin ng mga Muslim sa paggawa nila ng pagmamalabis dahil ipinagbawal sa mga Muslim na pakitunguhan sila sa pamamagitan ng masamang pag-uugali kahit pa man ganito ang ugali ng mga kalaban.[20]

Ang mga pangkalahatang alituntuning ito ay nakabatay sa mga batas at teksto mula sa Qur'an, Sunnah at itinatag na mga kaugalian. Tunay na makikita natin ang mga teksto ng batas ng Islam na may ilang mga talata at Hadith na tumutukoy sa kaugnayan ng estado ng Islam sa ibang mga bansa, kabilang dito ang ilang halimbawa:

Sinabi ng Dakilang Allah:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا أَوْفُوا بِالْعُقُودِ﴾

*{O kayong mga naniwala, tuparin ninyo ang inyong mga napagkasunduan}*[21]

Ang ganitong teksto ay kinuha sa pangkalahatan nito, dahil ito ay nag-uutos ng ganap na pagtupad sa mga kasunduan at kabilang sa pinakamahalagang usapan ay ang mga kasunduan ng mga bansa sa pagitan ng bawat isa. Ito ay isang legal na teksto ng Islamikong batas na nag-uutos sa estadong Islamiko na tuparin ang mga kontratang napagkasunduan sa pagitan ng alinmang bansa.

Sa kabilang bahagi ng tekstong ito, makikita natin ang iba pang mga teksto na nagbibigay babala laban sa pagtataksil o pagtatraydor.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ الْخَائِنِينَ﴾

*{Katotohanan, ang Dakilang Allah ay hindi nagmamahal sa mga taksil})*[22]

At sinabi pa ng Dakilang Allah:

﴿ إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ مَن كَانَ خَوَّانًا أَثِيمًا﴾

*{Katotohanan, ang Dakilang Allah ay hindi nagmamahal sa taong taksil at makasalanan}*[23]

[20] Tingnan ang: Al- Sarkhasi, Al- Mabsoot 200/2 at Omar Al- Ashqar, History of Islamic Jurisprudence, Ikatlong Edisyon (Kuwait: Al- Falah Library (1413) 27 29). At Abdul Karim Zaidan, Mga Pagsasaalang-alang sa Islamic Sharia, pp. 149-150
[21] Surah Al- Ma'idah, Talata Blg. (1)
[22] Surat Al- Anfal, talata (58)
[23] Surat An- Nisa, talata (107)

Lahat ng anyo ng pagtataksil ay kasuklam-suklam, ito man ay sa pagitan ng mga indibidwal o sa pagitan ng mga bansa. Sa halip, ang pagtataksil sa pagitan ng mga bansa ay mas kasuklam-suklam dahil ito ay malawak at mas pangkalahatan.

Gayundin, makikita natin ang kasabihan ng Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan: "Ang mga tanda ng isang mapagkunwari ay tatlo: kapag siya ay nagsasalita, siya ay nagsisinungaling, kapag siya ay nangangako, siya ay sumisira sa pangako at kapag siya ay pinagkatiwalaan, nagtataksil at ipinagkakanulo niya ito."[24] Ang isang Muslim ay hindi nagsisinungaling sa kaniyang sinasabi, hindi sumisira sa kaniyang pangako at hindi nagtataksil sa sinumang nagtiwala sa kaniya, maging sino man siya, kaaway o kaibigan, bansa man o isang indibidwal.

Maraming teksto ang kagaya ng mga ito na dapat kunin bilang alituntunin sa pangkalahatang ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal o sa mga ugnayan ng estadong Islamiko sa ibang mga bansang hindi Islamiko.

Ang pag-unawa sa mga tekstong ito ay pinatunayan ng mga praktikal na aplikasyon ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan at ang kaniyang mga kasunduan sa pagitan ng mga Hudyo sa Medina at sa mga hindi nananampalatayang Quraysh sa Mecca at sa mga Kristiyano ng Najran at sa kaniyang mga payo sa mga pinuno ng kaniyang mga hukbo na kaniyang ipinadala sa mga digmaan.

Tungkol naman sa kaugalian o kasanayan: bilang karagdagan sa mga tekstong ito na nagtatatag ng mga prinsipyo ng internasyonal na relasyon sa pagitan ng estadong Islamiko at iba pang mga bansa, makikita na ang kaugalian ay isinasaalang-alang at may antas sa ilang mga teksto, kabilang na ang:

1. Sinabi ng Dakilang Allah:

﴿خُذِ الْعَفْوَ وَأْمُرْ بِالْعُرْفِ﴾

*{Magpatawad at mag-utos sa pamamagitan ng kung ano ang mabuting nakaugalian}*[25]

Sinabi ng hurado na si Ibn Atiyya, kaawaan nawa siya ng Dakilang Allah patungkol sa ibig sabihin ng talata na ito sa sinabi ng Dakilang Allah:

﴿وَأْمُرْ بِالْعُرْفِ﴾

*{at mag-utos sa pamamagitan ng kung ano ang mabuting nakaugalian}*

[24] Riwaytat hi Imam Muslim ha kitab niya Sahih Muslim, 1/78
[25] Surah Al- A'raf, Talata Blg. (199)



Ang ibig sabihin nito ay: "Ang lahat ng nalalaman ng bawat indibidwal na kaugalian na hindi sumalalungat sa batas ng Islam."[26] Sinabi naman ni Al-Shatibi, kaawaan nawa siya ng Dakilang Allah: "Ang mga kaugalian na patuloy na isinasagawa na kinakailangang isaalang-alang ng naaayon sa batas ng Islam."[27] Ang kahulugan nito ay pinatututuhanan ni Sheikh Al-Saadi , nang sabihin niya na: "Ang mga kaugalian ay pangunahing pinagmulan kung saan maraming mga kondisyon at karapatan ang maaaring maiugnay na hindi pa nasukat ng batas ng Islam o ng ibang mga salita."[28]

2. Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa isa pang teksto ng Qur'an:

﴿وَمَا جَعَلَ عَلَيْكُمْ فِي الدِّينِ مِنْ حَرَجٍ﴾

*{At Siya ay hindi nagpataw sa iyo ng anumang kahirapan sa relihiyon}*

At ang pagpigil sa mga tao mula sa kung ano ang kanilang nakasanayan at nakaugalian, ito ay magiging pahirap para sa kanila. Sinabi ni Al- Sarkhasi: "Katotohanan, ang pag-aalis ng isang maliwanag na kaugalian ay may malinaw na kahirapan"[29] at ito ang nangyayari sa mga relasyon ng mga indibidwal sa isa't isa. Sa ilang mga paraan, isinasaalang-alang din ito sa mga relasyon ng mga bansa sa kanilang sarili sa iba't ibang mga kalagayan at kondisyon, hangga't ang kaugaliang ito ay hindi sumasalungat sa legal na teksto ng batas ng Islam. Maaaring masabi natin na ang internasyonal na kaugalian ngayon ay may kaniya-kaniyang pagsasaalang-alang. Sa halip, ito ay may bisa sa Islamikong bansa at dapat itong ipatupad maliban kung ang kaugaliang ito ay sumasalungat sa isang legal na teksto ng batas ng Islam, ito man ay sa pangkalahatang internasyonal na batas o isa sa mga sangay nito, tulad ng internasyonal na batas ng armadong labanan na siyang paksa ng ating talakayan sa librong ito.

Kabilang sa mga kinikilalang legal na pinagmumulan ng internasyonal na batas ay ang batas ng Islam, narito ang isang mahalagang aspeto na nagdaragdag ng espesyal na lalim sa aplikasyon ng mga teksto sa batas ng Islam at mga tagubilin o alituntunin ng internasyonal na batas, ito ay ang pangangalaga sa moralidad. Tunay na ang pagsunod sa moralidad sa larangan ng Islamikong pampublikong internasyonal na batas ay napakalinaw at sa parehong antas nito ay kinakailangan din ang pagsasaalang-alang ng mataas na antas ng moralidad sa larangan ng legal na relasyon sa pagitan ng mga indibidwal. Samakatuwid, kung ano ang obligado para sa bawat indibidwal sa kanilang mga indibidwal na relasyon para

[26] Ibn Atiyah, Al- Muharrar Al- Wajeez 186/6
[27] Al- Shatibi, Al- Muwafaqat fi Usul Al-Sharia, Komentaryo ni Abdullah Daraz, ikalawang edisyon) Egypt: Al- Maktabah Al- Tijarija (1395 2/286)
[28] Al- Saadi, Al- Mukhtarat Al- Jaliyyah min Al- Issa'il Al- Fiqhiyya, Ikalawang Edisyon (Riyadh: Al- Rasiyah)
[29] 127) Al- Ammah for Scientific Research and Fatwa (1405, pp. Muhammad Ibn Abi Sahl Al- Sarkhasi, Al- Mabsut, DT (Beirut: Dar Al- Ma'rifa 1406) 14/13-15 at tingnan ang 87/1 at 120/15, ibid

isaalang-alang ang aspeto ng mataas na antas ng moralidad ay obligado rin para sa Islamikong bansa na makipag-ugnayan sa ibang mga bansa ng may mataas na antas ng moralidad. Ang ilan sa panuntunan ng Islamikong batas sa panig na ito ay ang hindi pagiging katanggap-tanggap sa batas ng Islam na maging masama tungo sa mga relasyon sa ibang indibidwal pagkatapos ay pinapaganda ang kaniyang mismong sarili tungo sa mga ugnayan sa pagitan ng Islamikong bansa kasama na dito ang ibang mga bansa sa mga piling panig at usapin lamang. Alinsunod dito, ang isa sa mga pangunahing prinsipyo ng internasyonal na batas sa Islam ay ang pagsunod sa moralidad at ang estadong Islamiko ay nararapat na sumunod sa prinsipyong ito nang sukdulan, sa lahat ng pagkakataon, usapin, kalagayan, at sa lahat ng kaugnayan nito sa iba pang mga bansa. Kasama ng mga mamamayan ng mga bansang ito, kahit na ang pagsunod sa prinsipyong ito ay nangangailangan ng malaking sakripisyo at mataas na pagpapahalaga at kahit na walang kaakibat na interes, dahil ang pagpapahalaga at pagpapatupad sa moralidad sa mata ng batas ng Islam ay isang napakahalagang bagay, wala itong katumbas at ang bawat pagsisikap o sakripisyo para sa kapakanan nito ay madali at simple. Ang pagpapabaya sa obligasyong ito ay isang kasuklam-suklam na bagay.[30]

Samakatuwid, ang panimulang pagsasaa-ayos sa reporma ng Islam sa mga isyu ng dignidad ng mga tao sa partikular at iba pang mga bagay na pangkalahatan ay isang legal na usapin na reporma na nakapaloob sa moralidad.

Ang pag-unawa na ito ay sinusuportahan ng Hadith ng Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan: “Ako ay ipinadala lamang upang gawing kumpleto ang mga mabubuting pag-uugali.”[31]

Ito ay isang kapansin-pansing teksto sa batas ng Islam na naglimita sa propetikong mensahe sa moral na layunin at iyon ay dahil sa mataas na antas ng moralidad na nais ipahiwatig nito.

Tunay na ang Islam ay tumitingin sa mabuting pag-uugali at moralidad bilang kaugnay ng mismong pananampalataya. Sa awtoridad ni Abu Hurairah, nawa’y kalugdan siya ng Dakilang Allah, sinabi niya: Ang Sugo ng Dakilang Allah, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: “Ang pinakaperpekto sa mga mananampalataya ay yaong may pinakamabuting pag-uugali.”[32]

[30] Tingnan: Abdul Karim Zaidan, Mga Pagsasaalang-alang sa Islamic Sharia, unang edisyon (Beirut: Al- Resala Foundation 1421), p. 145
[31] Imam Malik, Al- Muwatta, ikapitong edisyon (Beirut: Dar Al- Nafais 1404), Hadith Blg. 1634, p. 651
[32] Al- Tirmidhi, Sunan Al- Tirmidhi at pinatotohanan ni Al- Albani sa Sahih Sunan Al- Tirmidhi, Hadith Blg. 928



Gayundin ang moralidad ay mayroong natatanging katayuan na nagpapataas sa antas ng isang indibidwal na nagtataglay ng mga katangiang ito at nagiging dahilan din ito ng pagiging malapit sa posisyon ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan na naiulat sa pamamagitan ng kaniyang pananalita : “Ang isa na pinakamamahal sa akin at pinakamalapit sa akin sa pagtitipon sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay yaong mga nagtataglay ng pinakamahuhusay na moral at pag-uugali sa inyo”.[33] Kaya’t ang mga taong nagtataglay ng pinakamaiinam na pag-uugali dito sa mundo “sa Araw ng Muling Pagkabuhay” ay magiging pinakamalalapit sila sa Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan at tuwing nadadagdagan ang mabuting ugali o moralidad ng isa tao ay mas nagiging malapit ito.

Ang antas ng mabuting pag-uugali o moralidad ay nagiging sanhi ng pagdami ng mabubuting gawa; Ito ay pinatutuhanan ng Hadith ni A’isha, nawa’y kalugdan siya ng Dakilang Allah, na narinig niya ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, na nagsabi: “Natatamo ng mananampalataya, sa pamamagitan ng kaniyang mabuting pag-uugali, ang gantimpala na kagaya ng isang nag-aayuno sa araw at nagdarasal naman sa gabi.”[34]

Pagkatapos, ang isa sa pinakamahalagang katangian ng moralidad sa pangkalahatang internasyonal na batas at partikular na makataong batas ay ang pagpapairal ng katarungan anuman ang sitwasyon at anuman ang katangian ng kalaban. Sinabi ng Dakilang Allah:

﴿وَلَا يَجْرِمَنَّكُمْ شَنَآنُ قَوْمٍ عَلَىٰ أَلَّا تَعْدِلُوا ۚ اعْدِلُوا هُوَ أَقْرَبُ لِلتَّقْوَىٰ ۖ
وَاتَّقُوا اللَّهَ ۚ إِنَّ اللَّهَ خَبِيرٌ بِمَا تَعْمَلُونَ﴾

*{At huwag hayaang ang pagkapoot ng isang tao ay maghikayat sa iyo na maging hindi makatarungan. Maging makatarungan na mas malapit sa kabanalan at matakot sa Dakilang Allah Katotohanan, ang Dakilang Allah ay nakababatid sa iyong ginagawa}*[35]

Nangangahulugan lamang na, huwag ninyong hayaan na kayo ay maapektahan ng poot, galit at pamiminsala ng kalaban upang kayo ay gumanti sa kanila, dahil ang isang Muslim ay dapat sumunod sa utos ng Dakilang Allah at sumunod sa landas ng pagiging makatarungan kahit na siya ay pinagmalabisan, pininsala at ginawan ng kasamaan, kaya hindi pinahihintulutan na magsinungaling siya sa sinumang nagsisinungaling sa kaniya o ipagkanulo ang sinumang nagkanulo sa kaniya.[36]

[33] Al- Tirmidhi, Sunan Al- Tirmidhi, Ito ay pinatotohanan ni Al- Albani sa Sahih Al- Tirmidhi, Hadith Blg. 1642
[34] Abu Dawud, Sunan Abi Dawud at pinatotohanan ni Al- Albani sa Sahih Sunan Abi Dawud, Hadith Blg. 4013
[35] Surah Al- Maidah, talata (8)
[36] Tingnan ang: Al- Saadi, Tafsir Al- Saadi (Jeddah: Dar Al- Madani Publishing, 1408) 452/1

Kabilang sa mga sangay ng prinsipyo sa pagiging makatarungan na kinakailangan sa pakikitungo na ito ay limitahan ang pananagutan sa yaong mga nagkasala lamang at walang sinuman ang dapat magpasan nito liban nalang rin sa gumawa o may sala. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

﴿وَلَا تَزِرُ وَازِرَةٌ وِزْرَ أُخْرَىٰ﴾

*{At huwag ipataw sa iba ang kasalanan na nagawa ng iba}*[37]

Ibig sabihin, ang bawat indibidwal ay magdadala ng sarili nitong mga pagkakamali.[38] Ang prinsipyong ito ay madalas na nalilimutan sa mga sitwasyon ng digmaan at hidwaan. Kapag ang buong grupo ay nagpasan ng pagkakamali ng ilan sa kanilang mga indibidwal na miyembro humahantong ito sa malawakang pagpatay, pagsugpo sa mga etniko at mga katulad nito, ang lahat ng ito ay resulta ng pagpataw ng kasalanan ng nagkasala sa hindi naman dapat pumasan nito.

Ang mga aplikasyon na naipatupad ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, sa kaniyang pakikitungo sa mga nakipagkasundo sa kanila at pagkatapos ay sinira ng ilan sa kanila ang kasunduan, nagkakaroon lamang ng pananagutan ay yaong silang mga sumira lamang sa kasunduan at kasama nila sa pananagutan ay silang mga nalugod at nasiyahan sa pagsira sa kasunduan at paglabag na ito.

Ngunit sila na hindi sumira sa kasunduan at hindi nalulugod sa pagsira dito ay patuloy parin ang bisa ng kasunduan sa pagitan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan at siya ay nanatiling tapat sa kanila[39].

Mula sa mga salita ng mga hurado at imam ng mga paaralan ng kaalaman, mayroong katibayan na tumutukoy sa pag-unawang ito. Si Ibn Qudamah nawa'y kahabagan siya ng Dakilang Allah ay nagsabi sa kaniyang aklat na *Al- Mughni*: "At kung kamuhian silang yaong hindi sumira sa kasunduan, nilang yaong mga sumira sa kasunduan sa pamamagitan ng maliwanag na salita, gawa, pag-iwan o sumulat sa pinuno na siya ay hindi nalulugod sa pagsira ng kasunduan at siya ay mananatili sa kasunduan na ito, tunay na hindi masisira ang kasunduan na ito sa pagitan nilang yaong mga hindi sumira sa kasunduan at ipag-uutos ng imam ang kaayusan para sa kanila. At ipag-uutos ng imam na ipataw sa mga sumira lamang sa kasunduan ang kaparusahan. Kung pipigilan naman nilang mga hindi sumira sa kasunduan ang pagpataw ng kaparusahan sa yaong mga sumira sa kasunduan o pumasok sa Islam silang mga yaong sumira sa kasunduan, sila ay mapapabilang

[37] Surah Fatir, talata (18)
[38] Tingnan ang Al- Maraghi, Tafsir Al- Maraghi, ikalawang edisyon (Beirut: Dar Al- Kutub Al- Arabiyya, 1985). 119/22
[39] Tingnan: Ibn al- Qayyim, Zad al- Ma'ad fi Huda Khair al- Ibad, ikalawang edisyon (Beirut: Al- Risala Foundation 1405) 136/3 – 137



kasama nilang yaong mga sumira sa kasunduan dahil pinigilan nila ang pagkuha sa mga sumira sa kasunduan at sila ay mapapabilang sa kanilang hanay[40].

Ipinapahiwatig nito ang lawak ng pagpapahalaga ng Islam sa kawastuhan ng katapatan, kadalisayan ng katarungan at kadakilaan ng pangako sa mga prinsipyo at pagsunod sa kasunduan.

Ang mga prinsipyo ng Islam sa larangan ng pampublikong internasyonal na batas ay nagiging mas mataas ang antas kapag ang mga ito ay nagtapos sa isang mahalagang pagpapakilala sa mga prinsipyo nito na naiiba, na ginagawa itong mahusay sa aplikasyon at pulido sa pagpapatupad. Ang mga alituntuning ito ay makikita sa mga Muslim na nakapaloob na sa kanilang pagkatao, ang pagsamba at pananampalataya sa nag-iisang Dakilang Allah ang isa sa mga dahilan upang pahalagahan at ipatupad ang mga alituntuning ito, at pagmamahal sa kung ano ang magiging gantimpala sa kabilang buhay. Gayundin ang takot ng isang Muslim sa maaaring maging kaparusahan sa kabilang buhay kaysa sa kaparusahan na maaaring makuha dito sa mundo na makakamit kung sakaling hindi nila bigyang halaga ang mga alituntunin na ito.

Sa panahon natin ngayon ang pinakamalaking kadahilanan sa pagsunod sa batas ay ang takot sa makamundong parusa at hindi dahil sa paggalang sa mga alituntunin nito, kaugnay nito, sinabi ni Dr. Abdel-Hay Hijazi: "Ang paggalang ng indibidwal sa batas ay pagkukusa ng kaniyang sarili, pagmamahal sa pagsunod dito at ito ay maituturing ng isang indibidwal na isang kapuri-puring hangarin. Ngunit ang katotohanan ang pagsunod sa batas ay hindi dahil sa pagmamahal dito ngunit dahil sa takot dito. Hindi halos mawawala ang takot ng mga tao sa batas hanggang sa ang paggalang na taglay nila sa kanilang mga sarili ay mawala"[41].

### Pangatlo: Ang terminolohiyang batas ng armadong labanan sa Islam

Dahil sa mga pinsala na dulot ng digmaan sa kumunidad na nagiging dahilan sa hindi agarang pagbibigay ng simpatya at paglilitis dito. Tunay na sinusubukan ang pagpapababa ng epekto nito hangga't maaari, upang ang mga epekto nito ay hindi umabot sa ibang mga partido sa abot ng makakaya upang hindi na ito lumabas pa sa mga apektadong lugar ng digmaan. Ito ang batayan ng ideya ng internasyonal na batas ng armadong labanan[42].

[40] Ibn Qudamah, Al- Mughni (Riyadh: Al-Riyadh Al- Hadithah Library, ed.), 462/8
[41] Abd al-Hay Hijazi, Introduction to the Study of Legal Sciences (Law) DI (Kuwait: Kuwait University 1972 AD) 107/1/108
[42] Tingnan: Sharif Atlam, (editor) Lectures on International Humanitarian Law (isang lecture na pinamagatang Principles of International Law The Humanitarian ni Dr. Jean Pictet (third edition (Beirut: Dar Al- Mustaqbal Al- Arabi 2003) 52

Ang batas na ito ay tinawag na internasyonal na batas ng armadong labanan na naglalayong irespeto ang pagkatao ng mga naghihirap sa panahon ng mga armadong labanan, upang magbigay narin ng makataong solusyon sa mga alituntuning ito[43].

Ang pinagmulan ng paglitaw ng internasyonal na batas ng armadong labanan ay ang damdamin ng tao na naglalayong protektahan ang mga tao mula sa mga pagsalakay sa mga oras ng labanan.

Samakatuwid, ang internasyonal na batas ng armadong labanan ay isang espesyal na bahagi ng pangkalahatang internasyonal na batas o isang sangay nito, at ito ay kasama ng internasyonal na batas sa karapatang pantao, kinakatawan nila ang dalawang independiyenteng legal na sangay ng pampublikong internasyonal na batas. Ang bawat isa sa dalawang ito ay may sariling tungkulin at kung saan ito dapat gamitin. Ang una ay sa panahon ng armadong labanan at ang pangalawa naman ay sa panahon ng kapayapaan. Nagsasama ang dalawang ito sa pangunahing interes sa pagprotekta sa mga indibidwal at pagpreserba ng mga karapatan ngunit, nagkakaiba ang dalawang ito pagdating sa layunin ng internasyonal na makataong batas sa pagprotekta at pagkalinga sa mga kalaban sa panahon ng armadong labanan. Habang ang internasyonal na batas sa karapatang pantao ay binibigyang halaga naman ang pagprotekta sa indibidwal mula sa pagiging arbitraryo at paglabag sa bansa kung saan kabilang ang indibidwal na iyon[44].

Sa liwanag na dala ng paghimay sa mga sangay na ito, maaaring malaman na ang batas ng armadong labanan sa Islam ay maaaring tukuyin bilang isang hanay ng mga legal na alituntunin na naglalayong protektahan ang mga tao at mapangalagaan ang kanilang mga karapatan sa panahon ng armadong labanan.

Kung ating maaalala ang mga nauna kong nabanggit na ang digmaan sa Islam ay isang pangangailangan na limitado ang mga alituntunin nito na nasa batas ng armadong makataong batas sa Islam, makikita natin ang dalawang kilalang bagay sa batas na ito na ang digmaan ay dapat limitado lamang na naayon sa pangangailangan at kung anuman ang mangyayari sa digmaan na ito, marapat lamang na ito ay makatao at makatarungan. Ibig sabihin, may respeto at paggalang sa pagkatao ng kabilang grupo.

Ito ang dalawang Islamikong alituntunin; ang una, ito ay ang alituntunin ng pangangailangan, at ito ay pinagtibay sa batas ng Islam na ang pangangailangan

[43] Tingnan ang: Abdel-Ghani Abdel-Hamid Mahmoud, Proteksyon ng mga Biktima ng Armed Conflicts sa International Humanitarian Law at Islamic Sharia, First Edition (Cairo: State Committee of the Red Cross 20000) p. 6
[44] Tingnan: Abu Al- Khair Ahmed Attia, Proteksyon ng Populasyon ng Sibilyan at mga Bagay na Sibilyan sa panahon ng Armed Conflicts, A Comparative Study with Islamic Law, First Edition (Cairo: Dar Al- Nahda 1998 AD), p. 17



ay tinatantsa o sinusukat sa antas nito[45] at hangga't ang digmaan ay isang pangangailangan, hindi pinahihintulutan ang pagmamalabis dito sa ilalim ng anumang mga pangyayari na lalampas sa pangangailangan at anumang paglabag at paglampas sa hangganan ay maituturing na isang uri ng pagmamalabis, pananamantala at pag-atake sa kabilang grupo o partido na hindi makatarungan.

Kung tungkol naman sa makataong alituntunin ang orihinal na layunin nito ay ang parangalan ang tao. Sinabi ng Dakilang Allah:

﴿وَلَقَدْ كَرَّمْنَا بَنِي آدَمَ ﴾

*{At pinarangalan Namin ang mga anak ni Adan ang sangkatauhan}*[46]

At ang kaniyang kawalan ng katarungan ay ipinagbabawal.

﴿وَمَن يَظْلِم مِّنكُمْ نُذِقْهُ عَذَابًا كَبِيرًا﴾

*{At sinuman sa inyo ang gumawa ng pagmamalabis, aming ipapatikim sa kaniya ang isang malaking kaparusahan}*[47]

At ito ay isang babala sa bawat gumagawa ng pagmamalabis[48]. Kabilang dito ang kawalan ng katarungan ng tao laban sa kapwa tao sa panahon ng pakikipaglaban. Ayon sa panuntunang ito, ang Islam ay nanawagan para sa pakikipaglaban sa isang makataong diwa[49]. Ang isang Muslim ay hindi dapat pumatay maliban sa isang makatarungang dahilan:

﴿وَلَا تَقْتُلُوا النَّفْسَ الَّتِي حَرَّمَ اللَّهُ إِلَّا بِالْحَقِّ ۚ ذَٰلِكُمْ وَصَّاكُم بِهِ لَعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ﴾

*{At huwag ninyong patayin ang sinuman na ipinagbabawal ng Dakilang Allah maliban sa pagkakaroon ng katarungan. Ito ang Kaniyang ipinag-utos sa inyo upang inyong maunawaan}*[50]

Kung ang makatarungang dahilan ay napagtibay, ang pagpatay ay dapat isagawa sa loob ng pinaka-makatao na paraan, batay sa pasya ng marangal na Hadith na isinalaysay ni Shaddad bin Aws, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah, na ang Propeta sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: "Ang Dakilang Allah ay nagtakda ng mabubuting gawa at pamamaraan para sa lahat ng bagay. Kaya kung pumatay ka (nang dahil sa pagtatanggol sa sarili at mga piling sitwasyon), ay pumatay sa mabuting pamamaraan at kung kakatay ka ng hayop ay katayin ito sa mabuting pamamaraan"[51].

[45] Tingnan ang: Al- Zarkashi (Bad`r al-Din Muhammad bin Bahadur al- Shafi'i ), al- Manthur fi al- Qa'id, inedit ni Tayseer Faiq Ahmad Mahmoud, unang edisyon (Kuwait: Ministry of Endowments and Islamic Affairs 1402) 320/2
[46] Surat al- Isra, talata Blg. (70)
[47] Surah Al- Furqan, Talata Blg. (19)
[48] Tingnan ang: Al- Shawkani, Fath al-Qadir 91/4
[49] Tingnan ang: Ihsan al-Hindi, Islam at Internasyonal na Batas, unang edisyon (Damascus: Talas House for Studies, Translation and Publishing, 1989 AD), p. 137
[50] Surah Al- An'am, Talata Blg. (151)
[51] Al- Tirmidhi, Sunan Al- Tirmidhi, inedit ni Ahmed Muhammad Shaker at iba pa (Beirut: Dar Ihya Al- Tarath Al- Arabi, ed. 23/4)

Ang Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay ipinaliwanag ang dalawang alituntunin sa sitwasyon ng digmaan at ang pagpapahalaga at pagtupad sa dalawang mga alituntunin na ito na nabanggit sa marangal na Hadith: "Ako ang propeta ng awa at epiko o ang propeta ng mabuting pag-uugali sa panahon ng labanan o digmaan"[52]. Kaya't iniugnay niya ang epiko – at ito ay ang digmaan[53] - sa awa at iniuna ang awa sa epiko upang kilalanin ng isang mandirigmang Muslim sa kaniyang puso na siya ang kamay ng hustisya at hindi bilang isang ispada ng pagtataksil at pagmamalabis[54]. Ito ay ang pamamaraan ng pakikipag laban sa sitwasyon ng matinding pangangailangan na hindi dapat nakakalimutan ang mabuting asal at pagkakaroon ng awa.

Kung ang pag-uusapan ay patungkol sa moralidad sa pampublikong internasyonal na batas sa Islam ay nasasakop nito ang mahahalagang antas sa batas at pagkatapos ay ang aplikasyon - tulad ng dumaang mga paksa, kung gayon ang mga pambihirang pangyayari kung saan ang kontrol ng isang tao sa kaniyang sarili ay humihina dahil sa hindi inaasahang mga sitwasyon na nakakaapekto sa kaniya at siya ay magmamadali sa mga bagay hanggang sa makalimutan niya ang kaniyang pag-uugali at moralidad, tulad ng kaso ng mga digmaan kung saan maraming tao ang nawawala dito. Ang pagkontrol sa kaniyang emosyon, kilos at pag-uugali, ang mga aspetong ito ay kabilang parin sa mga pinapahalagahang bagay sa batas ng Islam.

Sa mga pambihirang kaso na ito, matatagpuan natin na ang Islam ay muling lumingon upang bigyang-diin at pagpapahalaga ang mga moralidad at pag-uugali, na nananawagan upang makontrol ang mga masasamang balak at intensyon. Ito ang siyang sinasang-ayunan ng mga legal na teksto mula sa batas ng Islam na dapat ituro at ipaalala. Narito ang ilan sa mga halimbawa ng mga sitwasyong nagpapakita ng pagtataas sa antas ng katayuan ng moralidad at pag-uugali:

1. Sinabi ng Dakilang Allah bilang pagpuri:

﴿ الَّذِينَ يُنفِقُونَ فِي السَّرَّاءِ وَالضَّرَّاءِ وَالْكَاظِمِينَ الْغَيْظَ وَالْعَافِينَ عَنِ النَّاسِ ۗ وَاللَّهُ يُحِبُّ الْمُحْسِنِينَ﴾

*{Yaong mga gumugugol sa magandang panahon at sa kahirapan at nagpipigil ng galit at nagpapatawad sa mga tao tunay na minamahal ng Dakilang Allah ang mga gumagawa ng mabuti}*[55]

[52] Isinalaysay ni Ibn Saad, Al- Tabaqat Al-Kubra, DT (Beirut: Dar Sader DT) 1/105 (sa awtoridad ni Abu Husayn sa awtoridad ni Mujahid). At Muhammad bin Hibban, Sahih Ibn Hibban, inedit ni Shuaib Al-Arnaout, ikalawang edisyon (Beirut: Al- Resala Foundation 1414) 220/14 No. 6314. Ibn Jarir al- Tabari, Tafsir al- Tabari, inedit ni Abdullah al- Turki, unang edisyon (Cairo: Dar Hijr 1422) 107/14

[53] Epiko: Ito ay digmaan at ang mga sitwasyon ng labanan na kinuha mula sa sagupaan ng mga tao at ang kanilang paghahalo dito, ibig sabihin, ang kanilang pagkakaisa. Tingnan: Ibn al- Atheer, Al- Nihayah fi Ghareeb al-Hadith wa al-Athar, inedit ni Taher Ahmad al-Zawi at ng kaniyang kasamahan (Mecca: Dar al-Baz, dd .), 4/239-240

[54] Abu Al- Khair Attia, Proteksyon ng Populasyon ng Sibilyan at mga Pag-aari ng Sibilyan, p. 16

[55] Surat Al Imran, talata Blg. (134)



Narito ang papuri para sa isang nagtagumpay laban sa kaniyang sarili pagkatapos ng galit, kaya pinipigilan niya ito, nagpapatawad at gumagawa ng mabuti.

2. At sinabi ng Dakilang Allah:

﴿وَلَا تَسْتَوِي الْحَسَنَةُ وَلَا السَّيِّئَةُ ۚ ادْفَعْ بِالَّتِي هِيَ أَحْسَنُ فَإِذَا الَّذِي بَيْنَكَ وَبَيْنَهُ عَدَاوَةٌ كَأَنَّهُ وَلِيٌّ حَمِيمٌ ۝ وَمَا يُلَقَّاهَا إِلَّا الَّذِينَ صَبَرُوا وَمَا يُلَقَّاهَا إِلَّا ذُو حَظٍّ عَظِيمٍ﴾

*{At hindi magkapantay ang mabuti o masamang gawa. Bayaran sa pamamagitan ng kung ano ang pinakamahusay. Pagkatapos, siya na may namamagitang galit sa iyo ay magiging tila isang matalik na kaibigan. Ngunit walang ginagawaran nito maliban na lamang sa silang yaong mga matiisin sa mga pagsubok at walang ginagawaran nito maliban na lamang sa silang nag-aangkin ng malaking bahagi ng kabutihan.}*[56]

Ito ay isang paalaala ng moralidad at kabutihan sa kaaway at ito ay isang mataas na pamantayan ng batayan ng tunay na pagkalalaki, at hindi ito lubos na mauunawaan ng iba liban na lamang sa silang yaong mga matiisin at may lubos na pang-unawa at kaalaman.

3. Iniulat ni Abu Hurairah, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah, na ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ng Dakilang Allah ay nagsabi: "Ang malakas na tao ay hindi makikita sa pakikipag buno, ngunit ang tunay na malakas ay siyang kayang kuntrolin ang kaniyang sarili kapag siya ay nagagalit"[57].

Ang tagumpay laban sa sarili sa normal na mga kalagayan ay hindi maiibilang sa mga nakakamanghang kakayahan, bagkus ang tunay na tagumpay ay ang tagumpay laban sa sarili sa sitwasyon ng pagiging galit.

4. Ang Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: "Sinuman ang pigilin ang kaniyang galit habang kaya niyang gawin ito, tatawagin siya ng Dakilang Allah sa harapan ng lahat ng mga nilikha sa Araw ng Muling Pagkabuhay hanggang sa bigyan siya ng Dakilang Allah ng kakayahang mamili mula sa mga horis kung sino man ang kaniyang naisin"[58].

Ang lahat ng ito ay hindi pangkaraniwang mga pangyayari at ang Islam ay tumutugon sa kanila sa pamamagitan ng pagpapaalala sa kanila ng moralidad at pagpapataas sa antas ng katayuan ng mga nagpapanatili sa mga ito, at sa silang yaong hindi natalo ng masasamang udyok at bagay at nagpapayo sa silang nagsasagawa ng hindi katanggap-tanggap na pag-uugali.

[56] Surah Fussilat, Talata Blg. (34-35)

[57] Napagkasunduan: Imam Al-Bukhari, Sahih Al-Bukhari 2267/5 at Imam Muslim, Sahih Muslim 2014/4

[58] Abu Dawud, Sunan Abi Dawud 248/4

Tunay na binigyang importansya ng Islam ang pagtatataas sa antas ng moralidad at pag-uugali at pagpapatotoo dito kasama na ang pagpapatibay ng mga gantimpala na maaaring makuha ng isang indibidwal sa mundo ganoon din sa kabilang buhay. Hanggang sa pagbibigay ng karagdagang parangal sa mga nagsasabuhay ng kagandahang asal at pag-uugali na lubos na nakakaapekto sa moralidad ng mga tao, pinuno man ito o ordinaryong indibidwal.

Kaya ito ay batay sa katotohanan na kapag ang sukat ng moralidad ay tumaas sa mga tao, ang kanilang pangangailangan para sa mga umiiral na batas ay bumababa at ang kabaligtaran nito ay totoo, na kapag ang moralidad at pag-uugali ng mga tao sa kanilang mga sarili ay humina, ang mga batas na alternatibong makakapagprotekta sa bansa ay maaaring lubos na kakailanganin at gayundin ang pangangailangan para sa mahigpit na mga batas na naglalayong maging sapat upang maging payapa ang sitwasyon, ngunit ang mga batas na ito ay mabilis na mababatikos at malalabag at mabilis na susuwayin mula sa mga pundasyon nito, dahil narin sa ang rehimeng komunista na hindi naniniwala sa Diyos at naniniwala lamang ang mga ito sa mga kaugalian ng pakikipag-ugnayan ng moralidad, na nagiging dahilan ng pagiging mahigpit nila sa pagbabago ng mga alituntunin at agarang pagpapatupad nito. Gayunpaman, ang mga batas na ito ay hindi magkakamit ng anumang makabuluhang bagay, kung ihahambing sa proteksyon na ibinibigay ng moral na edukasyon sa lahat ng sangkatauhan.

Ang Islamikong pagpapahalaga na ito sa moralidad ay gumagabay sa atin sa dahilan kung bakit ang Islamikong batas ay nakabatay sa mga pangkalahatang prinsipyo na limitado sa pagpapalakas ng moralidad na bahagi sa pagkatao, dahil ito ang pinakamahusay na landas tungo sa pagiging maayos at kasangkapan ng kabutihan.

Kapag naitatag ang moralidad, pinoprotektahan nito ang mga maiinam na katangian ng tao, iginagalang ang mga karapatan sa sitwasyon man ng digmaan at kapayapaan at lahat ay mabubuhay ng may katiwasayan at kapayapaan.

Alinsunod dito, nagiging malinaw sa atin na itinaas ng Islam ang katayuan ng moralidad sa mga normal na sitwasyon (at iyon ay sa sitwasyon ng kapayapaan), pagkatapos ay muling ibinalik sa katayuan nitong moral at lubos pa itong itinaas ng antas sa mga bihirang sitwasyon (kagaya na lamang nito ay ang sitwasyon ng digmaan) at iyon ay walang iba kundi ang pangangalaga sa mga karapatang pangtao, kung saan kakaunti ang mga digmaan na



walang paglapastangan sa mga karapatang ito. Ang mga sitwasyong ito ang nagpapaliwanag at nagpapakita ng pagiging ditirminado ng Islam na bumuo at pagtibayin ang moralidad sa mga tao sa lahat ng pagkakataon, at sa tuwing ang tao ay nasa sitwasyon ng kagipitan, makikita ang Islam na nagpapaalala ng mga kahalagahan ng moralidad at mabuting pag-uugali, lahat ng ito ay upang igalang ng tao ang kapwa tao sa sitwasyon ng pagkagalit, kasiyahan, kaibigan man o kaaway.

Ito ang pangkalahatang prinsipyo na hinahangad ng Islam na pagtibayin sa mga damdamin ng tao, upang protektahan ang tao mula sa kapwa tao sa pinakamapanganib na mga sitwasyon; ang sitwasyon ng mga digmaan na nailalarawan sa pamamagitan ng kawalan ng katarungan at pagmamalabis. Nagbibigay ito ng pangkalahatang pagpapaliwanag tungkol sa pangkalahatang oryentasyon o patutunguhan ng batas ng armadong labanan sa Islam na naglalayong palakasin ang moralidad at bigyang diin ang kahalagahan ng mabuting pag-uugali sa larangang ito partikular na sa mga usapin na dapat pagtuunan ng pansin.

#### ANG UNANG PAKSA NG PANANALIKSIK:
## ANG MGA SITWASYON KUNG SAAN IPINAPATUPAD ANG APLIKASYON NG BATAS NG ARMADONG LABANAN SA ISLAM

Ang mga sitwasyon kung saan ipanapatupad ang aplikasyon ng batas ng armadong labanan sa Islam: Ang Islam ay relihiyon ng kapayapaan

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا ادْخُلُوا فِي السِّلْمِ كَافَّةً﴾

*{O kayong mga naniniwala, pumasok kayo sa kapayapaan nang buo}*[59]

Ang Islam ay may lubos na nangangalaga sa kaugalian, asal at kasanayan na napapaloob sa digmaan, at kung sakaling sumiklab na ang digmaan dahil sa isang pangyayari na labas na sa kagustuhan nito, tunay na ang Islam ay nagtatag ng mga prinsipyo na naglalayong limitahan ang pinsala nito sa mga mandirigma mismo, upang ang pag-atake at mga aksyon na ito ay hindi umabot sa mga sibilyan o iba pa na hindi lumalahok sa digmaan o ang paghaba ng digmaan at ang pagiging bihag ng ibang mandirigma pagkatapos ng labanan.

Upang mabigyang paliwanag ang mga prinsipyong ito, susuriin natin ang ilan sa mga makatarungang karapatan na isinabatas ng Islam upang protektahan ang mga maaaring mapinsala ng mga digmaan at armadong labanan, kabilang na dito ang:

### UNA: PAGPROTEKTA SA MGA KARAPATAN NG MGA SUGATAN AT MGA NAHIHIRAPAN SA LABANAN

Kung ang sugatang mga miyembro ng kaaway ay hindi na kayang humawak pa ng armas at lumaban pa sa mga Muslim, kung gayon kinakailangan na itigil na ang pananakit sa kanila at huwag na silang gawan pa ng anumang pinsala. Sa halip, dapat silang protektahan at tratuhin nang makatao. Ito ay isang aplikasyon ng isang tunay na Islamikong batas, na ang digmaan ay nangyayari lamang sa matinding pangangailangan at ang pangangailangan ay tinatantsa ayon sa antas nito. Kaya't kapag natapos na ang pangangailangang ito dapat itong itigil. Kapag ang sundalong ito ay hindi na kayang lumaban, hindi na pinahihintulutan pa na makipaglaban sa kanila at hindi pinapayagan na pahirapan ang mga sugatan sapagkat hindi iyon bahagi ng mabuting pag-uugali sa larangan ng pakikipaglaban. Kung ang lakas ng nasugatan ay hindi na kayang lumaban dapat tratuhin ito na parang isang bilanggo ng digmaan bilang paggalang sa kaniyang pagkatao at puri sapagkat wala na itong kakayahang lumaban pa. Dahil ang pakikipaglaban ay wala ng iba pang ipinahihiwatig maliban na lamang upang tanggalin ang tinik o hirap na dulot ng hanay ng kalaban at ang pagiging sobra pa dito ay isa nang pang-aabuso at pagmamalabis sa kanyang pagkatao[60].

[59] Surat Al- Baqarah, talata Blg. (208)
[60] Tingnan: Muhammad Abu Zahra, The Theory of War in Islam (Egypt: Supreme Council for Islamic Affairs, Ministry of Endowments, 1380), p. 61



Iniulat ni Abu Ubaid al- Qasim bin Salam sa kaniyang aklat na "*Al-Mawwal*" na ang Sugo ng Dakilang Allah ay nag-utos sa kaniyang tagapagsalita sa araw ng pagkubkob sa Mecca na manawagan sa mga tao, "Huwag nang salakayin pa ang mga sugatan, at huwag nang sundan o habulin pa ang mga tumakbo papalayo, at huwag patayin ang mga bilanggo, at ang sinumang magsara ng kaniyang pinto siya ay magiging panatag."[61] Sinabi ni Wahab Al- Zuhayli "Hindi ito partikular lamang sa mga tao ng syudad ng Mecca, dahil ang mga salita na ginamit dito ay nasa anyo ng pangkalahatan at ito ay sinusunod at dapat ipatupad ng pangkalahatan."[62] Kung ang mga Muslim ay nakatitiyak sa tagumpay, nararapat nilang asikasuhin at gamutin ang mga sugatan mula sa hanay ng kalaban sa mabuting paraan sapagkat ang Islam ay ang relihiyon ng pangkalahatang awa sa daigdig at ang pinakamahalagang bagay na nangangailangan ng awa ay ang sitwasyon ng pagkakaroon ng sakit at mga sugat.

Tunay na kabilang sa karapatan ng mga sugatan mula sa labanan ay ang gamutin sila mula a mga pinsala na kanilang natamo, dahil isa sa mga utos sa pakikidigma ay ang tulungan at gamutin ang may sugat[63]. Isinalaysay ni Al-Tabarani na ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: "Maging mabait at gumawa ng kabutihan sa mga bihag"[64]. Ang pag-iwan sa sugatang bilanggo nang hindi ito ginagamot man lamang ay hindi mabuting pag-uugali at kasanayan bagkus, ito ay ipinagbabawal na uri ng pagpapahirap.

Sinabi ng Dakilang Allah:

﴿وَلَا تَعْتَدُوا ۚ إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ الْمُعْتَدِينَ﴾

*{At huwag kayong magpasimuno ng gulo; sapagka't tunay na hindi naiibigan ng Allah ang mga lumalabag sa hangganan at nagpapasimuno ng gulo}*[65]

At sa Hadith na naiulat ni Hisham bin Hakim bin Hizam, sinabi niya: "Narinig ko ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, na nagsasabi na paparusahan ng Dakilang Allah ang mga nagpapahirap sa mga tao sa mundong ito."[66]

[61] Abu Ubaid al- Qasim bin Salam, Funds, inedit ni Muhammad Khalil Harras (Cairo: Al-Azhar College Library 1396), p. 141
[62] Wahba Al- Zuhayli, Mga Epekto ng Digmaan sa Islamic Jurisprudence, p. 477
[63] Tingnan ang: Wahba Al- Zuhayli, Mga Epekto ng Digmaan sa Islamic Jurisprudence, p. 476
[64] Ito ay isinama ni Al- Tabarani sa Al- Saghir at Al- Kabir. Tingnan: Suleiman Al- Tabarani, Al- Mu'jam Al- Saghir , inedit ni Muhammad Shakur Mahmoud Al-Hajj Amir, unang edisyon (Beirut: Al- Maktab Al- Islami 1405) 250/1 at Suleiman Al- Tabarani, Al - Mu'jam Al- Kabir, inedit ni Hamdi bin Abdul Majeed Al-Salafi. Ikalawang edisyon (Mosul: Library of Science and Wisdom 1404) 22/393 at sinabi ni Al- Haythami tungkol dito (Isinalaysay ni Al- Tabarani sa Al- Saghir at Al- Kabir at ang chain of transmission nito ay mabuti), Ali Al- Haythami, Majma 'Al- Zawa'id at Manba 'Al- Fawa'id (Beirut: Dar Al- Kitab Al- Arabi 1407) 6/86
[65] Surah Al- Baqarah, Talata Blg. (190)
[66] Kitaa ha kitab hi Muhammad Abu Zahrah, Nadzariyyat al-Harb fi al-Islam. (Egypt: al-Majlis al-A'la li as-Shuun al-Islamiyyat bi Wizarat al-Awqaf, 1380), 61

Ang pagpapahirap ay isang gawain na sumasalungat sa mga prinsipyo ng kabutihan at moralidad na sinisikap ng Islam na pangalagaan sa puso at damdamin ng tao.

### PANGALAWA: KARAPATAN NG MGA BILANGGO

Ang ibig sabihin ng mga bilanggo ng digmaan ay: ang mga kaaway na nagpakita ng pagkapoot sa Islam at nagsumikap sila sa pamiminsala at pandirigma pagkatapos nito ay nahulog sila sa mga kamay ng mga Muslim. Wala pang kagaya ng mga naunang mandirigmang Muslim na sumunod sa utos ng kanilang rilihiyon na nakatala sa kasaysayan na nangalaga, nag-asikaso at naging mabait sa mga bilanggo ng digmaan, mula dito sinabi ng Dakilang Allah:

﴿وَيُطْعِمُونَ الطَّعَامَ عَلَىٰ حُبِّهِ مِسْكِينًا وَيَتِيمًا وَأَسِيرًا ۝ إِنَّمَا نُطْعِمُكُمْ لِوَجْهِ اللَّهِ لَا نُرِيدُ مِنكُمْ جَزَاءً وَلَا شُكُورًا﴾

*{At silang yaong mga nagpapakain dahil sa pagmamahal nila sa mga mahihirap at mga ulila at sa mga bilanggo ng digmaan. Sila ay nagsasabi na pinapakain namin kayo para sa Dakilang Allah, hindi namin gusto ng kapalit o kabayaran at hindi rin namin gusto ang pasasalamat mula sa inyo}*[67]

Binigyan ng batas ng Islam ng espesyal na atensyon ang isyu ng bilanggo sa digmaan, pangangalaga sa kanilang dignidad, pagbibigay ng kanilang mga karapatan at pagpigil sa anumang pananakit at pagmamalabis sa kanila. Dito ay susubukan kong ibuod ang mga mahahalagang kasabihan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan patungkol sa pagtrato o pakikisalamuha sa bilanggo sa Islam tulad ng sumusunod:

1. Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Surah Al- Anfal:

﴿ يَا أَيُّهَا النَّبِيُّ قُل لِّمَن فِي أَيْدِيكُم مِّنَ الْأَسْرَىٰ إِن يَعْلَمِ اللَّهُ فِي قُلُوبِكُمْ خَيْرًا يُؤْتِكُمْ خَيْرًا مِّمَّا أُخِذَ مِنكُمْ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ۗ وَاللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ﴾

*{O Propeta, sabihin mo sa mga bilanggo sa inyong mga kamay: Kung ang Dakilang Allah ay nakaaalam ng anumang kabutihan sa inyong mga puso, Siya ay magbibigay sa inyo ng higit na mabuti kaysa sa kung ano ang kinuha mula sa inyo at patatawarin kayo. At ang Dakilang Allah ay ang Pinaka Mapagpatawad at ang Pinaka Maawain}"*[68]

2. Naisabatas ng Islam na ang bilanggo ay dapat tratuhin ng may kabaitan at ipinagbabawal na insultuhin o ipahiya siya sa paraang makakaapekto sa kaniyang dignidad bilang tao. Isinalaysay ni Al- Tabarani sa awtoridad ni Abu Aziz na ang Sugo ng Dakilang Allah ay nagsabi: "Maging mabait at gumawa ng kabutihan sa mga bihag".[69]

   Sa labanan ng Banu Quraydha, kung saan sinira ng mga Hudyo ang kasunduan sa pagitan nila at ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa isang matinding sitwasyon at inilapit nila ang buhay ng mga Muslim sa panganib. Nagkaroon ng kasunduan sa pagitan nila at ng mga Muslim na hindi nila tinupad at sinunod, ito ang kasunduan na hindi nila dapat tulungan ang mga hindi Muslim laban sa mga Muslim. Kinubkob sila ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan nang nilabag nila ang kasunduang ito at ipinagkanulo ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan. Nang matalo niya sila, naging bihag sila sa kaniyang mga kamay, sinabi niya sa kaniyang mga kasamahan: "Maging mabuti sa mga bihag, bigyan sila ng pahintulot na matulog kung mainit ang araw, at painumin sila hanggang sa sila ay malamigan".[70]

   Si Imam Malik, nawa'y kaawaan siya ng Dakilang Allah ay tinanong: "Dapat bang parusahan ang isang bilanggo kung hindi niya ituturo ang mga sekretong lugar ng kaaway? Siya ay nagsabi: Hindi ko narinig iyon".[71] Ito ay isang matibay at may mga katibayan na pahayag at may iba pang mga opinyon sa bagay na ito.

3. Napagtibay ng batas ng Islam, ang pagiging obligado ng pagtulong ng mga Muslim sa mga bihag sa digmaan sa pamamagitan ng pagpapakain sa kanila bilang pagsunod sa utos ng Dakilang Allah at ang gawaing ito ay ibinilang ng Dakilang Allah sa mga katangiang dalisay at banal kung saan ito ang katangian ng mga matuwid na kabilang sa pinakamataas na hanay ng mga mananampalataya. Sinabi ng Dakilang Allah, bilang pagsasalarawan sa kanilang kalagayan:

﴿ وَيُطْعِمُونَ الطَّعَامَ عَلَىٰ حُبِّهِ مِسْكِينًا وَيَتِيمًا وَأَسِيرًا﴾

*{At silang yaong mga nagpapakain dahil sa pagmamahal nila sa mga mahihirap at mga ulila at sa mga bilanggo ng digmaan}*[72]

---

[67] Abu Ubayd al-Qasim idn Salam, **al-Amwal**,. Tahqiq: Muhammad Khalil Harras (Cairo: Maktabat al-Kulliyat al-Azhariyyat, 1396), 141

[68] Surah Al- Insan, Talata Blg. (8)

[69] Isinama ito ni Al- Tabarani sa Al- Saghir at Al- Kabir. Tingnan: Sulaiman Al- Tabarani, Al- Mu'jam Al- Saghir, inedit ni Muhammad Shakur Mahmoud Al-Hajj Amrir, unang edisyon (Beirut: Al- Maktab Al- Islami 1405) 250/1 at Sulaiman Al- Tabarani, Al - Mu'jam Al- Kabir, inedit ni Hamdi bin Abdul Majeed Al-Salafi, ikalawang edisyon (Mosul: Library of Science and Wisdom 1404) 22/393 at sinabi ni Al- Haythami tungkol sa kaniya (Isinalaysay ni Al- Tabarani sa Al- Saghir at Al- Kabir at ang tanikala ng paghahatid nito ay mabuti), Ali Al- Haythami, Majma 'Al- Zawa'id at Manba 'Al- Fawa'id (Beirut: Dar Al- Kitab Al- Arabi 6/1407/86

[70] Muhammad bin Al-Hasan Al-Shaybani, Al-Sir Al-Kabir and his explanation to Al-Sarkhasi, edited by Muhammad Hassan Muhammad, first edition (Beirut: Dar Al-Kutub Al-Ilmiyya 1417) 127/3 . And Muhammad bin Al-Shafi'i Yusuf Al-Salhi, Paths of Guidance and Righteousness in the Biography of the Best of Servants, edited by Fahim Muhammad Shaltut and his colleague (Cairo: Supreme Council for Islamic Affairs (1413) 24/ 5). The meaning of " Qilahum " is: from siesta, which is sleep and rest in the middle of the day: that is, let them rest. And they sleep in siesta

[71] Wahba Al-Zuhayli, Effects of War on Islamic Jurisprudence, p. 415

[72] Surah Al-Baqarah, Verse No. (190)

Nangangahulugan lamang na, pinapakain nila ang mga bihag dahil sa awa at pagmamahal bilang tao sa mga ito sa sitwasyong sila ay labis na nagugutom ngunit, nagsisimula sila sa mahihinang mga taong ito, ang dukha, ulila at bilanggo. Ang paksa na ito ay nangangahulugan ng pagiging mabait sa kanila sa lahat ng aspeto. Ang pagpapakain ay nangangahulugan din ito ng lahat ng uri ng kabutihan at benepisyo[73]. Ang pagkain ay nabanggit dahil ito ang pinakamarangal na uri ng kabutihan.

Ito ay sumisimbolo sa lubos na simpatya sa kapwa at walang tao ang mas pipiliin ang kaniyang pagkain kaysa sa ibang tao kapag siya ay nangangailangan maliban kung ang pag-uugali at moralidad ng tao na ito ay nagtataglay ng isang espesyal at napakataas na katayuan. Samakatuwid, hindi kataka-takang makita na ang mga kasamahan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay magpakain sa kanilang mga bihag ng mas maayos pa kaysa sa pagkain na kanila mismong kinakain. Isa sa mga bilanggo ang nagpatotoo dito, siya ay si Abu Aziz bin Umair at siya ay nagsabi: "Ako ay kasama ng mga (Ansar) o mga tao mula sa Medina nang sila ay dumating mula sa Bad`r at kapag sila ay naghain ng kanilang tanghalian o hapunan, sila ay magbibigay sa akin ng tinapay at kumakain sila ng datiles, alinsunod sa utos ng Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, sa kanila patungkol sa mga bihag kagaya natin. Walang kahit isang piraso ng tinapay ang napunta sa kamay nilang mga kasamahan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan maliban sa inalok ito saakin at nahihiya akong ibalik ito sa isa sa kanila at ni hindi nila ito hinawakan".

Si Abu Yusuf, kaawaan nawa siya ng Dakilang Allah ay nagsabi: "Ang mga bihag na hindi Muslim ay dapat bigyan ng pagkain at tratuhin ng mabuti hanggang sa magkaroon ng desisyon sa kanila."[74] Hindi kabilang sa kabutihan sa mga bilanggo ang iwanan sila ng walang pagkain o damit na puprotekta sa kanila.

Ang mga pinuno ng Muslim ay sumunod sa kaugalian at batas ng Islam sa kanilang mga pinagdaanang digmaan. Inaasikaso nila ang mga bilanggo at hindi sila ginugutom. Naitala ng kasaysayan ang mga ganitong pangyayari sa panahon ni Saladin Al- Ayyubi, kaawaan nawa siya ng Dakilang Allah noong siya ay nakikipaglaban sa mga Krusada. Nahuli niya ang malaking bilang ng mga hukbong Frankish at hindi siya nakahanap ng sapat na pagkain para sa kanila, kaya pinalaya niya silang lahat at nang magkatagpo-tagpo silang mga

[73] See: Al-Maraghi, Tafsir Al-Maraghi, second edition (Beirut: Arab Heritage Revival House, 1985) 29. / 165
[74] Abu Yusuf Yaqoub bin Ibrahim, Al- Kharaj, ikaanim na edisyon (Cairo: Salafi Press 1397), p. 161



Frankish ay bumuo sila ng isang hukbo upang labanan siya, tinanggap niya iyon at nakita niya na mas mabuti na patayin niya sila sa sitwasyon bilang mga mandirigma at hindi patayin sa sitwasyon ng pagkakabihag bilang mga taong gutom.[75]

4. Isa sa mga mabubuting pagtrato na nararapat sa mga bilanggo ay ang bihisan sila ng maayos, upang maging maayos ang kanilang pananamit at angkop na protektahan siya mula sa init ng tag-araw at lamig ng taglamig. Ito ay naiulat mula sa Sugo ng Dakilang Allah, mula sa Hadith ni Jabir, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah. Sa Araw ng Bad`r, dinala ang mga bihag at dinala si Abbas, na isa sa mga bihag, siya ay walang damit kaya ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay tumingin at natagpuan ang kamiseta ni Abdullah bin Abi Qadr at isinuot niya ito sa kaniya[76]. Naiulat din na siya, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay sinuutan mismo ng kaniyang mga damit ang ilan sa mga bilanggo.

5. Isa sa pinakamahalagang pagtrato na isinabatas ng Islam para sa mga bilanggo ay ang pagbibigay ng pahintulot sa mga ito ng karapatan na gawin ang mga ritwal ng kanilang relihiyon sa panahon ng kanilang pagkakabihag[77]. Ibinigay ng Islam sa bilanggo ang karapatang ito, at iyon ay isang usapin na mataas ang antas na pasok sa kaniyang pananampalataya sa kaniyang rilihiyon at ang pagtanggi niya na pumasok sa Islam dahil walang sapilitan sa pagyakap ng reilihiyon sinabi ng Dakilang Allah:

﴿ لَا إِكْرَاهَ فِي الدِّينِ﴾

*{Walang sapilitan sa relihiyon}*[78]

6. Hindi ipinagkanulo ng Islam ang mga bilanggo o mga bihag, kahit na ipinagkanulo ng kaaway ang mga bihag at bilanggong Muslim, batay sa mga salita ng Dakilang Allah:

﴿ وَلَا تَزِرُ وَازِرَةٌ وِزْرَ أُخْرَىٰ﴾

*{At huwag ipataw sa iba ang kasalanan na nagawa ng iba}*[79]

At batay sa Hadith na nagdaan, kung saan ito ay naglalaman, nang ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagpapadala ng kaniyang mga hukbo, sasabihin niya, "Makipaglaban sa pangalan ng Allah. Labanan ang mga hindi naniniwala sa Dakilang Allah

[75] Tingnan: Muhammad Abu Zahra, The Theory of War in Islam, pp. 56-57
[76] Al-Bukhari, Sahih al-Bukhari na nakalimbag sa Fath al-Bari la Ibn Hajar (Riyadh: Distribution of the General Presidency for Fatwa and Scientific Research in Riyadh), Book of Jihad, Bab al- Kiswah for Prisoners 144/6 Hindi. 3008
[77] Tingnan ang: Ihsan al-Hindi, Mga Rulings of War and Peace in the State of Islam, unang edisyon (Damascus: DN 1993 AD), p. 205
[78] Surat Al- Baqarah, talata Blg. (256)
[79] Surah Fatir, taludtod Blg. (18)

at huwag magmalabis, huwag magtaksil, huwag putulin ang mga parte ng katawan at huwag pumatay ng mga inosente, babae, matanda, bata at mga magsasaka".[80]

Nakasaad sa aklat na pinamagatang 'Ang talambuhay ng mga mensahero at mga hari' ni Ibn Jarir al-Tabari na ang pinuno ng dinistiya ng Umayyid na si Muawiyah bin Abi Sufyan ay napilitang gumawa ng isang kasunduan ng kapayapaan sa pagitan niya at ng mga Romano at kumuha ng mga kapalit mula sa kanila upang makatiyak, ngunit sila ay nagtaksil, siya ay nagsabi: "Mas mabuti na salubungin ang pagtataksil nang may katapatan kaysa sa pagsalubong ng pagtataksil sa pagtataksil".

7. Kabilang sa marangal na pagtrato sa mga bilanggo ay ang hindi paghihiwa-hiwalayin ang mga miyembro ng pamilya na nabihag. Sa ulat ni Abu Ayyub, sinabi niya: "narinig ko ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, na nagsabi: "Sinuman ang naghiwalay ng ina sa kaniyang anak, ihihiwalay siya ng Dakilang Allah sa kaniyang mga mahal sa Araw ng paghuhukom".[81] Si Al-Tirmidhi, kaawaan nawa siya ng Dakilang Allah ay nagsabi: "Ito ay isinagawa ng mga Kasamahan ng Propeta, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan at ng iba pa liban sa kanila na hindi nila gusto na paghiwalayin ang anak mula sa mga magulang nito, at magulang mula sa mga anak nito at ang mga magkakapatid".[82]

Sinabi ni Ibn Qudamah sa *Al- Mughni*: "Ang mga iskolar ay nagkakaisa na ang paghihiwalay sa pagitan ng isang ina at kaniyang anak ay hindi pinahihintulutan."[83] Gayundin, hindi pinahihintulutan ang paghihiwalay sa pagitan ng ama at ng kaniyang anak o sa pagitan ng dalawang magkapatid na lalaki o dalawang magkapatid na babae. Gayundin sinabi ng ilang mga hurado na hindi rin pinahihintulutan ang paghihiwalay kahit sa pagitan ng mga magkamag-anak na tagapangalaga ng naturang kamag-anak, tulad na lamang ng isang tiyahin sa ama at kaniyang pamangkin na lalaki, ang tiyahin mula sa nanay at ang kaniyang pamangkin na lalaki.[84] Ito ay iniulat na si Al- Mu'tasim na pinuno ng dinistiya ng Abbasid ay nakubkob ang isa sa mga

[80] Imam Ahmad, Musnad Imam Ahmad, inedit ni Dr. Abdullah Al- Turki at ng kaniyang mga kasamahan, unang edisyon (Beirut: Al- Risala Foundation 1417), 461/4, No. (2728). Sinabi ng imbestigador na ito ay mabuti ayon sa iba

[81] Imam Ahmad, Musnad al-Imam Ahmad (Ehipto: Cordoba Foundation) 412/5 at al-Tirmidhi Sunan al- Tirmidhi, inedit ni Ahmad Muhammad Shaker (Beirut: Dar Ihya al-Taraj al- Arabi , DT) 134/4. Sinabi ni Al-Tirmidhi tungkol sa kaniya: Ito ay isang mabuti at kakaibang Hadith

[82] Al-Tirmidhi, nakaraang sanggunian 134/4 at Muhammad Abd al-Rahman bin Abd al-Rahim al- Mubarakfuri, Tuhfat al- Ahwadhi bi Sharh Jami' al- Tirmidhi (Beirut: Dar al-Kutub al- Ilmiyyah (5) /154)

[83] Ibn Qudama, al- Mughni (Riyadh: Modern Riyadh Library, d. T) 422/8

[84] Tingnan: Ibn Qudamah, Al- Mughni 423/8-0424



kuta ng Armenia sa pamamagitan ng puwersa pagkatapos ng isang madugong labanan, kaya iniutos niya na huwag magkaroon ng paghihiwalay sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya na nahulog sa pagkabihag.[85]

8. Ipinagbabawal ng Islam ang mga agarang aksyon na maaaring magresulta sa pagkabalisa ng ilang mga sundalo dahil sa sikolohikal na epekto ng labanan. Pinipigilan ng batas ng Islam ang mga nangkubkob sa pagpatay ng kanilang mga bihag, indibidwal man o isang pangkat, dahil sa maaaring may nagawang masama sa kanila ang ilang mandirigma at ang pag subok na pawiin at gamutin ang hidwaan at galit sa pagitan nila ay hinihikayat habang nasa sitwasyon ng pagkakabihag. Tunay na ang pagiging masama sa bihag ay hindi pinahihintulutan sa Islam at iba pang kagaya nito. Nararaapat sa mga mandirigma ang paghihintay hanggang ang pinuno ng hukbo ay makakuha ng pinag-isang opinion ng maayos at maingat. Walang alinlangang pinipigilan ng ganitong hakbang ang reaksyong emosyonal na galit at pinapanatili ang dignidad at pagiging makatao at nangangalaga din ito ng dignidad at kaayusan ng mga bihag. Ito ang napagkasunduang batas ng mga iskolar, na ang usapin tungkol sa mga bilanggo ay nakabatay sa namumuno o mga hurado.

Ginagawa niya ang nananaig sa kaniya na pinakamabuti sa kanilang kalayagan.[86] Sinabi ni Ibn Qudamah: "Sinuman ang nagkaroon ng bihag ay walang karapatang pumatay sa kaniya, hanggang sa dumating ang Imam at magbigay ng kaniyang opinyon tungkol sa bihag na ito, sapagkat kung sakali na magkaroon ng bilanggo, ang pagpili ng maaaring maging disisyon ay nakadepende sa Imam."[87]

Pinoprotektahan ng pagbabawal na ito sa pagpatay at pananakit sa bihag mula sa pagkagalit at kawalan ng pag-asa na nagpapahirap sa mga sundalo sa sandali ng pagkakabihag. Ang mga krimen at pagmamalabis laban sa makataong batas ay madalas na nangyayari sa mga sa sandali ng pagkatalo at kapag nahulog sila sa mga kamay ng mga sundalo ng kabilang partido, ngunit kapag pinigilan ng mga mandirigma na kumilos ng agaran sa sandaling iyon, ito ay nagbibigay ng proteksyon sa posibleng pagkakabihag nila. Para sa bilanggo, siya ay ginagarantiyahan ng isang mataas na antas ng deliberasyon tungkol sa kaniyang kapalaran na humahantong sa pagpapanatili ng kaniyang pagkatao at dignidad at pagtrato sa kaniya sa paraang malayo sa pagka-alis ng pag-asa o ang galit at puot na dulot ng digmaan.

Kasama rin sa pagbabawal na ito o ang pagbabawal nang pagdudulot ng isang mandirigma ng pinsala at kawalang-awa sa bihag ang salakayin ang

[85] Tingnan ang: Adam Metz, Kabihasnang Arab sa Ikaapat na Siglo AH

[86] Tingnan: Ibn Hajar, Fath al-Bari, 151/6, Al- Mawardi, Al- Ahkam Al- Sultaniyyah, p. 104**al-Ahwadhi bi Sharh Jami' at-Tirmidhi.** (Beirut: Dar al-Kutub al-Ilmiyyat), 5/154

[87] Ibn Qudamah, Al- Mughni 377/8

isang bihag na nahuli ng ibang mandirigma. Kung makita ng mandirigma ang isang bihag kasama ng ibang mandirigma, hindi siya pinapayagang patayin ito. Ito ay ipinahiwatig ng Hadith ni Samurah, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah, na ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: "Wala sa inyo ang dapat mangialam sa mga bihag ng inyong mga kasamahang mandirigma, bawal ninyong kuhain ang bihag nila at bawal ninyong patayin."[88]

9. Ang Islam ay nag-utos ng pagiging maawain sa pakikitungo nito sa mga bihag o bilanggo at ang pagpapalaya sa mga ito ay isa sa marangal na moralidad na ipinagmamalaki ng mga Arabo. Sinabi ng isang makata:

"At hindi namin pinapatay ang mga bilanggo, ngunit pinapalaya namin sila. Kapag ang leeg ay bumigat na ay nagiging mabigat ang pasanin."[89] at ang pinakatanyag na talata na namamahala sa legal na katayuan ng mga bilanggo o bihag sa batas ng Islam ay ang sinabi ng Dakilang Allah:

﴿ فَإِذَا لَقِيتُمُ الَّذِينَ كَفَرُوا فَضَرْبَ الرِّقَابِ حَتَّىٰ إِذَا أَثْخَنتُمُوهُمْ فَشُدُّوا الْوَثَاقَ فَإِمَّا مَنًّا بَعْدُ وَإِمَّا فِدَاءً حَتَّىٰ تَضَعَ الْحَرْبُ أَوْزَارَهَا﴾

*{At kapag nakatagpo ninyo, O kayong mga mananampalataya, ang mga yaong di-naniwala sa labanan ay maging totoo kayo sa pakikipaglaban sa kanila, at tagain ninyo ang kanilang mga leeg, hanggang kapag napahina na ninyo sila dahil sa dami ng namatay sa kanila at nawasak na ninyo ang kanilang lakas ay pagtibayin ninyo naman ang inyong pagtali sa inyong mga bihag; na maaaring pagkalooban ninyo sila ng kagandahang-loob sa pamamagitan ng pagpapakawala o pagpapalaya sa kanila na walang kapalit, o hindi kaya ay tutubusin nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang yaman o iba pa, at manatili kayo sa gayong kalagayan hanggang matapos ang labanan. }*[90]

Matapos ang pagkakahuli ng mga bihag o pag-aresto sa kanila, ay nararapat na sila ay pangalagaan at asikasuhin hanggang sa matapos ang digmaan. May mga pamilian ang namumuno kung ano nga ba ang mainam na ipatupad sa mga bihag: una ay maaari na lamang na patawarin ang mga bilanggo at palayain sila ng walang kabayaran o kapalit. Tunay na naipatupad ito ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa mga digmaan na kaniyang pinamunuan, tulad ng nakatala sa kaniyang talambuhay, at walang nakakagulat sa mga bagay na ito. Iyon ay dahil ang Dakilang Allah ay nagsimula sa pagpapatawad. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

[88] Abdullah Adi Al- Jurjani, ni Kamil sa mahihinang lalaki, inedit ni Yahya Mukhtar Ghazawi, ikatlong edisyon (Beirut: Dar Al- Fikr 1409) 1/336
[89] Tingnan ang: Al- Shawkani, Fath Al- Qadeer, na pinagsasama ang sining ng pagsasalaysay at kaalaman sa agham ng interpretasyon, inedit ni Abdul Rahman Amira, ikalawang edisyon (Mansoura: Dar Al- Wafa ' para sa Paglimbag at Paglalathala 1418). 40/5
[90] Surah Muhammad, Talata Blg. (4)



﴿فَإِمَّا مَنًّا بَعْدُ وَإِمَّا فِدَاءً حَتَّىٰ تَضَعَ الْحَرْبُ أَوْزَارَهَا﴾

*{Na maaaring pagkalooban ninyo sila ng kagandahang-loob sa pamamagitan ng pagpapakawala o pagpapalaya sa kanila na walang kapalit, o hindi kaya ay tutubusin nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang yaman o iba pa, at manatili kayo sa gayong kalagayan hanggang matapos ang labanan.}*

Ang '*Manna*' sa wikang Arabik ay ang pagpapatawad at pagpapalaya sa isang bilanggo ng walang hinihinging kapalit o kabayaran, ito ay may katibayan kaya mas pinili ito ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa digmaan sa araw ng Bad`r.[91] Batay narin sa mga pangyayari na ito kaya naging ang pagpapatawad ang siyang dapat mauna kaysa sa ibang pamimilian, sinabi ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan pagkatapos ng labanan sa Bad`r: "Kung si Al- Mut'im bin Adi, isa sa mga pinuno ng mga hindi nananampalataya ay buhay pa at pagkatapos ay hiniling niya ang pagpapalaya sa mga bilanggo ng Bad`r ay palalayain ko sana sila para sa kaniyang kapakanan". Ang lahat ng ito ay malinaw na nagpapahiwatig ng katayuan sa pagpapatawad sa mga bilanggo sa Islamikong batas.

Ang pangawalang pamimilian naman ay ang pagtubos sa mga bilanggo o bihag ng digmaan: ang bilanggo ay maaaring tubusin ang kaniyang mismong sarili sa pamamagitan ng kayamanan, tulad ng nangyari sa mga bilanggo sa labanan ng Bad`r na tinubos sa pamamagitan ng isang lalaking Muslim na binihag din ng mga hindi nananampalataya. Ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay hindi nilimitahan ang pamamaraan ng pagtubos sa pamamagitan ng kayamanan at tao, bagkus ay ginawa rin niyang pantubos ang ibang paraaan tulad na lamang sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga batang Muslim ng mga bilanggo na magsulat at magbasa. Ito ay isang madaling gawain para sa bilanggo at ito ay isang malinaw na indikasyon ng pagnanais ng relihiyong Islam na magbigay ng kalayaan at labanan ang kamangmangan.

Tungkol naman sa pangatlong pamilian, ito ay ang pagpatay sa bilanggo at ang mga nagtataguyod nito[92] ay mayroong pinanghahawakang katibayan mula sa Qur'an at Sunnah at kabilang sa kanilang katibayan ay ang binanggit sa talambuhay ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, na pinatay ang ilang mga bilanggo. Sa kabilang banda, inipon ni Ibn al-Arabi kaawaan nawa siya ng Dakilang Allah, ang mga salita ni Ibn Abbas, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah isa na dito ay ang "hanggang sa ang isang bagay ay kumapal"[93] sa lupain at iyon ay ang araw ng Bad`r at ang mga Muslim

[91] Tingnan ang: Al- Zarqani, Sharh Al- Mawahib Al- Ludaniyya 543/1-544, sinipi ang kasabihang ito sa awtoridad ni Al- Suhayli
[92] Tingnan ang: Al- Shafi'i, Al-Umm, ikalawang edisyon (Beirut: Dar Al- Ma'rifa, 1393) 260/4
[93] Pagpapakapal ng isang bagay: pagpaparami nito at ang ibig sabihin dito ay pakikipaglaban o pagpatay sa mga hindi nananampalataya

ay kakaunti, kaya nang sila ay dumami, ang Dakilang Allah ay nagsabi:

﴿فَإِمَّا مَنًّا بَعْدُ وَإِمَّا فِدَاءً﴾

*{Na maaaring pagkalooban ninyo sila ng kagandahang-loob sa pamamagitan ng pagpapakawala o pagpapalaya sa kanila na walang kapalit, o hindi kaya ay tutubusin nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang yaman o iba pa.}*

Kaya binigyan sila ng Dakilang Allah ng pagpipilian at napakaraming komentarista at tagapagsalin ng banal na Qur'an ang nagsabi ng kagaya nito.[94] Nangangahulugan ito na ang pagpatay sa bilanggo ay sa simula lamang ng usapin. Noong kakaunti pa lamang ang mga Muslim, ang pagpili ay naging sa pagitan lamang ng pagpapatawad at pagtubos, na siyang opinyon ng ibang mga hurado na nakikita ang pagbabawal ng pagpatay ng isang bilanggo. Sinabi ni Ibn Rushdi pagkatapos natin iulat ang hindi pagkakasundo sa isyu at ang karamihan sa mga iskolar ay naniniwala na ang pamilian ng imam ay dapat alinman sa pagpapatawad, pagkaalipin o pagpatay. Sinabi niya: "sinabi ng isang grupo ng mga tao: Hindi pinahihintulutan ang pumatay ng isang bilanggo".

Si Al-Hasan bin Muhammad Al- Tamimi ay nagsalaysay na ito ay ang pinagkasunduan ng mga kasamahan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan[95] at sina Al-Has at Ata ay nagsabi: "Ang imam ay walang karapatang pumatay ng isang bilanggo."[96] At sinabi pa ni Abu Hayyan sa librong *Al-Bahr Al-Muhit* nang bigyang-kahulugan niya ang sinabi ng Dakilang Allah:

﴿إِذَا لَقِيتُمُ الَّذِينَ كَفَرُوا فَضَرْبَ الرِّقَابِ حَتَّىٰ إِذَا أَثْخَنتُمُوهُمْ فَشُدُّوا الْوَثَاقَ فَإِمَّا مَنًّا بَعْدُ وَإِمَّا فِدَاءً حَتَّىٰ تَضَعَ الْحَرْبُ أَوْزَارَهَا﴾

*{At kapag nakatagpo ninyo, O kayong mga mananampalataya, ang mga yaong di-naniwala sa labanan ay maging totoo kayo sa pakikipaglaban sa kanila, at tagain ninyo ang kanilang mga leeg, hanggang kapag napahina na ninyo sila dahil sa dami ng namatay sa kanila at nawasak na ninyo ang kanilang lakas ay pagtibayin ninyo naman ang inyong pagtali sa inyong mga bihag; na maaaring pagkalooban ninyo sila ng kagandahang-loob sa pamamagitan ng pagpapakawala o pagpapalaya sa kanila na walang kapalit, o hindi kaya ay tutubusin nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang yaman o iba pa, at manatili kayo sa gayong kalagayan hanggang matapos ang labanan.}*[97]

Mayroong dalawang kalagayan para sa mga bihag: Alinman sa siya ay bigyan ng kalayaan, tulad ng ipinagkaloob ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan kay Thumama bin Uthal al-Hanafi o kaya naman ay ang pagtubos tulad ng isinalaysay tungkol sa ginawa ng Sugo sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan na ang dalawang lalaki mula sa mga hindi mananampalataya ay tinubos sa pamamagitan isang lalaking Muslim.[98]

Ito ay naaayon sa opinyon na nagsasabing ang digmaan sa Islam ay hindi naglalayong lipulin ang kalaban, bagkus ang intensyon ay upang maiwasan ang pagkakaroon ng pagmamalabis at malaking pinsala. Kapag ang pag-iwas sa pagmamalabis at pamiminsala ay nakamit na at ang ilan sa mga kalaban ay nahuli at hindi kabilang ang mga ito sa mga kriminal o mapagmalabis sa digmaan o may mataas na posisyon ang mga ito ay hindi pinahihintulutang patayin.

10. Nauna nang itinuro ang katayuan ng kaugalian bilang isang lehitimong mapagkukunan ng alituntunin ng batas sa armadong labanan sa Islam, alinsunod dito, kapag ang mga bansa ay nangako o sumang-ayon sa pangangailangang protektahan ang isang bilanggo mula sa pagpatay matapos siyang mahuli, ang kasunduan o kaugaliang ito ay nagkakaroon ng bisa sa Islamikong bansa. Ito ay bahagi ng kaugalian na dapat ipatupad sa lahat at napapaloob ito sa pampublikong internasyonal na batas na umiiral sa kasunduan at kaugalian na obligado. Bagama't nililimitahan nito ang awtoridad ng namumuno, ito naman ay nagdudulot ng kaayusan at katiwasayan at iba pang mga magkakasamang benepisyo at ang islamikong bansa ay talagang pinangangalagaan ang pagpapatupad nito. Ang pakikipagtulungan kasama ang internasyonal na komunidad upang ipatupad ang kasunduan o kaugalian na ito ay lubos na kabutihan dahil ito ay naglalayon na protektahan, parangalan at pangalagaan ang mga bilanggo.

[94] Ibn al- Arabi, Ahkam al-Qur'an, inedit ni Ali Muhammad al- Bajjawi (Beirut: Dar al- Fikr, DT)

[95] Ayn Rushd, Ang Simula ng Mujtahid at ang Wakas ng Muqtassid, ikaanim na edisyon (Beirut: Dar Al- Ma'rifa. 1402 (1/382)

[96] Ibn al- Arabi, Ahkam al-Qur'an, 1703/4. Sinabi ni Wahba Al- Zuhayli sa kaniyang aklat na Effects of War in Islamic Hurisprudensiya, p. 440, "Ang pagpatay sa isang bilanggo sa Islam ay mas malapit sa pagbabawal kaysa sa pagpapahintulot at kung ito ay pinahihintulutan, ito ay isang mabisang gamot sa mga espesyal na sitwasyon ng mga kaso at para sa sukdulang pangangailangan lamang at ito ay hindi panggamot para sa pangkalahatang sitwasyon." Sinabi rin niya, p. 436: Ang mga insidente ng pagpatay sa ilang mga bilanggo sa simula ng Islam ay itinuturing na mga indibidwal na insidente dahil sa mga tiyak na pangyayari at hindi pangkalahatang permanenteng batas maliban sa mga iilang parehong pangyayari. Ang ilang mga bilanggo ay pinaslang dahil sa kanilang pagka-ekstremismo sa pakikipaglaban sa Islamikong panawagan, sa kanilang malaking pang-aalipusta laban sa mga Muslim at sa pag-uudyok sa mga tribo laban sa mga Muslim at sa patuloy na pananakit sa Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan at ang pagpapatuloy nila sa pang-aalipusta. (tingnan: Abd al-Wahid Yusuf al-Far, Prisoners of War ed.) Cairo: Alam al- Kutub, 1975) pp. 191-192. Sinuportahan niya ang pinanigan ni Al- Zuhayli

[97] Surah Muhammad, Talata Blg. (4)

[98] Abu Hayyan Al- Andalusi, Tafsir Al-Bahr Al- Muhit, ikalawang edisyon (Beirut: Dar Al- Fikr para sa Paglimbag, Paglalathala at Pamamahagi 1403) 74/8. Pagkatapos ng pahayag na ito, binanggit ni Abu Hayyan, kaawaan nawa siya ng Dakilang Allah, ang hindi pagkakasundo ng mga iskolar tungkol sa isyu at ang maliwanag na pagkakasalungatan ng kanilang opinion sa pagitan ng talatang ito at ng talata na {Kaya patayin ang mga hindi mananampalataya saanman ninyo sila matagpuan}

## PANGATLO: ANG MGA KARAPATAN NG MGA NAWAWALA SA DIGMAAN AT MGA NAMATAY

Maraming nawawalang mga tao pagkatapos ng mga digmaan na walang balita man lamang tungkol sa kanila at ito ay walang alinlangan na isang masakit at matinding pinsala na maaaring makarating sa pamilya ng nawawalang tao sa pamamagitan ng balita ng kaniyang kamatayan, maaaring magpahaba ito ng sakit para sa kanila sa patuloy na pag-iisip sa trahedya na sinapit ng mga taong nawawala. Ang ilang mga tao ay nagnanais na ang balita ng pagkamatay ng kanilang mga nawawalang kamag-anak ay upang maibalik ang kanilang katatagan.

Dahil sa kadahilanang ito, kinakailangang ipaalam sa kaaway na mayroong hawak na mga bilanggo ang mga Muslim. Hindi pinahihintulutan na itago ang mga pangalan ng mga bilanggo o itanggi ang pagkakaroon ng mga bilanggo, dahil iyon ay isang pagpapasakit at pagmamalabis sa mga bilanggo at hindi pagbibigay ng kanilang karapatan. Kabilang sa mabuting pakikitungo sa bilanggo na nakapaloob sa batas ng Islam ay ang kinakailangang paggalang sa kanilang pagkatao, pagpapahalaga sa kanilang dignidad at pagpapaalam sa kanilang pamilya ng sapat na impormasyon tungkol sa kanila.

Tunay na kabilang sa mga mahahalagang bagay ang malaman ang balita ng mga mandirigma o sundalo pagkatapos ng bawat labanan at mangolekta ng impormasyon tungkol sa sinumang sundalo na nawawala at sinuman sa kanila ang namatay sa larangan ng digmaan na ang katawan nila ay nananatili sa mga Muslim, tunay na pinaparangalan ng Islam ang tao buhay man ito o patay na at ang pagpaparangal sa kaniya bilang patay ay bibigyan ng halimbawa sa ilang mga punto:

1. Ang Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ay ipinagbawal ang paglapastangan o pagputol ng mga bahagi ng katawan ng mga namatay sa digmaan.[99] Ito ay pinatotootohanan ng Hadith ni Buraydah, nawa'y ang lugod ng Dakilang Allah ay mapasakaniya: Kapag ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nag-utos sa isang kumander o pinuno sa isang hukbo o isang pangkat, siya ay espesyal na pinapayuhan ng pagkatakot sa Dakilang Allah at gumawa ng mabuti sa mga Muslim na kasama niya pagkatapos ay kaniyang sinasabi na: "Makipaglaban sa pangalan ng Allah. Labanan ang mga hindi naniniwala sa Dakilang Allah at huwag magmalabis, huwag magtaksil, huwag putulin ang mga parte ng katawan at huwag pumatay ng mga inosente, babae, matanda, at bata}.[100] At sa isinalaysay naman ni Anas bin Malik, kalugdan nawa siya ng Dakilang

[99] Pagputol: Sinasabing ang biktima ay naputol kung pinuputol niya ang kaniyang ilong, tainga, ari o alinman sa kaniyang mga paa. Al- San'ani , Subul al-Salam Sharh Bulugh al- Maram (Riyadh: Imam Muhammad bin Saud Islamic University 1397) 4/96

[100] Imam Muslim, Sahih Muslim 1357/3 Blg. (1731)



Allah, na kaniyang sinabi: "Ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay hindi nagbigay ng sermon nang hindi nag-uutos sa pagkakawanggawa at nagbabawal sa pagputol at paglapastangan sa mga bangkay na mula sa mga kalaban".[101]

At sa Labanan sa bundok ng Uhud, nang pinutol ng mga kaaway ang mga parte ng katawan ng mga namatay na Muslim, ang Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: tulad ng sa interpretasyon ng Al-Tari: "Kung atin silang matatalo sila ay ating puputul-putulin na ang isang lalaki ay mahahati na para bagang dalawang-ikatlo". Nang marinig iyon ng mga Muslim, sinabi nila, "sumpa man sa Dakilang Allah kung matatalo natin sila, puputul-putulin natin sila sa paraang kahindik-hindik na hindi pa kailanman ginawa ng sinumang Arabo." Kaya't ang Dakilang Allah ay agarang nagbaba ng rebelasyon, sinabi ng Dakilang Allah:

﴿ وَإِنْ عَاقَبْتُمْ فَعَاقِبُوا بِمِثْلِ مَا عُوقِبْتُم بِهِ ۖ وَلَئِن صَبَرْتُمْ لَهُوَ خَيْرٌ لِّلصَّابِرِينَ ﴾

*{At kung nais ninyo, O kayong mga mananampalataya, na gumanti sa sinumang nakagawa ng anumang bagay na masama laban sa inyo, ay huwag kayong magmalabis na hihigitan pa ninyo ang igaganti ninyo sa kanilang ginawa, at kung kayo ay magtitiis, ito ay mas higit na makabubuti para sa inyo rito sa daigdig bilang tagumpay, at sa Kabilang-Buhay naman ay dakilang gantimpala ang mapapasainyo.}*[102]

Si Al-Tabari ay nagsabi: "pagkatapos ng kaniyang paghahangad dito ay sinabihan at binigyan siya ng rebelasyon na huwag pumutol ng mga parte ng katawan kaya ito ay ipinagbawal niya ng agaran".[103]

Samakatuwid, ang pagputol at paglapastangan sa katawan ng patay mula sa mga kaaway ay hindi pinahihintulutan.[104] Sa halip, sinabi ni Al- San'ani sa libro na Subul al-Salam na ang naunang Hadith ni Buraydah ay nagpapahiwatig ng pagbabawal ng pagputol ng katawan ng patay at pagbabawal ng pagpatay sa mga batang hindi mga muslim, pagkatapos ay sinabi niya "at ang mga pagbabawal na ito ay ipinagbabawal sa pamamagitan ng pagkakasundo ng mga maaalam sa batas ng Islam"[105]. Sinabi ni Al-Zamakhshari, "Walang hindi pagkakasundo tungkol sa pagbabawal ng pagputol ng katawan ng mga patay at may mga ulat ng katibayan nang pagbabawal dito, kahit pa ang katawan ay sa isang mabangis na aso."[106]

[101] Al- Bayhaqi, Al- Sunan Al-Kubra 69/9

[102] Surah An- Nahl , talata Blg. (126)

[103] Al- Tabari, Tafsir Al- Tabari (Beirut: Dar Al- Fikr (1405 14/176)

[104] Tingnan: Ibn Qudamah, Al- Kafi , inedit ni Zuhair Al- Shawish, ikalimang edisyon (Beirut: Al- Maktab Al- Islami 1408) 272/4

[105] Tingnan ang: Al- San'ani, Subul al-Salam 97/4

[106] Al- Zamakhshari, Al- Kashshaf fi Haqiqat al-Revelation and the Eyes of Sayings on the Faces of Interpretation, inedit ni Muhammad Al- Sadiq Qamhawi, DI (Egypt: Mustafa Al-Babi Al- Halabi Library and Press Company 1392 435/2

2. Kung paanong ipinagbawal ng Islam ang pagputol sa katawan ng mga patay, ipinagbawal din ng Islam ang pagdadala ng kanilang mga ulo at ang pagkuha ng kasikatan o pagmamalaki sa ganitong gawain. Sinabi ni Al- Zuhri: "Walang ulo ang dinala sa Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan kailan man."[107]

Si Muhammad bin Hassan Al-Shaybani ay nagsalaysay na si Uqba bin Amer Al-Juhani ay nagdala sa pinuno ng mga Muslim na si Abu Bakr Al-Siddiq, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah ng ulo ng isa sa mga namatay na hindi Muslim. Itinanggi ito ni Abu Bakr, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah at siya ay sumulat sa kaniyang mga itinalaga na pinuno: "Huwag dalahin sa akin ang ulo ninuman, kung hindi kayo susunod tunay na kayo ay makakagawa ng pagsuway (kayo ay lalabag sa batas at magiging mapagmalabis). Ngunit sapat na sa akin ang pagsulat ninyo at ang mga balita mula sa inyo."[108] At sa isa pang pagsasalaysay, kaniyang sinabi: "Ito ay nakagawian o kasanayan lamang ng mga hindi Arabo."[109] Nangangahulugan ito na ang pagdadala ng ulo ay hindi kilala o hindi isinasagawa sa rilihiyong Islam sa panahon ng pagsasabatas nito. Bagkus, ang salita ni Abu Bakr na: "Ito ay nakagawian o kasanayan lamang ng mga hindi Arabo" ay nangangahulugan ng pagsalungat at pagtanggi sa gawaing ito. Ito ay aksyon na nangangahulugan na ito ay hindi pinahihintulutan kahit na mapatunayan na ang ilan sa mga iyon ay nangyari. Ito ay nagiging kahalintulad ng mga ginawa ng mga kalaban ng Islam kagaya ng malinaw na mga halimbawang binanggit sa mga biograpikal na aklat ng kasaysayan tungkol sa kung paano dinala ang kanilang mga ulo pagkatapos ng labanan.[110] At ang hatol kung ganoon ang pangyayari ay nasa limitadong saklaw, at ilalapat lamang sa mga iilang tao na naging lubhang sumubra sa limitasyon ang pag bibigay ng purwisyo, pananakit, paglapastangan, pagmamalabis at pag-atake sa mga Muslim.

3. Upang mapangalagaan ang dignidad ng mga patay na tao, ang mga bangkay ng mga patay ay hindi dapat iwanang nilalamon ng mababangis na hayop at ibon. Sa halip, dapat silang itago at ilayo sa anumang kahihiyan at panganib na maaaring mangyari sa kanilang mga katawan. Kung paanong ipinagbawal ng Islam ang pagputol sa katawan ng mga patay mula sa kamay ng mga mandirigmang Muslim, ipinag-utos din nito na ang mga katawan ng mga

[107] Al- Bayhaqi, Al- Sunan Al-Kubra) 1329 - 133 at Ibn Qudamah, Al- Mughni 494/8. Si Al- Zuhayli ay nagsabi (Tungkol sa kung ano ang isinalaysay sa kaniyang pagdadala sa ulo ni Abu Jahl, ang mga iskolar ay nagsalita tungkol sa pagpapatunay na iyon, ngunit ang pinaka-malamang na opinion dito ay hindi napatunayan ang bagay na ito) Aathaar Al-War in Islamic Hurisprudensiya, p. 484

[108] Tingnan: Muhammad Al-Hasan Al- Shaybani, Al-Sir Al- Kabeer 1/79. At Al- Bayhaqi, Al- Sunan Al-Kubra 9/132

[109] Al- Bayhaqi, Al- Sunan Al-Kubra 9/132

[110] Tingnan: Ismail Abu Sharia, The Theory of War in Islam, unang edisyon (Kuwait: Al-Falah Library (1401) p. 520)



napatay ay protektahan mula sa pagputol, pagkain, pagsira at paglapastangan ng mga ibon at iba pang mga mababangis na hayop.[111]

Mayroong ilang mga teksto sa batas ng Islam na nagpapahiwatig na ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay itinago ang mga bangkay ng mga hindi nananampalataya at hindi iniwan ang mga itong nasa lugar na mabilis mapinsala. Sa panahon ng Labanan sa Bad`r, inutusan ng Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan na ang mga katawan ng mga hindi nananampalataya ay ilagay sa isang balon at itago doon, at itinago naman ang katawan ni Umayyah bin Khalaf nang hindi nila magawang hilahin ito patungo sa balon at hindi ito iniwan sa bukas na lugar o nang nakatiwangwang na maaaring mapinsala ng mga insekto at mga mababangis na hayop.[112] Hindi siya dadaan sa isang bangkay maliban na lamang na inuutusan niya na ilibing ito nang hindi nagtatanong tungkol sa kung ano ang relihiyon ng naturang bangkay. Sa pagsasalaysay ni Ya'la bin Murrah, sinabi niya: "Naglakbay ako kasama ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, nang higit sa isang beses at hindi ko siya nakitang dumaan sa bangkay ng isang tao o nilampasan niya ito maliban na lamang na ipag-utos niya itong ilibing. Hindi siya nagtanong kung siya ay isang Muslim o isang hindi Muslim."[113] Mula sa kabuuan ng mga tekstong ito, masasabi na ang Islam ay itinuturing na obligado ang paglilibing sa patay mula sa hanay ng kaaway, bilang pag-asikaso at pagbibigay ng karangalan sa kanilang pagkatao at ang kanilang patutunguhan at pananagutan pagkatapos nito ay nakasalalay na sa Dakilang Allah.[114] Ito ang katotohanang praktikal na pagpaparangal sa mga tao buhay man o patay, nang walang anumang diskriminasyon na nakakaapekto sa dignidad, relihiyon, paniniwala at anumang bagay.

[111] Tingnan: Abu Al- Khair Ahmed Attia , Proteksyon ng Populasyon ng Sibilyan at Mga Bagay na Sibilyan, Ian Al- Harb, p. 107

[112] Tingnan: Ibn Hisham, The Biography of the Prophet, inedit ni Adel Ahmad Abd al-Mawjoud at ng kaniyang kasamahan, unang edisyon (Riyadh: Al- Obaikan Library 1418) 230/1

[113] Al- Daraqutni, Sunan Al- Daraqutni na nakalimbag na may komentaryo ni Al- Mughni sa Sunan Al- Daraqutni (C) 116/4 Book of Sirs No. 41

[114] Tingnan ang: Ismail Abu Sharia, The Theory of War in Islam, p. 514

## PANG-APAT: MGA KARAPATAN NG POPULASYONG SIBILYAN[115]

Ang batas ng Islam ay kilala sa loob ng labing-apat na siglo, ang prinsipyo ng pagkakaiba sa pagitan ng mga mandirigma at iba pang mapayapang sibilyan at ang pagkakaiba sa pagitan ng mga pasilidad militar at mga pasilidad ng sibilyan. Ang Islam, kasama ang mga legal na teksto mula sa batas ng Islam at praktikal na aplikasyon nito ay nagbigay ng panuntunan sa pagkakaiba ng mga ito at nagpasya na ang mga bawat indibidwal na sibilyan ay dapat protektahan mula sa pag-atake, pinsala at pagmamalabis. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

﴿ وَقَاتِلُوا فِي سَبِيلِ اللَّهِ الَّذِينَ يُقَاتِلُونَكُمْ وَلَا تَعْتَدُوا ۚ إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ الْمُعْتَدِينَ﴾

*{At makipaglaban kayo, O kayong mga naniniwala sa Allâh, upang maitaguyod ang Deen ng Allâh, sa mga taong nakikipaglaban sa inyo at huwag kayo ang magpapasimuno ng gulo. Katiyakan, hindi naiibigan ng Allâh ang mga lumalabag sa Kaniyang itinakdang hangganan at nagpapasimuno ng gulo, at pinahihintulutan nila ang ipinagbabawal ng Allâh at ng Kaniyang Sugo}*[116]

Binigyang kahulugan ni Ibn al- Arabi, nawa'y kaawaan siya ng Dakilang Allah, ang talatang ito at kaniyang sinabi: "huwag makipaglaban maliban na lamang sa mga taong nakikipag laban at sila ay mga nasa hustong gulang na mga lalaki, at sila namang mga babae, bata at mga monghe o pari, hindi sila dapat patayin."[117] Isinalaysay sa awtoridad ni Ibn Abbas, nawa'y kalugdan sila ng Dakilang Allah sa sinabi ng Dakilang Allah:

﴿وَلَا تَعْتَدُوا﴾

*{at huwag kayo ang magpapasimuno ng gulo}*

Sinabi niya: "Huwag patayin ang mga babae, bata o matanda." Kabilang na dito ang mga bulag, pari o monghe, magsasaka at iba pa.[118]

Ang payo ng Sugo ng Dakilang Allah sa kaniyang mga mandirigma habang ipinapadala niya sila upang labanan ang mga kaaway ay binibigyang-diin ang pagkakaiba sa pagitan ng mga mandirigma at mga sibilyan. Sa pagsasalaysay ni Anas bin Malik, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah, na ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: "Humayo kayo

115 Ang konsepto ng mga sibilyan ay kinabibilangan ng bawat mandirigma na walang anumang anyo o kahulugan dahil sa pisikal o nakaugalian na mga pagsasaalang-alang, tulad ng mga babae, lalaki, mensahero at iba pang mga tao na walang koneksyon sa mga gawaing militar at digmaan sa kanilang iba't ibang anyo. Tingnan ang: Hassan Abu Ghadda, Jurisprudential Issues in International Relations, p. 26

116 Surah Al- Baqarah, Talata Blg. (190)

117 Tingnan ang: Ibn al- Arabi, Ahkam al-Qur'an 104/1

118 Tingnan: Ibn Qudamah, Al- Mughni 477/8 - 479 at ang pagbabawal na ito laban sa pagpatay sa kanila kung hindi sila lumaban. Kung lalaban sila, hindi sila sibilyan, kundi mga sundalo sa labanan, kaya kinukuha nila ang kanilang pamumuno. Muhammad Al-Hasan Al- Shaybani, ang nakalimbag na Sir Al- Kabir kasama ang kaniyang paliwanag ng Al- Sarkhasi 187/4 at Ibn Qudamah. Al- Mughni 478/8



sa pangalan ng Dakilang Allah, sa pamamagitan ng Dakilang Allah at sa relihiyon ng Sugo ng Dakilang Allah at huwag patayin ang mga matatandang lalaki na nasa mataas na antas na ng kanilang edad, ni huwag papatay ng kabataan at mga kababaihan. Huwag kayong magmalabis at tipunin ninyo ang iyong mga nasamsam at gumawa ng mga kaayusan at gumawa ng kabutihan. Tunay na mahal ng Dakilang Allah ang mga gumagawa ng mabuti."[119]

Mapapansin natin sa marangal na payo na ito mula sa Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan na nakatuon ito sa hindi pagpapahintulot ng pagpatay sa tatlong kategorya ng mga tao:

1. Ang mga matatanda.
2. Ang mga maliliit na bata.
3. Ang mga babae

Sinabi niya: "Huwag patayin ang mga matatanda, bata, kabataan at mga babae". Ang mga taong ito ay hindi inaasahang lalahok sa mga operasyong militar. Hindi kasama sa layunin ng digmaan sa Islam ang lipulin o ubusin ang kaaway, bagkus ang motibo ay upang maiwasan ang pagmamalabis at lubusang pananakit, kung gayon hindi tama na lumampas sa layunin na ito ang pakikipaglaban. Kung ang dahilan ng hindi pagpapahintulot ng pagpatay sa mga taong ito ay dahil sa kanilang kawalan ng pakikilahok sa digmaan, kung gayon ang sinumang hindi lumahok sa pakikipaglaban sa anumang paraan ay isang sibilyan na kasama sa kahulugang ito. Ang nilalaman ng utos at payo na ito ay paulit-ulit sa mga direktiba ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, sa mga pinuno ng kaniyang mga hukbo na lumalabas tungo sa digmaan at pakikipaglaban. Palagi niyang ipinag-uutos sa kanila na huwag patayin ang mga babae, mga bata at mga may-ari ng mga kamalig o imbakan ng inani at kabilang dito ang kaniyang pagsasabi, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa Hadith na isinalaysay ni Ibn Abbas, nawa'y kalugdan silang dalawa ng Dakilang Allah na nagsabi, ito ay nang ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagpadala ng kaniyang mga hukbo, sinabi niya: "Makipaglaban sa pangalan ng Allah. Labanan ang mga hindi naniniwala sa Dakilang Allah at huwag magmalabis, huwag magtaksil, huwag putulin ang mga parte ng katawan at huwag pumatay ng mga inosente, babae, matanda, bata at mga magsasaka."[120]

Sa pagsasalaysay ni Ibn Ka'b ibn Malik, sa awtoridad ng kaniyang tiyuhin, na ang Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ay

119 Abu Dawud, Sunan Abi Dawud, inedit ni Muhammad Muhyi al-Din Abd al-Hamid (Beirut: Dar Al- Fikr , DT) 3/37. At Ahmad bin Al-Hussein Al- Bayhaqi, Al- Sunan Al-Kubra, inedit ni Muhammad Abdul Qadir Atta (Mecca: Dar Al-Baz 1414) 90/9

120 Imam Ahmad, Musnad Imam Ahmad, inedit ni Dr. Abdullah Al- Turki at ng kaniyang mga kasamahan, unang edisyon (Beirut: Al- Risala Foundation 1417) 461/4, No. (2728). Ang sabi ng editor ay magaling ito ayon sa iba

ipinadala si Ibn Abi al- Haqqiq sa Khaybar, ipinagbawal niya ang pagpatay sa mga kababaihan at mga bata."[121]

Sa awtoridad naman ni Ibn Omar, nawa'y kalugdan silang dalawa ng Dakilang Allah, na ang babae ay natagpuang patay sa ilan sa mga digmaan na kinabilangan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, tinuligsa niya ito at hindi niya gusto ang pagpatay sa mga babae at bata.[122]

Sa isang pagsasalaysay ni Ahmad, sinabi niya: "Ang babaeng ito ay hindi lumalaban, pagkatapos ay ipinagbawal niya ang pagpatay sa mga babae at bata."[123]

Ipinapaliwanag nito kung bakit hindi maaaring patayin ang babae na iyon dahil sa hindi siya nakikipaglaban. Kung ang isang tao ay hindi lumalaban, hindi pinahihintulutan na ito ay patayin.

At sa payo ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan kay Khalid bin Al- Walid, sinabi niya sa kaniya: "Huwag patayin ang mga babae at ang mga manggagawa na inuupahan ang kanilang pagtatrabaho."[124] Ang taong inuupahan upang magtrabaho o ang magsasaka.[125]

Ito ang mga payo na nagbibigay-diin sa hindi pag-atake, pagpatay at pagmamalabis sa mga sibilyan, tulad ng mga babae, bata, matatanda at mga katulad nito, na hindi nakikilahok sa labanan.

Mapapansin natin na ito ay nagdaragdag ng isa pang kategorya ng mga tao at sila ay yaong binanggit ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa kaniyang nakaraang Hadith nang kaniyang sinabi: "Huwag magmalabis, huwag magtaksil, huwag putulin ang mga parte ng katawan at huwag pumatay ng mga inosente, babae, matanda, bata at mga magsasaka."[126]

Sa karagdagan na ito ang ibig kong sabihin ay ang katagang "ang mga may ari ng kamalig o ang mga magsasaka, at silang mga monghe o pari na gumugugol ng kanilang mga oras sa kanilang mga simbahan o mga templo. Ito ay binanggit sa payo ni Abu Bakr Al-Siddiq, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah na kaniyang sinabi: "At huwag sirain ang pangako ng katapatan"[127] at iyon ay tumutukoy sa maaari nating pakinabangan na dalawang bagay: ang una ay ang paggalang at respeto ng Islam sa grupong ito ng mga tao. Ang mga may-ari ng mga templo at bahay dalanginan at ang pagbabawal sa pagpurwisyo o pananakit at pagiging masama sa kanila at ang iba pang mga katulad nila na mga taong sumasamba na hindi nakikilahok sa mga labanan. Pangalawa: Ito ay ang obligadong pagprotekta sa mga lugar na pinagdarausan ng pagsamba at hindi pinapayagan ang paglapastangan sa mga ito sa panahon ng digmaan maliban kung ang mga ito ay ginagamit para sa mga layuning militar. Sa aking palagay, ang batas na ito ay sakop ang mga lugar na kultural, tulad ng mga aklatan, mga institusyong pang-edukasyon, mga paaralan, mga unibersidad at mga katulad nito, na nagbibigay-koneksyon sa pagsamba kung saan kagaya ito ng batas na nakapaloob sa bahay sambahan dahil narin sa maraming layunin na napapaloob dito.

Sa pamamagitan ng mga payong ito, kinuha ng pinuno ng mga Muslim na si Abu Bakr Al- Siddiq, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah, ang utos kay Yazid bin Abi Sufyan, nawa'y kalugdan sila ng Dakilang Allah, nang ipadala niya siya sa Sham na huwag patayin ang mga babae, mga bata at mga monghe maliban kung ito ay makapinsala sa kanila.[128]

Nabanggit din sa payo: "At makakatagpo ka ng mga taong nagkulong sa mga kamalig, kaya iwanan mo sila at kung ano man ang kanilang inimbak para sa kanilang sarili."[129] At alam ng karamihan na ang Sham noong panahong iyon ay may mga templo ng Hudyo, mga pasilidad ng mga pari o monghe at mga templo kung saan dito namamalagi ang mga may-ari nito at nakatuon ang kanilang sarili sa pagsamba, kaya't ang payo ni Abu Bakr sa kaniyang mga ginawang pinuno tungkol sa mga ito ay mabuti, dahil sila ay walang kakayanan sa pagpatay o pakikipaglaban kahit pa man sa kanilang mga opinion lamang o mga gawa. Dahil sa mga dahilan na ating nabanggit kaya ang pagpatay at pamiminsala sa mga monghe at mga may-ari ng kamalig o mga magsasaka ay mahigpit na ipinagbabawal, tulad ng itinuro ni Ibn Katheer sa kaniyang interpretasyon.[130]

Kasama narin sa mga napapaloob sa payo ni Abu Bakr, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah, ang sinabi niya kay Yazid bin Abi Sufyan nang ipadala niya siya sa Sham: "Huwag patayin ang mga bata, babae, matanda, may sakit at isang pari o monghe. Huwag magpuputol ng bumubungang pananim, huwag sirain ang mga lugar tahanan, huwag katayin ang mga kamelyo o baka maliban kung ito ay kakainin at huwag buhusan para malunod ang mga bubuyog at huwag itong sunugin."[131]

---

121 Imam Ahmad, Musnad Imam Ahmad 39/506 No. 24009 461/4, No. (2728). Sinabi ng mananaliksik na ito ay tunay ayon sa iba

122 Imam Muslim, Sahih Muslim 1364/3 Blg. (1744)

123 Imam Ahmad, Musnad Imam Ahmad 173/10 Blg. 05959

124 Ibn Hibban, Sahih Ibn Hibban 112/11. At Al-Hakim, Al- Mustadrak sa Al- Sahihayn 2/133

125 Al- Qrtubi, Tafsir Al- Qrtubi, ikalawang edisyon (Cairo: Dar Al- Shaab 1372) 349/2

126 Imam Ahmad, Musnad Imam Ahmad, inedit ni Dr. Abdullah Al- Turki at ng kaniyang mga kasamahan, unang edisyon (Beirut: Al- Risala Foundation 1417) 461/4, No. (2728). Ang sabi ng editor ay magaling ito ayon sa iba

127 Ahmed bin Hussein Al- Bayhaqi, Al- Sunan Al-Kubra. Pinatunayan ni Muhammad Abd al-Qadir Atta (Mecca: Dar al-Baz 1414) 85/9

128 Tingnan ang: Ibn al- Arabi, Ahkam al-Qur'an 104/1

129 Al- Bayhaqi, Al- Sunan Al-Kubra (Beirut: Dar Al- Fikr, DT) 85/9

130 Tingnan: Ibn Kathir, Tafsir Ibn Kathir, DT (Beirut: Dar Al- Fikr 1401) 227/1.

131 Al- Bayhaqi, Al- Sunan Al-Kubra 90/9

Mapapansin din natin na kasama rin sa payo ni Abu Bakr ni Abu Bakr, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah, ang pagbabawal sa pagputol ng mga punong namumunga, pagsira sa mga sakahan, pagkatay ng mga hayop maliban na lamang sa layunin na ito ay kakainin at paglunod ng mga bubuyog.[132] Ito ay isang payo at utos na nagpapahiwatig ng pagmamalasakit sa kung ano ang maaaring matawag na mga pasilidad sibil at ang pagsira sa mga kayamanan ng kaaway na hindi ginagamit sa pakikipaglaban ay isang bagay ng hindi napagkasunduan ng mga hurado.[133] Hinati ni Ibn Qudamah, kaawaan nawa siya ng Dakilang Allah, ang mga puno at halaman sa tatlong kategorya:

**Ang una:** Ay kung saan ang kaaway ay nagtatago at nagkukuta dito at iba pang mga dahilan na maaaring maging kapaki-pakinabang sa lakas militar ng kaaway. Ang mga ito ay pinahihintulutang putulin, at ito ay napagkasunduan ng mga hurado at walang salungat na opinyon dito dahil sa paggamit ng mga ito para sa mga layunin ng labanan.

**Ang ikalawa:** Ang pagpapanatili dito ay kapaki-pakinabang sa mga Muslim at hindi kaugalian na putulin ito; ito ay hindi pinahihintulutang putulin.

**Ang ikatlo:** Bukod sa dalawang kategorya na nabanggit, ito ay ang walang kapakinabangan sa pagputol nito kahit pa sa mga hindi mananampalataya ito ay walang kapakinabangan. May dalawang opinyon.[134] Ang isa sa mga opinyon sa usapin na ito ay ang pag-iiba sa pagitan ng pag-aari ng kaaway na walang buhay o mga bagay at pag-aari ng kaaway na mga hayop, kaya pinahihintulutan nila ang pagputol o pagtabas ng una lamang na nabanggit o ang mga walang buhay. Nakikita ng ilan sa kanila ang pagiging lehitimo ng pagsira sa ari-arian ng kaaway na hindi ginagamit sa labanan upang pahinain ang kalaban.[135]

Ang pagdetalye na ito ay ang sentro ng pagkakaiba sa pagitan ng isang sibilyan at isang mandirigma at ang pagkakaiba sa pagitan ng isa layuning militar at layuning pangsibilyan. Hindi mo ba nakikita sa payo ni Abu Bakr, kalugdan nawa siya ng Dakilang Allah, ang pagbabawal sa pagputol ng punong kahoy, pagsira ng mga pananim, pagsunog sa mga bubuyog o paglunod sa kanila? Alinsunod dito, hindi pinahihintulutan ng batas ng Islam ang pagtutok ng anumang armas sa mga sibilyan at patayin sila. Gayundin ayon sa opinyon ng maraming mga hurado, hindi pinahihintulutan na pinsalain ang isang pasilidad ng sibilyan o isang layuning sibilyan maliban sa binanggit ni Ibn Qudamah at sinuman ang gumawa nito ay mapapabilang sila sa mapagmalabis na binanggit ng Dakilang Allah sa huling talata, kung saan sinabi ng Dakilang Allah:

132 Sa ilang mga pagsasalaysay, ang mga puno ng palma ay binanggit (na may diksyonaryo na "kha") sa halip na ang napabayaang "ha"

133 Tingnan: Hassan Abu Ghuddah, Jurisprudential Issues in International Relations, unang edisyon (Riyadh: Al- Obaikan Library) 1420 p. 25

134 Tingnan: Ibn Qudamah, Al- Mughni 453/8 - 0454

135 Tingnan ang: Hassan Abu Ghudda, Jurisprudential Issues in International Relations, p. 73



﴿وَلَا تَعْتَدُوا ۚ إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ الْمُعْتَدِينَ﴾

*{At huwag kayong magpasimuno ng gulo; sapagka't hindi naiibigan ng Allah ang mga lumalabag sa hangganan at nagpapasimuno ng gulo}*[136]

Tunay na isa sa mga pamiminsala ay ang pagputol sa mga puno, pagpatay sa mga hayop ng hindi dahil sa ikakabuti o nag tamang dahilan. Kaya malayo rin ito sa *Adal* - ibig sabihin katarungan - na iniutos ng Dakilang Allah:

﴿قُلْ أَمَرَ رَبِّي بِالْقِسْطِ﴾

*{sabihin mo: "ang aking panginoong Dakilang Allah ay nag-utos ng pagkamakatarungan}*[137]

Hindi makatarungan ang direkta at agarang pag-atake ng militar laban sa mga sibilyan. Kung tungkol sa katotohanan na ang sibilyang ito ay isang hindi mananampalataya, ang pagiging alipin ay nasa pagitan ng alipin at ng kaniyang amo. At ang gantimpala nito ay nasa Dakilang Allah sa Araw ng Muling Pagkabuhay.[138]

Ang layunin ng pakikipaglaban ay iwasan ang tukso na dulot ng digmaan at ang layuning ito ay hindi angkop sa sinumang hindi lumalaban, maging ito ay isang matanda, pari o monghe, babae, batang lalaki at mga katulad nito na walang kalaban laban.[139] Ayon sa mga katibayan at payo na ito, hindi pinahihintulutang pumatay ng mga babae, bata, monghe at matatanda[140] at sinumang nagretiro na sa pakikipaglaban, kahit na may kakayahan siya; Sapagkat ang pagbabawal ay kinabibilangan ng mga monghe at kababaihan at kabilang sa kanila ang mga may kakayahang makipaglaban ngunit kapag sila ay nagretiro na mula sa pakikipaglaban at hindi nakakapag-ambag dito sa pamamagitan ng opinyon o suporta, sila ay kabilang na sa populasyong sibilyan kung saan ang Islam ay nag-iingat sa kanilang karapatan sa panahon ng digmaan. Hindi pinahihintulutan para sa pinuno ng Muslim o sa kaniyang hukbo na idamay o gipitin ang populasyong sibilyan ng mga kalaban sa panahon ng labanan.

Kasama rin sa pagbabawal ang mga templo, sentro ng kultura, paaralan at iba pa. Ito ang nakikita nating ipinatupad sa mga digmaan ng mga kasamahan ng Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan nang masakop nila ang Sham. Iniwan nila ang mga simbahan at mga produktong pangbenta sa kanilang mga may-ari at ang mga Muslim ay hindi naminsala o nagmalabis, sa panahon ng paghaharap sa pagitan ng dalawang panig o pagkatapos nito.

136 Tingnan: Ibn Kathir, Tafsir Ibn Kathir, DT (Beirut: Dar Al- Fikr 1401) 227/1. Ang interpretasyong ito ay sinipi mula kay Ibn Abbas omar bin Abdul Aziz, Muqatil at iba pa

137 Surat Al- A'raf, Talata Blg. (29)

138 Tingnan ang: Al- Sarkhasi, Sharh Kitab Al- Siyar Al- Kabeer 4/186

139 Tingnan ang: Al- Sarkhasi, Sharh Kitab Al- Siyar Al- Kabir 4/186

140 Tingnan ang: Imam Malik, Al- Mudawwana Pinatunayan ni G. Ali bin Al- Sayyid Abdul Rahman Al-Hashem (nakalimbag sa gastos ni Sheikh Zayed, Pangulo ng United Arab Emirates 1422) 13/3

**ANG PANGALAWANG PAKSA NG PANANALIKSIK:**
## APLIKASYON NG BATAS NG ARMADONG LABANAN SA ISLAM (ANG LABANAN SA BAD`R BILANG ISANG HALIMBAWA)

Ang pagpapatibay ng mga regulasyon na naglalayong makamit ang hustisya sa sitwasyon ng kapayapaan at digmaan ay hindi isang mahirap na bagay ngunit, ang tunay na mahirap ay ipatupad ang mga prinsipyong ito sa panahon natin ngayon at buhayin ang mga ito at baguhin ang kanilang mga nilalaman na teksto sa kontroladong pag-uugali at dominanteng aksyon - lalo na sa larangan ng digmaan – dahil ang lahat ng magagandang batas at kapuri-puri na mga layunin at moralidad nito ay mabilis na nakalimutan at tunay na ang batas ng gubat ay ang siyang nangingibabaw at pagkatapos ay kasawian sa mga natalo mula sa kapangyarihan ng mga nagwagi.

Sa pagpapatuloy sa usaping ito, nagpasya akong hindi limitahan ang aking sarili dito sa pag-uusap tungkol sa teorya, ngunit sa halip ay banggitin ang isang modelo ng aplikasyon para sa pagpapakilala na binanggit ko tungkol sa batas ng armadong labanan sa Islam sa pamamagitan ng pag-aaral ng isang insidente sa larangan ng militar kung saan ang mga Muslim ay nahaharap sa kanilang kaaway sa isang matinding digmaan na nagtapos sa tagumpay ng mga Muslim at pagkatalo ng kalaban pagkatapos ng madugong labanan, halika at magtanong tayo!

Ano ang katotohanan ng nakaraang teorya sa larangan ng aplikasyon? Katanungan na aking ginawa, pagkatapos ay iniiwan ko ang sagot sa aking praktikal na halimbawa at sa isang buhay na pagsasalarawan na hindi pinili sa mga larawan ng makataong pakikitungo ng Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa digmaan. Ang sagot na ito ay nagsasalita tungkol sa antas ng aplikasyon ng batas ng armadong labanan sa Islam, ibig sabihin ang paglalahad ng mga karapatang pantao na naisagawa na ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay praktikal na ipinatupad sa kaniyang pagkubkob sa pamamagitan ng labanan sa Bad`r bilang isang halimbawa.

Ngunit bago pag-usapan ang tungkol sa labanan sa Bad`r at kung ano ang nakapaloob dito, hayaan mo akong tanungin ang aking sarili ng isang tanong na inaasahan kong itatanong ng mambabasa at pagkatapos ay sasagutin ko ito. Bakit mo piniling pag-usapan ang labanan sa Bad`r?



Pinili kong pag-usapan ang labanan sa Bad`r para sa mga sumusunod na kadahilanan:

1. Dahil ito ang unang paghaharap ng militar sa pagitan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan at ang mga hindi nananampalataya mula sa tribo ng Quraysh. Samakatuwid, ito ang unang praktikal na pagsubok ng batas ng armadong labanan sa Islam at ang unang paghaharap sa larangan ng aplikasyon pagkatapos ng mahabang buhay sa larangan ng teorya.

2. Dahil ang digmaang ito ay dumating pagkatapos ng matinding pamiminsala sa Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan at pang-aabuso ng mga hindi mananampalataya mula sa tribo ng Quraysh laban sa kaniya at sa kaniyang mga kasamahan. Inaasahan - ayon narin sa kaugalian - na ang antas ng paghihiganti mula sa mga natatalong hukbo, inapi at nilapastangan o napinsala ang kanilang mga karapatan ay mas nananaig.

3. Ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagwagi laban sa kaniyang mga kaaway ng may malinaw na tagumpay.

4. Napasakamay ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan pagkatapos ng kaniyang tagumpay ang malaking bilang ng mga bilanggo.

Marahil ang pagsasalarawan ng labanang naganap ay magbibigay ng higit na paglilinaw at pag-unawa sa paksa:

Ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay ipinadala sa Mecca at siya ay nanawagan tungo sa Dakilang Allah na Makapangyarihan sa lahat at sa Kaniyang relihiyon.

Ipinagbabawal niya ang pagtatambal, kahalayan, kasamaan at masamang moral at pag-uugali. Marami sa mga pinuno ng Quraish ang humarap sa kaniya sa pamamagitan ng salita at pagkatapos ay pisikal na pang-aabuso't pinahirapan nila ang kaniyang mga kasamahan na tumugon sa kaniyang panawagan kung kaya't ilan sa kanila ang pinatay. Dahil dito napilitan ang ilan sa mga kasamahan ni Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan na umalis patungo sa Abyssinia sa paghahanap ng kalayaan sa relihiyon at sa pagsisikap na maisagawa ng ligtas ang mga pagsamba, dulot ng patuloy na kapinsalaan. Sinundan ng paglipat ng isa pang grupo ng mga kasamahan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa Abyssinia at sa patuloy na pinsala sa Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa pagbigay ng pahintulot sa kaniyang mga kasamahan na lumikas tungo sa Medina, pagkatapos siya mismo at ang natitirang

mga kasamahan ay lumikas din tungo sa Medina at iniwan ang kanilang lupain at ang kanilang mga kayamanan na kinuha at naging biktima ng pandarambong ng mga hindi mananampalataya.

Nang malaman ng mga hindi mananampalataya ang kaniyang pandarayuhan, hinabol siya at nagpahayag ng malaking gantimpala para sa sinumang makapagdadala o makakahuli sa kaniya buhay man o patay. Nang malaman nila ang kaniyang ligtas na pagdating sa Medina, hindi siya tinigilan bagkus ay patuloy parin siyang inusig at kinalaban at naganap ang ilang mga labanang militar sa pagitan nila hanggang sa naganap ang labanan sa Bad`r dalawang taon pagkatapos ng kaniyang paglikas, naganap ang labanang ito humigit-kumulang sa lugar na kalahati ng pagitan ng Mecca at Medina. Ang bilang ng mga hindi mananampalataya ay humigit-kumulang isang libong lalaki at ang bilang naman ng mga Muslim ay tatlong daan at labing apat na lalaki lamang. Nagtapos ito sa pagkatalo ng mga hindi mananampalataya, napatay ang pitumpu sa kanila at nabihag naman ang pitumpung iba pa.



## MGA MAKATAONG SITWASYON SA LABANAN NG BAD`R

Pagkatapos ng maikling salaysay na ito sa labanan ng Bad`r, titigil ako sa dalawang aspeto nito dahil naglalaman ang mga ito ng indikasyon ng iba pang aspeto ng mga makataong batas:

Ang unang aspeto ay may kinalaman sa pakikitungo ng Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa kaniyang mga kawal at ang pangalawang naman ay ang aspeto na nauugnay sa pakikitungo ng Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa mga bilanggo. Iniwan ko ang iba pang mga aspeto upang hindi humaba para sa mga mambabasa dahil ang mga layunin ay nakamit na sa pamamagitan ng mga halimbawa na ito na nagpapahiwatig kung ano ang mga kahalintulad nito:

### Una: Ang makataong aspeto na may kaugnayan sa pakikitungo ng Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa kaniyang mga kawal

1. Ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nakitungo sa hukbo na parang isa siya sa kanila na walang pagkakaiba sa pagitan nila. Sa digmaang ito, ang nagpapatunay sa mga praktikal na aksyon na ito. Lumabas ang hukbo na may bilang na tatlong daan at ilang dosenang mga lalaki na may kasama lamang na dalawang kabayo at pitumpung kamelyo kaya't sila ay nagsalitan sa pagsakay sa mga ito. Sasakay ang iba nang ilang sandali pagkatapos ay bababa at sasakay naman ang iba pa dahil kakaunti ang kanilang mga hayop na maaaring magamit sa paglalakbay. Ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan at sina Ali bin Abi Talib at Marthad bin Abi Marthad Al-Ghanawi ay nagsasalitan sa pagsakay sa isang kamelyo[141] at nang sabihin nila sa Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan na: "Lalakad kami para sa iyo," sinabi niya na: "Kayong dalawa ay hindi mas malakas kaysa sa akin at hindi ako higit na karapat-dapat sa gantimpala kaysa sa inyong dalawa"[142] Kahit na ang kaniyang edad, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan noong panahong iyon ay limampu't limang taon at ang edad ni Ali Si bin Abi Talib, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah ay dalawampu't limang taong gulang ngunit ganoon pa man ay naghahalinhinan sila sa iisang kamelyo. Ang simula ng paggalang sa karapatang pantao ng mga kumander ay ang pagpapakumbaba sa mga kawal at ang pamiminsala o pagmamalabis naman sa karapatang pantao ay nagsisimula sa pagmamataas at pagiging arogante ng mga kumander at iba pang may katungkulan, kabilang na dito ang pagmamataas sa mga kasama niyang sundalo para apihin ang iba at lapastanganin ang dignidad ng iba pa. Hanggang sa makasanayan na ng

[141] Ibn al-Qayyim, Zad al-Ma'ad,171/3
[142] Isinama ito ni Al-Hakim sa Al-Mustadrak, pinatotohanan ito at si Al-Dhahabi ay sumang-ayon sa kaniya, 20/3 at tingnan ang Zad Al-Ma'ad. 171/30

sundalo ang mga resulta ng kawalang-katarungang nararanasan niya mula sa kaniyang mga kumander sa unang pagkakataon, maaaring magresulta ito ng pagpapakita niya ng kaniyang kasanayan sa sandali na mahulog sa kaniyang mga kamay ang mga kalaban na sundalo.

Sa tuwing nagpapakumbaba ang pinuno, ito ay nagiging pundasyon at batayan ng paggalang sa karapatang pantao na nasa sukdulang pagpapatupad nito. Ang isang pinuno na nakikitungo sa kaniyang mga sundalo ng may ganitong antas ng pagpapakumbaba at paggalang sa mga karapatan ay naglilinang sa kanilang mga sarili ng malalim na paggalang sa kapwa tao na makikita sa paraan ng pakikitungo ng mga sundalo sa mga tao na nakakaharap nila sa labanan.

2. Sa Bad`r, ang prinsipyo ng pagsangguni at paggalang sa ibang opinyon ay madalas na sinasabi niya sa kaniyang mga kasamahan, nawa'y kalugdan sila ng Dakilang Allah: "Payuhan ninyo ako, O mga tao." At nagsalita ang mga kalalakihan mula sa Muhajireen (imigrante), Aws at Khazraj at nagsalita rin si Al-Hubab bin Al-Mundhir at ang iba ay nagsalita na din. Si Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay humihingi ng kaniyang patakarang militar mula sa mga mungkahi ng kaniyang mga sundalo. Ipinadama niya sa mga kasama niya ang kanilang pagkatao at paggalang sa kanilang opinion at hinimok niya na huwag hamakin ang kanilang mga sarili dahil ang bawat isa ay may lugar sa hukbo at tungkulin, anuman ang kaniyang pisikal na lakas o ang kaniyang lakas ng kaisipan na bihira nating makita sa anumang posisyon sa hukbo ng kasalukuyang panahon.

Hindi pinapayagan ng mga kumander ng militar na magsalita ang mga kasama nilang sundalo, lalo pa kung magkakaroon ng epekto ang mga salita na ito. Ngunit ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ay nakikinig at humihiling na magsalita ang bawat isa at iginagalang niya ang opinyon nila at pagkatapos ay inaayos ang kaniyang patakaran. Pagkatapos nito ay nararamdaman ng mga kawal at mandirigma na ang kanilang opinyon ay iginagalang, naririnig at naisasakatuparan.

Ang kalayaan ng opinion ay hindi nangangahulugan ng kakayahang magsalita, ngunit ang kalayaan ng opinion ay pamamaraan upang makahanap ng isang taong nakikinig sa iyong pahayag na gumagalang sa iyong opinyon at gagawin ito kung ito ang makakabuti[143] at ang mga sundalo sa labanan na may mga ganitong katangian na tumatanggap ng pagkakamali at nakasanayan na sumunod sa prinsipyo habang iginagalang ang opinion ng iba at paggalang at pagrespeto sa hindi pagkakasundo. Makikita natin na nakakalamang sila

[143] Tingnan ang: Muhammad Al-Tahir bin Ashour, Objectives of Islamic Sharia, p. 127



sa pamamagitan ng mga prinsipyong pinangangalagaan at pinapanatili nila. Ibinibigay nila sa iba ang kanilang karapatan at hindi nila nilalapastangan kahit na ang opinyon ay naiiba sa kanilang prinsipyo at paninindigan.

3. Sa panahon ng pag-aayos ng mga hanay sa labanan sa Bad`r, isa pang sitwasyon ang naging malinaw na halimbawa at katibayan kung gaano kapursigido ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan na gawing panatag ang kaniyang mga sundalo, magbigay at magtatag ng katarungan, maging laban sa sarili at pahintulutan ang isa sa mga kawal na gumanti sa mismong kumander. Dumaan ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan kay Sawad Bin Ghaziyah, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah habang siya ay paalis, sinaksak niya ng pabiro sa tiyan ng isang patpat - iyon ay, isang patpat na maliit - at nagsabi: "Humanay ka ng maayos o Sawad" at sinabi niya: "O Sugo ng Dakilang Allah, ikaw ay nagdulot sa akin ng sakit. Isinugo ka ng Dakilang Allah para sa katotohanan kaya hayaan mo na ako ay gumanti sa iyo" - ibig sabihin, bigyan ako ng pahintulot mula sa iyong sarili upang ako ay makaganti - kaya't inilabas ni Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ang kaniyang tiyan at kaniyang sinabi: "Tumayo ka at gumanti kana, O Sawad" kaya niyakap siya ni Sawaad at hinalikan ang kaniyang tiyan. Ang Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: "Ano ang nagtulak sa iyo na gawin ito, Sawad"? Sinabi niya: "O Sugo ng Dakilang Allah ang lugar kung nasaan tayo ngayon ang iyong nakikita - ang ibig sabihin ay ang lugar ng kamatayan at pagkamartir - kaya't nais kong ang huling kasunduan ko sa iyo ay para sa aking balat na dumampi sa iyong balat". kaya't ang Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ay nanalangin para sa kaniya ng kabutihan at sinabi niya kay Sawad ang mga mabubuti para sa kaniya."[144]

Siya na nakatanggap ng kakaibang kahilingang ito mula sa isa sa kaniyang mga kawal at gumawa ng inisyatiba upang makapaghiganti siya sa kaniyang katauhan bilang pinuno, hinding-hindi siya makikitang agresibo laban sa alinman sa mga karapatan ng kaniyang mga sundalo o kaniyang mga kaaway. Ang sinumang kawal o sundalo na makakakita sa kaniyang harapan mismo ng ganitong uri ng pagpapahalaga na mula sa kaniyang pinuno para sa katarungan at ang pagtataas ng katayuan nito na praktikal na ipinatupad sa katauhan ng kaniyang kumander ay hinding-hindi siya makikita na lalabag o magmamalabis sa sandali ng tagumpay o higit pang tagumpay at kataasan.

[144] Ibn Hisham, The Biography of the Prophet, 266/2-267, and Ibn Hajar, Al-Isaba, 148/3

**Pangalawa: Ang makataong aspeto na may kaugnayan sa pakikitungo ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa mga bilanggo**

1. Ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagawang hulihin ang pitumpung tao sa labanan ng Bad`r. Ang mga ito ay hindi lamang mga bilanggo ngunit, sila ay mga kriminal sa digmaan sa modernong terminolohiya.[145] Nagkaroon sila ng mga nakaraang pananakit sa Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, pinagtangkaang patayin at pinaalis sa kaniya mismong syudad, gayundin ang pagpatay sa marami sa kaniyang mga kasamahan hanggang sa ang ilan sa kanila ay namatay sa ilalim ng pagpapahirap dahil tumugon sila sa Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan. Gayunpaman, nang makuha sila ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, sila ay naging bihag sa ilalim ng kaniyang mga kamay, dalawa lamang sa pitumpu na ito ang napatay dahil sa isang espesyal na dahilan sa pag-uugali ng dalawang bihag na ito bago ang labanan.

2. Ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay inalagaan ang mga bilanggo, at ipinaubaya niya ang mga bihag na ito sa kaniyang mga kasamahan at ipinagkatiwala sa kanila, pinayuhan sila ng kabutihan at ang payo na ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga bihag at walang pag-aalinlangang kasama nito ang lahat ng anyo ng kabutihan katulad na lamang sa bahay, pagkain at pakikitungo. Kung anuman ang kulang sa mga payo na ito tunay na kakulangan ito sa pakikitungo ng mga napayuhan. Upang mapangalagaan ni Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ang mga bilanggo, ay ipinamahagi niya ang mga bihag sa kaniyang mga kasamahan. Sinabi ni Badawiy sa kaniyang interpretasyon: “Ang bilanggo ay dinala sa Propeta, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan at ibinibigay niya ang mga bihag na ito sa ilang mga Muslim at sasabihin niya: “Maging mabuti ka sa kanila.”[146]

Nangangahulugan ito na ang mga bilanggo ay naninirahan kasama ng kaniyang mga kasamahan sa kanilang mga tahanan[147] o marahil ang Masjid ang kanilang tirahan.

Ang una: Si Abu Aziz bin Umair ay nagsabi: “Ako ay kasama ng mga (Ansar) o mga tao mula sa Medina nang sila ay dumating mula sa Bad`r at kapag sila ay naghain ng kanilang tanghalian o hapunan, sila ay magbibigay sa akin ng tinapay at kumakain sila ng datiles, alinsunod sa utos ng Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, sa kanila patungkol sa mga bihag kagaya natin. Walang kahit isang piraso ng tinapay ang napunta sa kamay nilang mga kasamahan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan maliban sa inalok ito saakin at nahihiya akong ibalik ito sa isa sa kanila at ni hindi nila ito hinawakan.” [148]

Ang pangalawa: Si Abu Al-Aas bin Al-Rabi’ - na isa sa mga bilanggo. Siya ay nagsabi: “Ako ay kasama ng isang pangkat ng mga Ansar, nawa’y gantimpalaan sila ng Dakilang Allah nang kami ay kumain ng hapunan o tanghalian, mas gusto nila akong bigyan ng tinapay at kumain sila ng datiles. Mayroon silang kaunting tinapay ngunit datiles ang kanilang panustos sa mga tao. Hanggang ang isa sa mga kasamahan ay may isang piraso ng tinapay na nasa kaniyang kamay at ibibigay pa niya ito sa akin”.[149]

Ang pangatlo: Si Al-Walid bin Al-Walid bin Al-Mughirah ay madalas na nagsasabi ng parehong bagay at idinagdag pa ang: “At dati nila kaming pinapasakay sa hayop at sila ay naglalakad,”[150] ibig sabihin, ang bilanggo ay isinasakay at ang mga kasamahan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay naglalakad.

Dito tayo ay may mga punto na nagpapatotoo mula mismo sa mga bilanggo, tunay na ang mga kasamahan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay ipinaghahanda ang mga bilanggo ng masarap na pagkain at samakatuwid ang mga kasamahan ay hindi lamang katumbas ng kanilang mga bilanggo sa pagkain bagkus, ang mga bilanggo ang pinagkalooban ng mas masasarap na pagkain. Ang mga hindi espesyal na pagkain ay iniwan para sa mga Kasamahan (Sahabah) at ang mga bilanggo ay nakasakay habang ang mga Kasamahan (Sahabah) ay naglalakad. Ito ay hindi imposibleng paniwalaan ng sinumang mambabasa ng kasaysayan ng mga digmaang nakaraan at kasalukuyan at nilang nakakaalam kung paano pinahalagahan ang mga pinakasimpleng uri ng karapatang pantao. Ang kaniyang dugo ay dumanak sa labanan, ang kaniyang karangalan ay nilabag at sa mga digmaang iyon lahat ng kaniyang mga karapatan ay nababalewala, mabuti kung makakahanap ang sundalo na ito ng tao na makakapagbigay ng pagkain o tirahan sa kaniya, ano na lamang kaya kung ang isang tao ay pinipiling unahin at pagsilbihan ang kaniyang bilanggo kaysa sa kaniya mismong sarili sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas mainam na pagkain at sakayan.

---

145 Tingnan ang: Al-Ghazali, Jurisprudence of Sirah, p 237

146 Tingnan ang: Al-Baydawi, Tafsir Al-Baydawi na inilimbag gamit ang footnote ni Muhyiddin Zadeh, 4/588-589

147 Tingnan ang: Al-Shami, Subul al-Huda wal-Rashad 99/4 - 100. Nabanggit na si Sawda, ang Ina ng mga Mananampalataya, nawa’y kalugdan siya ng Dakilang Allah ay nakita si Suhail bin Amr sa bahay at siya ay isa sa mga bilanggo na kanilang dinala mula sa Bad`r. Tingnan ang Al-Waqidi, Al-Maghazi 1/118

148 Sa Sharh al-Mawahib, 1/538, tingnan ang: Ibn Hisham, The Prophet’s Biography, 2/288 at Al-Zarqani ay nagsabi: “Si Al-Hafiz Al-Haythami ay nagsabi: Ang tanikala ng paghahatid nito ay mabuti”

149 Al-Waqidi, Al-Maghazi 1/119

150 Al-Waqidi, tulad ng nauna

3. Isinalaysay ni Abd al-Razzaq sa kaniyang aklat ang isang kuwento ng awa sa mga bilanggo, na nagsasabing:

"Nang mahuli si al-Abbas sa araw ng Bad`r, narinig ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ang kaniyang daing habang siya ay nakagapos, kaya ang Propeta sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay hindi nakatulog sa gabing iyon. Hindi siya nakaramdam ng antok, at isang lalaki mula sa Ansar ang nakapansin sa kaniya at ang lalaki na ito ay nagsabi: "O Sugo ng Dakilang Allah, ikaw ay nababagabag simula pa kagabi" siya ay nagsabi: "Si Al-Abbas ay nagdurusa mula sa pagkakatali at iyon ang dahilan ng aking pagkabalisa". Siya ay nagsabi: "Hindi ba ako dapat pumunta at tanggalin ang kaniyang pagkakatali"? Sinabi niya: "Kung nais mo, gawin mo ito para sa aking kagustuhan". Kaya umalis ang lalaki na mula sa Al-Ansari at kinalag ang mga tanikala na nakatali kay Al-abbas pagkatapos ay naging mahinahon at kalma ang sitwasyon at damdamin ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan. Pagkatapos ay nakatulog ng maayos ang Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan."[151] Ito ang dapat na pagpapahalaga na ginagawa ng pinuno ng mga sundalo sa kanilang mga bihag kaya nasaan ang mga nag-aalala sa kalagayan ng mga bihag sa panahon ngayon habang nakakulong at nakatanikala sa puder ng mga sundalo at hindi sa pinuno.

4. Kabilang sa mga anyo ng makataong pagtrato sa labanang ito ay ang awa ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, sa mga anak na babae ng mga bihag at ang kaniyang kagandahang-loob sa kanila. Hanggang pinalaya niya ang isa sa mga bilanggo nang hindi kumukuha ng anuman mula sa kaniya bilang kapalit dahil sa awa para sa mga anak na babae nito.

Iniulat ni Al-Waqidi kasama ang mga nagsalaysay nito sa awtoridad ni Saed bin Al-Musayyab na nagsabi: "Ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ay sinigurado ang kaayusan at kaligtasan ng bihag sa araw ng Bad`r na si Abu Izzah Amr bin Abdullah bin Umair Al-Jumahi na isang makata, kaya pinalaya siya ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, nang sabihin niya sa Sugo ng Dakilang Allah: "Mayroon akong limang anak na babae at wala akong anuman na naiwan sa kanila, kaya bigyan mo ako ng kawanggawa para sa kanila, O Muhammad. Kaya ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay ginawa ito."[152]

[151] Abdurrajjak, al- Musannaf 5/353
[152] Al-Waqidi, Al-Maghazi 1/110-111



5. Si Suhail bin Amr ay isa sa mga pinuno ng Quraysh at nang malaman niya ang tungkol sa paglabas ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan mula sa Medina upang kubkubin ang isang grupo ng mga negosyanteng manglalakbay ng Quraysh, siya ay tumindig at nagsalita upang pakilusin ang kaniyang hukbo at harapin ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan. Pagkatapos na magkita ang dalawang hukbo sa Bad`r, siya ay nahuli kaya't si Omar bin Al Khattab, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah ay nagsabi: "O Sugo Dakilang Allah, tanggalin mo ang kaniyang mga ngipin, upang hindi na muli siya magsasalita pa laban sa iyo". Ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: "Hindi ko siya lalapastanganin o puputul-putulin, dahil baka ganito din ang gawin sa akin ng Dakilang Allah, kahit na ako ay Isang propeta at marahil siya ay itataas sa isang posisyon na hindi mo kinasusuklaman."[153]

Nasaan ang mga pinuno ng digmaan na magsasabi ng ganito ngayon o noong nakaraang panahon? Ang unang bagay na agad na gagawin ng mga pinuno pagkatapos ng tagumpay ay ang paghihiganti, lalo na sa mga lumaban at nag-alsa laban sa kanila ngunit ang Sugo ng Dakilang Allah sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagpapakita sa pamamagitan ng praktikal na pamamaraan na ang kaaway anuman ang kaniyang poot at galit dito, ito ay isang tao parin na may karapatan at hindi pinahihintulutan na lumampas sa mga limitasyon ng pagiging makatao, kaya walang pinsala o pagpapahirap, ngunit sa halip - tulad ng nabanggit sa itaas - paggalang at pagtaas ng katayuan ng tao, kahit na ang taong ito ay kabilang sa mga pinuno ng mga kaaway na umaatake at namiminsala sa mga Muslim bago sila mahuli.

Batay narin sa makataong dignidad, nakikita natin na ang mga hurado ay nagbabawal sa pagputol ng alinman sa parte ng katawan ng tao.[154] Sinabi ni Al-Zamakhshari "Walang hindi pagkakasundo tungkol sa pagbabawal ng pagputol sa mga katawan ng bangkay at may mga ulat na nagbabawal dito kahit pa ito ay katawan ng isang mabangis na aso."[155]

6. Ang pangangalaga at pagtulong ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan at ang mga Muslim para sa mga bilanggo ay hindi limitado sa kung ano ang nauugnay sa mga agarang pangangailangan bagkus nakikita natin na ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagbibigay ng importansya kahit na sa mga kasuotan ng bilanggo, sa Sahih al-Bukhari sa awtoridad ni Jabir, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah sinabi niya: "Noong araw ng Bad`r, dinala si Abbas at wala siyang suot na damit kaya ang

[153] Al-Waqidi, Al-Maghazi 107/1 Al-Shami, Subul Al-Huda 107/4
[154] Al-Shafi'i, Al-Umm 4/245
[155] Al-Zamakhshari, Ang pag-unawa sa rebelasyon at mga kahulugan ng salita sa mukha ng mga opinyon, edited by Muhammad al-Sadiq Qamhawi, D. T. (Egypt: Mustafa al-Babi al-Halabi Library and Press Company 1392 (0435/2)

Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay tumingin sa kaniyang kamiseta at nakita nila ang kamiseta ni Abdullah bin Ubaiy na kasya sa kaniya, binihisan siya ng Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan.[156] Ilan pa sa mga nabanggit at kasama nito ay hinubad din ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ang kaniyang kamiseta at isinuot sa iba pang mga bihag."[157]

7. Sa ibang sitwasyon hinggil sa mapagbigay at makataong pagtrato sa mga bilanggo ang binanggit ni Al-Waqidi na pumasok si Khalid bin Hisham bin Al-Mughira at si Umayyah ibn Abi Hudhayfah ibn al-Mughirah - at sila ay kabilang sa mga bihag[158]- sa bahay ni Umm Salamah, kalugdan nawa siya ng Dakilang Allah - at sila ay kabilang sa kaniyang mga kamag-anak - kaya nang malaman niya ang kanilang sinapit, hinanap niya ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan at natagpuan niya ito sa bahay ni Aisha, nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah at sinabi niya: "O Sugo ng Dakilang Allah, hiniling ng aking mga pinsan na pumunta sila sa akin, at nararapat ko silang ipaghanda, langisan ang kanilang mga ulo at gupitin ang kanilang buhok ngunit, hindi ko nais na gawin iyon hanggang sa humingi ako ng pahintulot sa iyo". Ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: "Hindi ko kinasusuklaman ang anuman diyan! Kaya gawin mo kung ano ang gusto mo."[159]

   Kataka-taka na ang pagpaparangal na ito sa mga bilanggo ay umabot sa punto ng pagtrato sa kanila bilang mga panauhin na sinusuklay at nilalangisan ang kanilang buhok. Mayroon bang makataong pagtrato sa isang bilanggo sa isang digmaan na maihahambing dito?

8. Matapos ang pagdating ng Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa Medina kasama ang mga bihag nakita natin ang isa pang anyo ng makataong pakikitungo sa kaaway na mandirigmang mahirap at walang kayamanan, napalaya sila nang walang kabayaran o kapalit man lamang[160] kabilang sa kanila ang mga napalaya dahil bilang karangalan para sa kaniyang ama nang siya ay magbalik-loob sa Islam, tulad ni Wahab bin Umair Al-Jumahi siya ay napalaya bilang paggalang sa kaniyang ama noong siya ay nagbalik-loob sa Islam.[161] Binanggit ni Ibn Katheer, nawa'y kaawaan siya ng Dakilang Allah, na ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay

[156] Al-Bukhari, Sahih al-Bukhari printed with Fath al-Bari by Ibn Hajar 144/6, No. - Hadith (3008). Nabanggit din na dahil dito ay dinamitan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ng sarili niyang damit si Abdullah bin ubay sa araw ng pagkamatay niya kahit pa siya ang isa sa mga pinuno ng mga mapagkunwari

[157] See: Saleh Al-Shathri, Karapapatan ng mga bilanggo sa Islam) ang pananaliksik na ito ay sikat sa panahong ito sa mga Islamikong website p7

[158] Tingnan ang: Al-Shami, Subul al-Huda wal-Rashad 118/4

[159] Tingnan: Al-Waqidi, Al-Maghazi 1/118-119

[160] Tingnan ang: Al-Waqidi, Al-Maghazi 1/129 at 138

[161] Tingnan ang: Al-Waqidi, Al-Maghazi 127/1



nagpalaya ng ilang mga bihag nang walang kabayaran, kabilang si Abu Al-Aas bin Al-Rabi' Al-Umawi, Al-Muttalib bin Hantab Al-Makhzoumi at kabilang sa kanila si Saifi bin Abi Rifa'ah.[162]

Gayundin, ang ilan sa mga bihag ay mahusay sa pagbabasa at pagsulat, kaya ang kanilang pantubos ay sa pamamaraan ng pagtuturo sa sampung batang Muslim na bumasa at sumulat[163] isa itong nagpapahiwatig ng paggalang sa mga bihag, pagtaas ng kanilang moral at paggalang sa kanilang pagkatao. Kung siya ay isang bihag, siya ay isang iginagalang na guro at sa kabilang banda, ito ay nagpapahiwatig ng paggalang sa Islam para sa kaalaman at pagsusumikap na ipalaganap ito sa mga Muslim.

Kung sino man sa mga bilanggo ang mayaman at may kaya, ang pantubos ay kukuhain mula sa kaniyang kayamanan. Sa katunayan, napansin namin na ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay kumuha ng pinansiyal na kabayaran mula sa kaniyang tiyuhin na si Al-Abbas - na isa sa mga bilanggo - bilang karagdagan sa kung ano ang kinuha niya mula sa iba pang mga bilanggo, upang hindi siya paboran dahil siya ay kaniyang tiyuhin, kahit na ang mga nakahuli kay Al-Abbas ay hiniling nila sa Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan na huwag pagbayarin ngunit ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay tumanggi na gawin ito at sinabi nila, "Huwag kang mag-iwan ng ni isang dirham mula sa kaniya."[164]

Ito ay ang katarungan at karangalan para sa tao ng walang pagtatangi sa mga kamag-anak o mga nasa malayong parte ng pagkakakilanlan, tunay na nakita natin dito kung papaano nakisalamuha at nakitungo ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa mga bihag na mahihirap sa pamamagitan ng makataong pamamaraan na pinatawad sila at pinagbigyan ng walang kahit na anumang kapalit, at dinagdagan pa niya ng presyo ang kaniya mismong tiyuhin na mayamang bilanggo.[165]

Sa ganitong paraan, siya ay naturingang huwaran at modelo para sa mga susunod dahil sa kaniyang pagiging patas, makatarungan, maawain at makatao at ang Dakilang Allah ay nagsabi tungkol sa kaniya:

﴿وَمَا أَرْسَلْنَاكَ إِلَّا رَحْمَةً لِّلْعَالَمِينَ﴾

*{At hindi ka namin isinugo maliban lamang bilang isang awa sa sangkatauhan}*[166]

[162] Tingnan: Ibn Kathir, Al-Bidayah wal-Nihayah, 328/3

[163] Tingnan: Al-Shami, Subul al-Huda wal-Rashad,: 4/104-105

[164] Tingnan: Ibn Kathr, Albidaya wan Nihaya 3/328

[165] Tingnan: Ibn Kathr, Albidaya wan Nihaya 3/299

[166] Surat Al-Anbiya, Talata Blg. (107)

9. Sa isang dakilang halimbawa ng habag at awa sa panig ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, nang ipadala niya ang mga tao ng Mecca upang tubusin ang kanilang mga bihag, si Zainab, kaawaan nawa siya ng Dakilang Allah ang anak na babae ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, - na nasa Mecca – ay nagpadala ng pantubos upang tubusin ang kaniyang asawa na kasama sa mga bihag, si Abu Al-Aas bin Al-Rabi' at bilang bahagi ng pantubos, nagpadala siya ng kwintas na ibinigay sa kaniya ng kaniyang ina na si Khadija kalugdan nawa siya ng Dakilang Allah sa gabi ng kaniyang kasal kay Abu Al-Aas nang makita ito ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, siya ay naawa sa kaniya ng lubos at nagsabi: "Kung sa tingin ninyo ay nararapat, palayain ang bilanggo para sa kaniya at ibalik sa kaniya kung ano ang kaniya". Sabi nila: "Opo, o Sugo ng Dakilang Allah". Kaya pinalaya nila siya at ibinalik sa kaniya kung ano ang sa kaniya at ito ay ang kwintas.[167]

   Anong pagkataong moral, pakikiramay at kabaitan, sa sitwasyong ito, na kakaunti ang nakabasa dito at pagkatapos ay hindi nakakuha ng anumang mga aral bilang tugon sa sitwasyon at awa para sa kaawa-awang babae na nagpadala ng pinakamahalagang regalo na tinataglay niya upang tubusin ang kaniyang asawa, na ito ay regalo mula sa kaniyang ina - na namayapa na - sa gabi ng kaniyang kasal, na nagpapahiwatig na siya ay wala ng ibang kayamanan, kaya't sa pangangailangan na ito ay pinilit niya na ipadala ang mahalagang regalong ito para sa kaniyang asawa bilang pantubos, na nagdadala ng mga kahulugan ng pag-alala para sa kaniyang ina at para sa pagsasama nilang mag-asawa. Nang makita ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ang kuwintas na ito, naalala niya ang ina ng mga Mananampalataya, na si Khadija - nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah - na may espesyal na lugar sa kaniyang puso noong nabubuhay at kahit pa ito ay namayapa na. Nadama niya ang saloobin ng kaniyang anak na babae at naramdaman niya ang matinding lambing sa kaniyang anak na babae, gayunpaman, nag-alok siya sa kaniyang mga kasama na ibalik ang kaniyang kuwintas sa kaniyang anak na babae at palayain nila ang kaniyang asawang lalaki na nabihag, kaya nagkusa sila na tumugon upang makamit itong pagnanais mula sa kaniya, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan.

10. Si Al-Nadr ibn Al-Harith ay isa sa mga pinaka-taksil, mapagtambal mula sa tribo ng Quraysh, kilala sa katigasan ng ulo, pananakit, paglabag at pangungutya sa Islam at sa mga muslim, nang siya ay mahuli sa araw ng Bad`r, ang Sugo sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ay pinatay

167 Abu Dawud, Sunan Abi Dawud, Aklat ng Jihad, Kabanata sa Pagtubos sa Isang Bilanggo sa Salapi 62/3 Blg. (2692). Tingnan ang: Al-Shami, Subul al-Huda wal-Rashad 108/4 at Al-Waqidi, Al-Maghazi 131-130/1



siya dahil sa kaniyang maraming mga naunang pinsala at ang mga krimen na ginawa niya laban sa Islam at mga Muslim bago ang digmaan Gayunpaman, nang malaman ng kapatid na babae na ang kapatid niya ay pinatay ay gumawa ito ng isang tula tungkol sa pagpatay sa kaniyang kapatid. Isinalaysay na ng marinig ng Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ang tulang ito, sinabi niya: Kung ito ay nakarating lamang sa akin bago siya napatay, papatawarin at palalayain ko siya. Ibig sabihin, papatawarin sana siya at palalayain.[168]

Kabilang sa pagsasalarawan na ito ng awa, mayroong isa pang katulad na pagsasalarawan ng marangal na Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, kung saan ito ay malinaw pa sa sikat ng araw nang ipinagbawal ni Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ang pagpatay kay Al-Harith bin Amir bin Nawqal, ngunit isang lalaki ang nakatagpo sa kaniya at hindi niya ito nakilala, kaya't napatay niya ito, nang ang balita ay dumating sa Propeta, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan siya ay nagsabi: "Kung nakita ko siya bago mo siya napatay ay iiwanan at hahayaan ko sana siyang makawala para sa kaniyang pamilyang mga babae."[169]

Siya ang maawain at marangal na Propeta Muhammad sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan, hindi niya nakalimutan ang kalagayan ng mga kababaihan ng kaniyang mga kaaway, dahil sa awa sa kanila na kasama sa mga bihag na ito ay ang silang nanakit sa Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, nakikipagpatayan at may dalang espada sa harapan ng kaniyang mukha. Sa kabila nito, siya, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay naawa sa mga taong ito at iniisip ang kanilang mga anak at ang kanilang mga kababaihan at nakikita natin siya sa kaniyang mga kautusan na nagbabawal sa pagpatay sa mga bata at kababaihan ng mga Pagano. Sa halip, ang kaniyang awa, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nasasakop maging ang mga ibon sa kanilang mga pugad, at hindi niya tinatanggap ang pagmamalabis at pananakit sa mga ibon ng sinuman sa kaniyang mga kawal. Kasama ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ang kaniyang mga kasamahan sa isa sa mga paglalakbay at nakita ng mga kasamahan ang isang ibon sa pugad nito na nanirahan dito kasama ang kaniyang mga inakay kung kaya't isa sa mga kasamahan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay kinuha ang isa sa mga inakay na ito, pagkatapos ay dumating ang ibon at humuni ng dahil sa lungkot at ang Propeta, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: "Sinuman ang nagdulot ng hirap, takot at lungkot dito sa ibon na ito sa pamamagitan ng pagkawala ng inakay nito, ay ibalik ninyo sa kaniya ang kaniyang anak."[170]

168 Tingnan ang: Ibn Kathir, Ang Simula at ang Wakas, 306/3
169 Tingnan ang: Al-Waqidi, Al-Maghazi 1/81
170 Abu Dawud, Sunan Abi Dawud, Book of Jihad, Hadith No. 2675, vol. 3, p. 55

Ano pa bagang awa ang nakakasakop sa ibon na iyon, ipinahiwatig ng Sugo ang kaniyang awa sa pamamagitan ng salita niya na "Sinuman ang nagdulot ng hirap, takot at lungkot dito sa ibon na ito" isang trahedya na ang anak ng ibong ito ay kinuha mula sa kaniyang pugad at ang ina ay nababahala sa pangyayaring iyon. Ito ang pinunong maawain ng mga mandirigma na nakakaramdam ng sakit para sa ibon na kinuha ang kaniyang anak, at inutusan ang kaniyang mga kasamahan na ibalik ang inakay na ito sa pugad, ano pa bagang awa ang kagaya nito? at anong pagsasalarawan pa kaya ang maaaring magsalarawan dito? Kung ihahambing ito sa mga iyak ng pagkabalisa mula sa mga kababaihan habang nakikita nila ang kanilang mga anak na pinapatay o binibihag, o wala ng balita tungkol sa kanilang mga mahal ni wala na silang naririnig pang kahit ano at wala silang nalalaman tungkol sa kanila at ni hindi makahanap ng isang maawaing puso na may angking bait sa kanila at nadarama ang mga lungkot sa kanilang damdamin at sakit para sa kanilang pinagdaraanang kalungkutan.

Bilang pagpapatuloy: Ito ay mga halimbawa ng mga pagsasalarawan sa makataong tagpo na makikita sa Bad`r mula sa Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, maging sa kaniyang mga kawal o sa kaniyang mga kaaway. Bagama't ito ay nagbibigay sa atin ng pagsasalarawan sa pakikipag-ugnayan at pakikisalamuha ng Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan sa Bad`r, ito ay isang maliit na ehemplo ng makataong pakikipag-ugnayan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, sa lahat ng kaniyang mga digmaang pinagdaanan. Ang praktikal na aplikasyon ay isang matibay at mas malakas na indikasyon at katibayan kaysa sa paggawa ng batas dahil ang pag gawa ng batas ay isang paraan at ang aplikasyon nito ay ang layunin at wakas.

Ang mga batas ay madalas na dumarating sa pamamagitan ng magagandang teksto ngunit, ang mga ito ay madalas na nilalabag at nakakalimutan sapagkat ito ay nangangailangan ng matinding pagpupursigi sa pagpapatupad ng mga ito.

At ito ang praktikal na pagsasalarawan ng talambuhay ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan na nagbibigay sa atin ng ideya at paglalarawan hindi lamang sa pakikipag-ugnayan ng Islamikong makataong batas kung sakaling magkaroon ng digmaan, kundi pati na rin sa Islamikong makataong pakikipag-ugnayan sa lahat ng pagkakataon. Ang sinumang gumagalang at rumerespeto sa isang tao sa panahon ng digmaan habang siya ay isang kalaban na mandirigma, ay higit na nararapat na gumalang at rumespeto sa panahon ng kapayapaan at pagtutulungan. Biyayaan at gabayan nawa tayo ng Dakilang Allah.



## PAGTATAPOS

Sa pagtatapos ng pananaliksik na ito, nais kong tapusin sa pamamagitan ng pagsusulat ng aking pinakamahalagang natuklasan, kabilang dito ang mga punto tulad ng sumusunod:

1. Ang internasyonal na batas ng armadong labanan ay isang makabago at umuusbong na terminolohiya, kumpara sa mga alituntuning itinatag sa mga probisyon ng Islamikong batas na ginagarantiyahan ang mga karapatang pantao sa panahon ng mga armadong labanan mahigit isang libo at apat na daang taon na ang nakakaraan.

2. Ang pangunahing prinsipyo sa relasyon ng bansang Islamiko sa ibang mga bansa ay ang kapayapaan at ang digmaan sa Islam ay kung lubusan lamang na kinakailangan at ito ay nangyayari lamang upang itaboy ang pamiminsala, pagsalakay, dumipensa, ipagtanggol ang mga karapatan, o kaya naman ay makamtan ang kalayaan sa relihiyon. Kapag ang digmaan ay itinatag sa ganitong paraan, ang karangalang pantao ay dapat pangalagaan at ang pag-uugali at moralidad ay mahalaga at dapat isinasaalang-alang.

3. Ang pinakamahalagang alituntunin kung saan nakabatay ang pampublikong internasyonal na batas sa Islam ay ang pagkakaisa ng mga tao, pagtutulungan para sa kabutihan, pagpaparaya, kalayaan sa paniniwala, katarungan at katumbasan ng pakikisalamuha habang isinasaalang-alang ang mga alituntuning ito na batay sa mga teksto mula sa Qur'an at Sunnah at mula sa kinikilalang kaugalian na hindi sumasalungat sa Islamikong legal na teksto.

4. Ang mabuting pag-uugali at moralidad sa pampublikong internasyonal na batas sa Islam ay nagtataglay ng isang natatanging kahalagahan sa pagbibigay diin sa pangangailangan para sa moralidad at mabuting pag-uugali sa pagitan ng mga indibidwal, ang mga pakikitungo sa pagitan ng mga bansa ay dapat na mas nangangailangan ng pagsunod at pagpapatupad na nakatuon sa mabuting pag-uugali, pakikitungo at moralidad.

5. Ang pagpipigil sa sarili ay mayroon ding natatanging posisyon sa pangkalahatang internasyonal na batas sa Islam. Umaasa ang Islam na magiging pursigido ang mga bansa sa pamamagitan ng paggabay dito, at ang epekto nito sa aplikasyon ng internasyonal na batas at sa pakikitungo nito sa iba pang mga bansa. Ang batas ng armadong labanan sa Islam ay maaaring tukuyin bilang isang hanay ng mga legal na Islamikong batas at alituntunin na

naglalayong protektahan ang mga tao at pinangangalagaan ang kanilang mga karapatan sa panahon ng armadong labanan.

6. Nalaman ko na may dalawang bagay na namumukod-tangi sa batas ng armadong labanan sa Islam:

   - Ang digmaan ay dapat na limitado lamang sa antas ng lubos na pangangailangan.
   - Ang mga pangyayari sa digmaan na ito ay dapat makatao, ibig sabihin nararapat na magalang sa sangkatauhan ang mga haligi at sangay nito.

7. Itinaas ng Islam ang katayuan ng moralidad at mabuting pag-uugali, dahil ito ay isang mabisang praktikal na gawain at nangingibabaw at nangungunang impluwensya sa integridad ng pag-uugali ng mga indibidwal at grupo, sa iba't ibang mga pangyayari at kondisyon, lalo na kapag ang tunog ng mga armas ay nagiging mas malakas at ang pananalita ng batas at kaayusan ay humuhina at kumukupas. Kapag ang moralidad at mabuting pag-uugali ay naging masigla at buhay ay tiyak na mapapangalagaan ang mga karapatan at mapapanatili ang moral na katayuan ng tao sa kapwa tao at tataas ang antas ng dignidad at pag-kaawa sa puso ng bawat isa at ito ang pangkalahatang prinsipyo sa larangan ng batas ng armadong labanan sa Islam.

8. Ipinaliwanag nito ang proteksyon na matatanggap ng mga sugatan at nagdurusa sa digmaan at ang makataong pagtrato na dapat ibigay sa lahat at hindi maaari sa ilalim ng batas ng internasyonal na makataong batas sa Islam ang pumatay ng sugatan o pahirapan ito, ipinagbabawal din ang pag-iwan sa mga sugatan habang sila ay dumadaing ng sakit nang walang inilalapat man lamang na paunang lunas sa kanila.

9. Ipinaliwanag din nito ang mga karapatan ng mga bilanggo na higit sa lahat ay ang mga payo ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan nang sabihin niya: “Maging mabait, mabuti at makatao kayo tungo sa mga bihag” na isang komprehensibong payo at utos na kinabibilangan ng lahat ng anyo ng kabutihan sa salita, praktikal, materyal at moral na aspeto.

10. Itinuro ko rin ang karapatang kalayaan ng bilanggo na magsagawa ng mga ritwal ng kaniyang relihiyon sa panahon ng kaniyang pagkakabihag at ang pagbabawal sa pamimilit na tanggapin o magbago ng kaniyang relihiyon.

11. Ipinakita ko na ang Islam ay hindi nagtataksil at namiminsala sa mga bilanggo kahit pa nagtaksil at naminsala ang mga kalaban sa mga bilanggo nilang mga Muslim.



12. Gaya ng aking naipaliwanag, ang mga bilanggo na mga kamag-anak na binubuo ng iisang apilyedo ay ipinagbabawal na paghiwahiwalayin, huwag ihiwalay ang nanay sa anak niya o tatay sa anak niya at kahit pa kapatid sa kapatid niya at ang iba pang kagaya nito.

13. Sa larangan ng mga karapatan ng mga bilanggo, binanggit ko na ipinagbabawal ng Islam ang mga agarang aksyon na maaaring mangyari sa mga sundalo na kaagad silang nakakabihag at pagkatapos mahuli ang isang bilanggo, kadalasan ay hindi makatarungan ang kanilang mga aksyon at resulta ng mga gawaing hindi patas at sa ilalim ng impluwensya ng tamis ng tagumpay at ang galit ng digmaan. Dahil dito, nangyayari ang kawalang-katarungan at pagmamalabis at ipinaliwanag din dito na ang kailangan ay ipaubaya ang mga bilanggo sa pinuno, hindi sa sundalo. Upang maiwasan ang anumang hindi makatarungang pagtrato dahil ang pagkawala ng makataong pag-uugali ay maaaring makapinsala sa bihag.

14. Binanggit ko ang mga pamimilian na maaaring magamit ng pinuno tungo sa mga bilanggo, kabilang ang pagpapatawad o pagtubos na may kapalit na kayamanan at pagkatapos ay binanggit ko na nagkaroon ng hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga iskolar sa isyu ng pagpatay sa isang bilanggo at ipinaliwanag ko ang mga pahayag ng magkabilang panig. Pagkatapos ay ipinaliwanag ko na kapag ang internasyonal na kaugalian ay itinatag na hindi pinahihintulutan ang pagpatay ng isang bilanggo, ang Islamikong bansa ang siyang unang magpapatupad ng aplikasyon ng kaugaliang ito at sumunod dito ay ang pagkamit sa mga kabutihang pangkalahatan at paggalang na kasama nito para sa sangkatauhan.

15. Pagkatapos ay binanggit ko ang mga karapatan ng mga napatay sa labanan at ang lubos na pangangalaga ng Islam sa pagpaparangal ng mga tao buhay man o patay. Itinuro ko na kabilang sa mga anyo ng paggalang sa isang taong napatay sa larangan ng digmaan ay ang paggalang sa kaniyang bangkay at pagpapahalaga sa kaniyang puri at kabilang sa mga anyo ng karangalang ito ay ang hindi pagpapahintulot ng pagputol sa kaniyang parte ng katawan o dalhin ang kaniyang ulo para ipagmalaki sa mga kakilala at kasamahan mula sa lugar ng digmaan.

16. Upang mapangalagaan ang dignidad ng tao, nakita natin na ang batas ng armadong labanan sa Islam ay nag-uutos na ilibing ang katawan, anuman ang relihiyon ng namatay na tao at hinihimok na huwag iwanan ang mga bangkay ng kaaway na patay na nakahandusay lamang at igalang ang tao bilang isang tao na may puri at dignidad.

17. Sa larangan ng mga karapatan ng populasyong sibilyan, ipinaliwanag ko na ang batas ng armadong labanan sa Islam ay pinaghihiwalay ang mga mandirigma sa mga hindi mandirigma at iba pang mga sibilyan, tulad ng pagkakaiba nito sa pagitan ng mga instolasyong militar at mga pasilidad ng sibilyan at ipinagbabawal ang pananakit at pamiminsala sa mga kababaihan, matatanda, mga bata, monghe, magsasaka at mga katulad nito at ipinagbabawal din nito ang pamiminsala sa kanilang mga lugar, templo at iba pa. Ang kanilang mga sentrong pangkultura, tulad ng mga silid-aklatan, mga institusyong pang-edukasyon at mga katulad nito.

18. Sa pamamagitan ng mga aplikasyon na nabanggit sa labanan ng Bad`r, naging malinaw na ang Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay masigasig na matiyak na ang kaniyang panawagan ay hindi lamang mga salita sa halip, nakita natin na siya ang pinakamabilis na tao upang ipatupad ang kaniyang sinabi at ipinag-utos hanggang ang pinagsamang teksto at pag-uugali ang mas nagpapalinaw ng mga prinsipyong kaniyang nais ipahiwatig.

19. Ang Propeta Muhammad sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagpakumbaba sa kaniyang sarili kasama ng kaniyang mga kasamahan, hanggang sa siya ay para ng isa sa kanila at ito ang simula ng tunay na makatao at marangal na pakikitungo sa lahat at ang pagpapakumbaba ng pinuno sa kaniyang mga kawal, pagiging patas sa sarili at paggalang sa kapwa at kapag ang pinuno ay nagagawang paunlarin ang mga katangiang ito sa diwa ng mga sundalo, ginagarantiyahan niya ang kakayahan ng kaniyang mga kawal upang madaig ang kaniyang mga kalaban. Kaya hindi siya nang-aapi o lumabag at ang kaniyang paggalang sa iba ay nasa pinakamataas na antas.

20. Kapag nakapagbigay tayo ng awa sa pagkatao ng isang tao tungo sa kapwa tao sa iba't ibang mga pangyayari at sitwasyon, nangangahulugan ito ng walang kapantay na tagumpay ng internasyonal na batas ng armadong labanan na maaaring hindi hinangad ng batas mismo sa teorya nito. Lalo pa ang pagsasagawa nito sa kontemporaryong praktikal na buhay at ito ang ipinakita ng internasyonal na makataong batas sa Islam at ang pagbibigay diin dito.

21. Sa mga pakikitungo ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, tungo sa mga bilanggo sa Bad`r, binanggit ko ang ilang marangal na makataong paninindigan na naglalarawan ng bukas-palad na pagtrato na natanggap ng mga bilanggo. Kabilang ang pagpapakain sa bilanggo ng pagkain na mas mainam kaysa sa pagkain na kinakain ng mga kasamahan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ang kanilang pagsakay at ang paglalakad ng mga kasamahan ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan, ang kanilang pagpupursigi na bigyan ang mga bilanggo ng mga damit na angkop para sa kanila at pagpapalaya ng ilang mga bilanggo ng Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan na mayroong mga anak na babae dahil sa awa para sa mga anak na iyon. Kahit na ang pagtrato sa ilang bilanggo bilang mga bisita ng kanilang mga kamag-anak ay pinahihintulutan para pahiran nila ang kanilang mga ulo ng mantika, ayusin ang kanilang buhok at manirahan kasama ng mga bilanggo sa kanilang mga tahanan.

22. Bilang isang pangkalahatang resulta, masasabi natin na ang larawan ng awa na praktikal na naipatupad sa labanan ng Bad`r ay isang prominente at nangingibabaw na kasanayan sa lahat ng uri ng pakikitungo sa kaaway na mandirigma na naging bihag, mahina, at walang magawa. Pagkatapos ay nasa iyo na ang pagsasalarawan ng kung anuman ang iyong gustuhin mula sa anumang uri ng pakikitungo na maaaring pangalagaan at ingatan.

23. Ang pakikipag-ugnayang ito na nakita natin sa Bad`r ay walang iba kundi isang ehemplo at modelo na gumagabay sa mananaliksik sa natatanging antas ng pakikipag-ugnayan ng tao sa mga digmaan na naisagawa ng Sugo, sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan. Ang lawak at kahalagahan ng dignidad at pangangalaga na tinatamasa ng tao bilang nananampalataya sa relihiyong ito at sinuman ang gumagalang sa tao na isang kalaban na may dalang armas, tunay na mas mainam na igalang ito kapag siya ay mapayapa at nakikipagtulungan.

24. Ipinaliwanag ko na ang mga alituntuning ito na kumokontrol sa mga karapatang pantao sa digmaan na sagradong mga turo ng Dakilang Allah at ang sinumang lalabag sa mga ito ay sasailalim sa dalawang parusa: Isang makamundong parusa na siyang karaniwang parusang ipinapataw sa isang sundalo na lumalabag sa mga naaangkop na regulasyon at isa pang parusa ng Dakilang Allah sa kabilang buhay at maging sa mundong ito. Gaya ng sinabi ng Dakilang Allah tungkol sa kaparusahan dito sa mundo at kabilang buhay:

﴿وَمَا أَصَابَكُم مِّن مُّصِيبَةٍ فَبِمَا كَسَبَتْ أَيْدِيكُمْ وَيَعْفُو عَن كَثِيرٍ﴾

*{At anumang kapahamakan ang dumating sa iyo ay dahil sa kung ano ang ginawa ng iyong mga kamay, at Siya ay lubos na nagpapatawad}*

at ang Sugo sumakaniya nawa ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi: "Yaong mga maawain ay kaaawaan sila ng Dakilang Allah" at ang kabaligtaran nito ay tama ang kahulugan.

25. Ang mga nakasaad na alituntunin ng internasyonal na makataong batas sa batas ng Islam ay mas protektado at pinagtibay na may siguradong garantiya para sa pagpapatupad nito dahil ito ay isang banal na batas na ibinaba bilang batas ng Panginoong Makapangyarihan ang Dakilang Allah at sinuman ang lalabag dito ay sasailalim sa dalawang kaparusahan - tulad ng naunang nabanggit - ang una sa mundong ito, sa mga kamay ng tagapagpatupad ng Islamikong batas at mga pinuno at ang pangalawa ay sa kabilang buhay at ito ay nagpapahiwatig sa Muslim na mandirigma na sumunod sa mga prinsipyong ito dahil kung makakatakas siya sa parusa ng mundong ito ay dahil sa kapabayaan o kahinaan ng isang tagamasid o pinuno at tagabantay ngunit hinding hindi siya makakatakas sa kaparusahan sa kabilang buhay.

Nawa ang pagpapala at kapayapaan ay mapa sa ating mahal na Propeta Muhammad.



## TALAAN NG MGA MAPAGKUKUNAN AT SANGGUNIAN


1. Ibn Al-Atheer, Al-Nihayah fi Ghareeb Al-Hadith wal-Athar, inedit ni Taher Ahmad Al-Zawi at ng kaniyang kasamahan (Mecca: Dar Al-Baz, D.T.)
2. Ibn al-Qayyim, Zad al-Ma'ad fi Huda Khair al-Ibad, inedit ni Shuaib al-Arna'ut at ng kaniyang kasamahan, ikalawang edisyon, Beirut, Al-Resala Foundation 1405
3. Ibn Hajar, Al-Isaba fi Ma'rifat al-Sahaba (Beirut: Dar Al- Kutub Al-Ilmiyyah, D.T.)
4. Ibn Saad, Al-Tabaqat Al-Kubra, Ed. (Beirut: Dar Sader, D.T.).
5. Ibn Attiya, ang maikling editor sa interpretasyon ng banal na aklat, inedit ni Abdel-Al Al-Sayyid Ibrahim, unang edisyon (Presidency of the Sharia Courts and Religious Affairs in Qatar 1412)
6. Ibn Qudamah, Al-Kafi, inedit ni Zuhair Al-Shawish, ikalimang edisyon (Beirut: Al-Maktab Al-Islami 1408)
7. Ibn Qudamah, Al-Mughni (Riyadh: Riyadh Modern Library, D.T.)
8. Ibn Kathir, and Una at ang Huli, inedit ni Abdullah bin Abdul Mohsen al-Turki, unang edisyon (Cairo: Dar Hijr (1417)
9. Ibn Kathir, Tafsir Ibn Kathir, D. T. (Beirut: Dar al-Fikr 1417)
10. Ibn Hisham, Ang Talambuhay ng Propeta, inedit ni Adel Ahmed Abdel Mawjoud at ang kaniyang kasamahan, unang edisyon (Riyadh): Obeikan Library 1418)
11. Abu Hayyan Al-Andalusi, Tafsir Al-Bahr Al-Muhit, ikalawang edisyon (Beirut: Dar Al-Fikr para sa Paglimbag, Paglalathala at Pamamahagi 1403)
12. Abu Dawud, Sunan Abi Dawud, inedit ni Muhammad Muhyiddin Abd Al-Hamid Beirut: Dar Al-Fikr (DT)
13. Abu Ubaid al-Qasim bin Salam, Funds, inedit ni Muhammad Khalil Haras (Cairo: Al-Azhari Colleges Library 1396)
14. Abu Yusuf, Yaqoub bin Ibrahim, Al-Kharaj, ikaanim na edisyon (Cairo: Salafi Press 1397)
15. Ihsan al-Hindi, Mga Pamumuno ng Digmaan at Kapayapaan sa Islamic State, Unang edisyon (Damascus: D, no. 1993 AD)
16. Ihsan al-Hindi, Islam at Internasyonal na Batas, unang edisyon (Damascus, Talas House for Studies, Translation and Publishing, 1989 AD)
17. Ahmed bin Al-Hussein Al-Bayhaqi, Al-Sunan Al-Kubra, inedit ni Muhammad Abdul Qadir Atta (Mecca: Dar Al-Baz 1414)

18. Ahmed bin Hanbal, Musnad ng Imam Ahmad, inedit ni Dr. Abdullah Al-Turki at ng kaniyang mga kasamahan, unang edisyon (Beirut: Al-Risala Foundation 1417)
19. Ahmad ibn Hanbal, Musnad al-Imam Ahmad (Egypt: Cordoba Foundation)
20. Ismail Abu Shariah, The Theory of War in Islam, unang edisyon (Kuwait: Al-Falah Library (1401)
21. Al-Bukhari, Sahih Al-Bukhari na nakalimbag sa Fath Al-Bari, ni Ibn Hajar (Riyadh: Distribution of the General Presidency for Fatwa and Research at Siyentipiko sa Riyadh)
22. Al-Baydawi, Tafsir Al-Baydawi na inilimbag gamit ang footnote ni Muhyi al-Din Zadeh, D. T. (Beirut: Dar Sader D. T.)
23. Al-Bayhaqi, Al-Sunan Al-Kubra (Beirut: Dar Al-Fikr, D.T.)
24. Al-Tirmidhi, Sunan Al-Tirmidhi, inedit ni Ahmed Muhammad Shaker at iba pa (Beirut: Arab Heritage Revival House, ed.)
25. Al-Hakim, Al-Mustadrak sa Dalawang Sahih (Beirut: Dar Kaalaman D.T.)
26. Al-Daraqutni, Sunan Al-Daraqutni na nakalimbag na may komentaryo ni Al-Mughni Sa Sunan al-Daraqutni (Lakstan: Academic Hadiths, D.T.)
27. Al- Zarkashi (Bad`r al-Din Muhammad bin Bahadur al-Shafi'i), inilathala sa al- Qa'id, inedit ni Tayseer Faiq Ahmad Mahmoud, isang may larawang edisyon ng unang edisyon (Kuwait: Ministry of Endowments and Islamic Affairs 1402)
28. Al-Zamakhshari, Al-Kashshaf fi Fakhiqat al-Revelation and the Eyes of Sayings on the Faces of Interpretation, inedit ni Muhammad al-Sadiq Qamhawi, D. D. (Egypt: Mustafa al-Babi al-Halabi Library and Press Company, 1392)
29. Al-Sarkhasi, Al-Mabsut, D. I. (Beirut: Dar Al-Ma'rifa (1406)
30. Al-Saadi, Selections of Jurisprudence Issues, ed Pangalawa (Riyadh: General Presidency for Scholarly Research and Fatwa (1405)
31. Al-Saadi, Tafsir Al-Saadi (Jeddah: Dar Al-Madani Publishing, (1408)
32. Al-Shatibi, Al-Muwafaqat fi Usul Al-Sharia, Komentaryo ni Abdullah Daraz, ikalawang edisyon (Egypt: The Commercial Library (1395)
33. Al-Shawkani, Fath Al-Mighty, na pinagsasama ang sining ng pagsasalaysay at kaalaman sa agham ng interpretasyon, inedit ni Abdul Rahman Amira, ikalawang edisyon (Mansoura: Dar Al-Wafa para sa Paglimbag at Paglalathala (1418)
34. Al-San'ani, Subul al-Salam, Sharh Bulugh al-Maram (Riyadh: Imam bin Saud Islamic University 1397)
35. Al-Tabari, Tafsir Al-Tabari (Beirut: Dar Al-Fikr (1405)
36. Al-Tabari, Tafsir Al-Tabari, inedit ni Abdullah Al-Turki, ed Ang una (Cairo: Dar Hijr 1422)
37. Al-Ghazali, Jurisprudence of Biography, unang edisyon (Egypt: Commercial Library 1356 AH)
38. Al-Qurtubi, Tafsir Al-Qurtubi, ikalawang edisyon (Cairo: Dar Al-Shaab 1372)
39. Al-Mawardi, Al-Ahkam Al-Sultaniyya Abdullah Adi Al- Jurjani, ni Kamil sa Weak Men, inedit ni Yahya Mukhtar Ghazawi, ikatlong edisyon (Beirut: Dar Al-Fikr 1409)
40. Al-Maraghi, Tafsir Al-Maraghi, ikalawang edisyon (Beirut: Arab Heritage Revival House, 1985)
41. Al-Waqidi, Kitab al-Maghazi, inedit ni Marsden Jones, ikatlong edisyon (Beirut: Alam al-Kutub 1404)
42. Hassan Abu Ghadda, Jurisprudential Issues in International Relations, ed Ang una (Riyadh: Obeikan Library (1420)
43. Saeed Ismail Chinese, The Truth about the Relationship between Muslims and Non-Muslims, First Edition (Beirut: Al-Resala Foundation (1420)
44. Suleiman Al-Tabarani, Al-Mu'jam Al-Saghir, inedit ni Muhammad Shakur Mahmoud Al-Hajj Amir, unang edisyon (Beirut: Al-Maktab Islamic 1405)
45. Suleiman Al-Tabarani, Al-Mu'jam Al-Kabir, inedit ni Hamdi bin Abd Al-Majid Al-Salafi, ikalawang edisyon (Mosul: Science of Knowledge and Leadership 1404)
46. Sherif Atlem, (editor) Mga Lektura sa Internasyonal na Batas na makatao (isang lecture na pinamagatang Principles of International Humanitarian Law ni Dr. Jean Pictet), ikatlong edisyon (Cairo: Dar Arab Future 2003)
47. Saleh Al-Shathri, The Rights of Prisoners in Islam (pananaliksik na inilathala sa website ng Islam Today)
48. Abdul-Hay Hijazi, (The Introduction to the Study of Legal Sciences (Law) D. I. (Kuwait: Kuwait University 1972 AD)
49. Abdul Razzaq, Al-Musannaf, inedit ni Habib Al-Azami, ikalawang edisyon (Beirut: Al-Maktab Al-Islami (1403)
50. Abdel-Ghani Abdel-Hamid Mahmoud, Proteksyon ng mga biktima ng Armed Conflicts sa International Humanitarian Law at Islamic Sharia, First Edition (Cairo: The Committee on Red Cross 2000)
51. Abdul Karim Zaidan, Mga Pagsasaalang-alang sa Islamic Sharia, Unang Edisyon (Beirut: Al-Resala Foundation 1421 AH)

52. Abdullah Al-Turki, Mga Direktiba ng Sunnah ng Propeta sa larangan ng batas militar, pananaliksik na inilathala sa Al-Asala Magazine, ang Ikalabing-anim na Forum para sa Pag-iisip ng Islam, Tlemcen – Algeria 6-10/13/1402
53. Ali Al-Haythami, Majma' al-Zawa'id at Pinagmumulan ng mga Benepisyo (Beirut: Dar Ang Arabic Book 1407)
54. Omar Al-Ashqar, Kasaysayan ng Islamic Jurisprudence, Third Edition (Kuwait: Al-Falah Library (1413)
55. Malik bin Anas (ang Imam), Al-Muwatta', ikapitong edisyon) Beirut: Dar Al-Nafais 1404)
56. Malik bin Anas (ang Imam), ang blog na inedit ni G. Ali bin Al-Sayyid Abdul Rahman Al-Hashem) na inilimbag sa gastos ni Sheikh Zayed Pangulo ng United Arab Emirates 1422)
57. Muhammad Abu Zahra, The Theory of War in Islam (Egypt: Supreme Council for Islamic Affairs, Ministry of Endowments, 1380)
58. Muhammad Al-Tahir bin Ashour, Mga Layunin ng Islamic Sharia, inedit ni Muhammad Al-Tahir Al-Misawy, ikalawang edisyon. (Jordan: Dar Al-Nafais para sa Paglalathala at Pamamahagi (1421)
59. Muhammad bin Al-Hasan Al-Shaybani, Al-Sir Al-Kabir at ang kaniyang paliwanag tungkol kay Al-Sarkhasi, inedit ni Muhammad Hassan Muhammad Al-Shafi'i, unang edisyon (Beirut: Dar Al-Kutub Al-Ilmiyya 1417)
60. Muhammad bin Hibban, Sahih Ibn Hibban, inedit ni Shuaib Al-Arnaout, ikalawang edisyon (Beirut: Al-Risala Foundation (1414)
61. Muhammad bin Youssef Al-Salhi, Mga Landas ng Patnubay at Katuwiran sa isang talambuhay Khair Al-Abbad, inedit ni Fahim Muhammad Shaltout at ng kaniyang kasamahan (Cairo: Supreme Council for Islamic Affairs 1413)
62. Muhammad Abd al-Rahman bin Abd al-Rahim al-Mubarakfuri, Tuhfat al- Ahwadhi na may paliwanag ni Jami` al-Tirmidhi (Beirut: Dar al-Kutub siyentipiko)
63. Muslim bin Al-Hajjaj, Sahih Muslim, inedit ni Muhammad Fouad Abd Al-Baqi (Cairo: Dar Revival of Arabic Books)
64. Mustafa Al-Sibai, Ang Sistema ng Kapayapaan at Digmaan sa Islam, ikalawang edisyon (Riyadh: Al-Warraq Library 1419)
65. Kuwaiti Ministry of Endowments and Islamic Affairs, Kuwaiti Jurisprudence Encyclopedia, ikatlong edisyon (Beirut: Heritage Revival House Al-Arabi 1419)
66. Wahba Al-Zuhaili, The Effects of War on Islamic Jurisprudence, ikatlong edisyon (Damascus: Dar Al-Fikr 1419) 132

The **International Committee of the Red Cross (ICRC)** helps people around the world affected by armed conflict and other violence, doing everything it can to protect their lives and dignity and to relieve their suffering, often with its Red Cross and Red Crescent partners. The organization also seeks to prevent hardship by promoting and strengthening humanitarian law and championing universal humanitarian principles.

The **National Commission on Muslim Filipinos (NCMF)** is mandated to preserve and develop the culture, tradition, institutions, and well being of Muslim Filipinos, in conformity with the country's laws and in consonance with national unity and development, was created by virtue of Republic Act No. 9997 otherwise known as the National Commission on Muslim Filipinos Act of 2009.

National Commission on Muslim Filipinos
79 Jocfer Annex Bldg., Commonwealth Avenue,
Diliman, Quezon City
T +63 2 8952 4540
Email: ncmf.osec@gmail.com / externalrelations@ncmf.gov.ph
www.ncmf.gov.ph

International Committee of the Red Cross
17th Floor, NEX Tower
6786 Ayala Avenue, Makati 1229
T +63 2 8892 8901
F +63 2 8819 5997
Email: manila@icrc.org
www.icrc.org/ph